Si Cristo Ang Hiwaga Ng Diyos Na Nahayag

Jeffersonville, Indiana, USA
Hulyo 28,1963

1 Salamat sa iyo, Kapatid. Pagpalain ka ng Panginoon. Manatili po lamang tayong nakatayo sumandali habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa panalangin.

2 Mapagpalang Amang makalangit, kami'y muling lumalapit sa Iyo sa umagang ito para sa awa at sa pangunguna ng Iyong Banal na Espiritu sa araw na ito, yamang napag-unawa namin na kami'y dapat magtipon sa umagang ito at maituro ang Iyong Salita, at nang sa gayo'y malaman namin kung paanong mamuhay sa araw na ito, at kung anong oras na ng araw ang aming kinabibilangan. Hinihiling namin ang Iyong banal na pag-gabay sa aming mga kaisipan, sa aming mga puso ngayong araw na ito na Ikaw ang magturo sa amin ng bawat Salita na kinakailangan naming malaman; nawa'y buksan Mo nang buong kalayaan ang aming mga bibig, pati na rin ang aming mga puso, upang tanggapin, yaong ipangungusap Mo sa amin, at ipinid Mo ang aming mga bibig sa mga bagay na hindi wasto, sapagkat alam naming tanging Ikaw lamang ang makapagpapahayag ng Salita ng Diyos.

At ngayon dahil sa kinakailangan kong lisanin kaagad ang munting iglesiang ito upang magtungo sa iba pang mga bahagi ng mundo, inilalagak ko sila sa Iyo, Panginoon. Sapagkat, sila'y bahagi ko, galak ng aking puso, 'ika nga. Sila yaong mga — mga ipinanganak sa Iyo, ng Espiritu at sa pamamagitan ng Salita ng Katotohanan. At idinadalangin kong sila'y basbasan Mo, Panginoon, at panatiliin silang malapit sa isa't-isa sa pamamagitan ng bigkis ng pag-ibig ni Cristo.

3 Basbasan Mo po ang aming mahal na pastor, ang tagapag-pastol. Dalangin namin na langisan Mo siya, ng Banal na Espiritu, ng Iyong Salita, at magpahayag Ka sa kanila at pakainin Mo ang kawan.

At minsan, hindi pa naglalaon, nang ipakita Mo ang pangitain, dito sa munting Simbahang ito, tungkol sa pag-iimbak ng Pagkain, na darating ang panahon na ang lahat ng ito ay kakailanganin. Nang makita namin sing Kapatid na Sothman at Kapatid na Woods na handa nang tumungo sa ibang bansa, upang. . . Ngunit sinabi Mo, "Imbakin ang pagkain dito para sa panahong iyon." Panginoon, sinikap kong gawin iyon nang buong paggalang.

At ngayon, sa umagang ito, sa araling ito na naisaisip namin, dalangin ko na Ikaw ang tumakip sa lahat ng Ito, Panginoon, upang maipakita na Ikaw ay Diyos, at ito ang Iyong Salita at ang Iyong Katotohanan. Itulot Mo po, Panginoon, na ang mga tao ay magsikain dito at magsitaba, gaya ng dati, sa biyaya ng Diyos, upang makita nila na ito ang dakilang awa ng Panginoon sa amin sa araw na ito. Basbasan Mo po ang lahat ng naririto at yaong mga nagnanasang makaparito, Ama. At kunin Mo po ang kapurihan para sa Iyong Sarili, sapagkat hiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. Pagpalain ng Panginoon ang bawat isa sa inyo ngayon.

4 At sa wari ko, bago tayo magsimula, ay may munting sanggol tayo rito, isang Collins. Nakilala ko ang kaniyang ama kani-kanina lamang, at — at mayroon siyang munting sanggol na nais niyang ialay. At nais nating gawin ito ngayon, kung ang isa kina Kapatid na lalaki o Kapatid na babaeng Collins, isa sa kanila, ang magdadala ng bata sa harap upang maganap natin ang gawaing ukol sa pag-aalay para sa munting sanggol.

5 Ang pag-alis, alam ninyo, aba, ito ay nagiging sanhi...dahil ang mga ito ay tapat na bahagi o... ng Katawan ni Cristo. Kung napansin ninyo, hindi ko kailanman sinabing "ng Simbahan." "Ng mga katawan ni Cristo," ang . . . katawang ito, ay bahagi ng Kaniyang Katawan.

At mayroon silang munting bata rito na nais nilang ialay. At ito ay isang gawaing sa tingin ko ay — ay kinaiinggitan ng asawa ko, ang hawakan ang mga sanggol. A-ha. At Kapatid na Neville, kung makapaparito ka sa harap, kung maari.

6 Ano nga ba ang una mong pangalan, kapatid? [Ang sabi ng ama, "Clyde."- Ed.] Itong sina Kapatid na lalaki at Kapatid na Babaeng Collins, ay kapatid ng ating mahal na kapatid na ito, na si Kgg. na Collins, Wilbur. At naragdagan na ang bilang ng mga Collins dito, sa nakita ko, at napaka-kyut na bata.

Ilang taon na ba siya, Kapatid na Collins? [Ang sabi ng ina, "Magaapat na buwan,"- Ed.] Mag-aapat na buwan. At ano ang pangalan niya? ["Mark David Collins."] Mark David. Napakagandang pangalan. Mukha siyang mabait na bata. At, tila malaking hulas din. 12 Ngayon, alam kong ang mga nanay na narito ay matutuwa sa munting batang ito. Hindi ba't para siyang manyika? [Itinaas ni Kapatid na Branham si Mark David sa harap ng kongregasyon. - Ed.] Buweno, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ngayon.

7 Makalangit na Ama, sa paglapit ng batang ama at inang dala itong munting, mahal na kimpal ng laman ng tao na kaloob sa kanilang pagsasama, inilagak sa kanilang mga kamay upang ingatan para sa Panginoong Diyos. Buong paggalang nilang dinadala ang munting si Mark David dito upang ialay sa Makapangyarihan sa lahat, na Siyang nagkaloob ng munting batang lalaking ito, isang malusog at mabait na bata, sa kanilang pag-aaruga, upang palakihin para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Pagpalain Mo po ang ama at ina. Nawa'y hindi mabasyo ang sisidlansa bahay, at huwag nawang matuyo ang langisan. Nawa'y maging malusog at may kakayanan ang ama, Panginoon, upang makapag-hanapbuhay at makapag-uwi ng pagkain para sa bata; nawa'y maging malusog ang ina at may kakayahang maghanda nito; at nawa'y maging handa ang kanilang mga puso, Panginoon, upang turuan ang munting bata, upang palakihin siya sa pagpapaalala ng Diyos. Itulot Mo po ito, Panginoon.

8 Ngayon mula sa kanilang mga bisig, tungo sa akin, ay naparito ang kaibig-ibig na batang ito, ang munting si Mark David. At iniaalay ko siya, katuwang ang matanda ng iglesiang ito, sa Iyo, sa pangalan ni Jesus Cristo, para sa isang buhay ng paglilingkod. Itulot Mo po ito, Panginoon. Kumuha Ka ng kaluwalhatian mula sa kaniyang buhay. Maging mahaba nawa ang buhay niya, maging hanggang sa pagdating na ito ng Panginoong Jesus, kung iyon ay makalulugod sa Iyo. At kung magkakagayon, nawa'y maparito siyang taglay ang Mensahe ng Panginoong Diyos, sa kapanahunang darating. Itulot Mo po ito. Panatiliin siyang malusog, masaya, at nawa'y maging laging laan ang puso niya sa paggawa ng mga bagay na matuwid, sa harap ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ihinahandog namin ang bata sa iyo, sa pag-aalay. Amen. 16 Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos, Kapatid na babaeng Collins, at ang mabait na batang ito, at ikaw Kapatid na lalaking Collins. Sumainyo ang Diyos. "Ihatid Na Sila," sabay-sabay tayong lahat. Ihatid na sila Mula sa kabukiran ng sala; Mumunting mga bata, Ihatid sila kay Cristo.

Gusto ko iyan. Kita n' yo, dalhin ninyo sila kay Cristo bago pa man magkaroon ng pagkakataon ang diablo. Naipagkaloob na sila sa Kaniya para sa habang-buhay na paglilingkod.

9 May nakaaalam ba kung ang pamilyang Dauch, o sinuman sa kanila, ay narito ngayon o wala, Kapatid na babaeng Dauch? Kapatid na Brown, narito ka ba, Kapatid na Brown? 0o, ako'y nagagalak. At ang. . . si Kapatid na Dauch ba ay kasama pa rin natin? Kahangahanga! [Si Kapatid na Tom Brown ay nagsalaysay tungkol sa kalagayan ni Kapatid na William Dauch - Ed.] Muntik na tayong iwan ni Kapatid na Dauch. Alam ninyo, hindi na tayo maaaring magsabi ng higit pa, o humingi ng higit pa; siya'y lampas na ng dalawampu't isang taon sa taning na sinabi sa kaniya ng Diyos. Iyo'y ang pangkaraniwang haba ng buhay, lampas na sa panahong itinakda ng Diyos na maaari niyang ipamuhay.

10 Datapuwat nakatanggap kami ng tawag noong isang umaga, na siya ay — siya ay naghihingalo, at dali-dali kaming pumaroon. At ang Panginoong Diyos ay tunay na napakabuti sa kaniya, iniligtas siya. Lamang, sa palagay ko, siya — siya'y handa na at naghihintay na lamang ng Pagdating ng Panginoon. Ngunit, alam ninyo, tayo'y nangungunyapit sa isa'tisa. Kami ay. . . Ang matandang ito ay para nang — para na siyang ama sa akin.

Naaalala ko nu'ng siya'y umuupo pa rito sa lumang Simbahan, sa lumang bahagi, nang siya . . . sumilay ang Liwanag na iyon,tungkol sa bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo, mula roon siya'y dumating. At sa edad na walumpu't pito o walumpu't walong taon nakatungkod siyang dumating dito at nagsabing, "Nais kong pumasok sa loob at magpabautismo." Mayroong umalis at ikinuha siya ng ilang mga damit. Hindi na siya makapaghintay ng susunod na pagkakataon; kailangan na niyang ganapin iyon noon din, noon din. Kaya ako — gusto ko iyon.

Ang sabi niya, nu'ng isang araw, kausap ko siya; ang sabi niya, "Sa palagay mop ba ay magaling na ako ngayon, Kapatid na Branham?"

Ang sabi ko, "Nagpunta ka na ba sa duktor para magpasuri?" Ang sabi niya, "Opo."

Ang. sabi ko, "Ilalagay ng duktor ang istetoskop sa mga tainga niya, at itatapat ito sa puso mo para malaman kung tama ang pagtibok ng puso mo; at pagkatapos ay gagamitan ka ng electric cardiogram, pagkatapos ay kukunin ang presyon ng dugo, susuriin ang ihi, at iba pa, mga instrumento, upang malaman kung ang iyong pisikal na katawan ay malusog. Ngayon, ang paraan niya ng paggawa niyan, titingin siya sa isang — isang aklat dito, na kung saan ang mga espesyalista hinggil sa iba't-ibang paksa ay sumulat, 'Kung ganito ang mangyayari, ay ganito ang diperensiya.'"

11 At ang sabi ko, "Ngayon, ang tanging istetoskop na taglay ko ay ang Biblia, kita n'yo, para sa kaluluwa.' At sinabi ko, "Bibigyan kita ng pagsusulit." Ang sabi ko, "Ang San Juan 5:24, ang nagsabi, Ang dumirinig ng Aking Salita.'" Ang sabi ko, "Hindi lang iyon basta uupo at makikinig Dito. Kundi tatanggapin Ito; kita n'yo, tatanggapin Ito; paniwalaan mo Ito. May kung ano sa iyong kalooban na nagsasabi sa iyo na Ito'y tama. Tinanggap mo Ito; iyo na Ito. 'Ang dumirinig,' sa iyo na Ito, ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin. . Naniniwala ka ba ro'n?" Ang sabi niya, "Oo."

Ang sabi ko, "Kung gayon ay sasabihin ko sa iyo kung ano ang sinabi ng Punong Manggagamot Siya'y lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay, at hindi na haharap sa pag-uusig o kahatulan.'" Ang sabi ko, "Sa ganang nalalaman ko, ayon sa mga Aklat, ikaw ay nakapasa na sa pagsusulit."

Ang matandang lalaking iyon, na halos 'sandaang taong gulang na, ni hindi man taong palasimba; ngunit nang ang Ilaw na yaon ay sumilay sa kaniyang landasin sa unang pagkakataon, ay tinanggap niya

Ito. Nakikita n'yo ba ang itinalagang binhing naroroon? A-ha. Opo. Kiya n'yo, sa sandaling ito'y tamaan ng Liwanag, ito'y kaagad nabubuhay.

12 Ngayon, alam kong mainit ngayon, at tila naging mahirap para sa akin na tawagin kayong lahat para sa isang gawain na kung saan nagsisiksikan kayong tulad nito. Ngunit gayon man ako'y — naisip ko, na sa biyaya ng Diyos, ay magdaraos ako ng isa pang gawain bago ko kayo iwang lahat; sa maikling panahon, 'yan ang pag-asa ko.

At kinakailangan kong umalis bukas ng gabi; patungong Chicago, upang magsimula sa Miyerkules. Naisip kong tumungo roon ng maagaaga kung maari, at magpahinga nang kaunti bago pasimulan ang kabit-kabit na mga gawain. At naniniwala ako na kanila na itong . . . Dito, tinitingnan ko pa lang ito rito. Ito'y — naipaanunsiyo na roon. Ang tawag dito'y Marengo. . . [May nagsabi, "Marigold." -Ed]. . . area, siya nga, Marigold, Marigold, siya nga, area arena. Marigold Arena ang pagdadausan nito, simula sa Miyerkules ng gabi hanggang Linggo. At ang Full Gospel Business Men ay magdaraos din ng agahan sa — sa Sabado ng umaga. At hindi ko gaanong tiyak kung saan nila ito pina-anunsiyo, kung saan. Pagkatapos sa Sabado ng gabi ay sa Lane Tech naman. Nakikita ko rito na ito'y — ito'y nakaanunsiyo na.

13 Ngayon, kung magkataong naroon kayo sa dakong iyon o sa gawing iyon, ito y isang karaniwang, ito'y karaniwang gawaing Ebanghelistika tulad ng lagi nating ginaganap dito. Karamihan sa mga mensahe ay batay sa mga paksang naituro na rito, dahil dito natin ginagawa ang mga teyp natin, kita n'yo. Doon sa labas ay maari silang magtalu-talo. Ngunit kung kukuha sila ng mga teyp na gawa rito, nasa kanila na iyon kung nais nilang makinig sa aim mang teyp. Dito mismo ito nagmumula; ito ay sarili nating pulpito.

Kaya doon sa labas, madalas ay sinisikap kong pumili ng hindi gaanong malalim na paksa, sapagkat karamihan sa kanila ay mababaw pa sa karanasan at gano'n ang mga nagsisidalo. Subalit dito, sa pakiwari ko ay may karapatan akong sabihin ang anumang ilagay ng Diyos sa aking puso, ang sabihin iyon mula rito. Kaya nga ang lahat ng mga teyp natin ay gawa rito. Kita n'yo? At ang mga ito'y nasa silid na iyon ngayon, makikita ninyo ang kanilang mga ulo sa ibabaw ng malalabong salaming iyon doon sa labas, kung saan sila'y nakaupo sa harap ng kanilang mga rekorder.

14 Ngayon, kung nais ninyong dumalo sa pagtitipon, kami'y lubos na magagalak na makasama kayo. Mangyari lang kung makararating kayo roon, at hindi ninyo alam kung saan kayo pupunta, tawagan lang ninyo ang sinuman sa mga tao ng Full Gospel o — o si Kapatid na Carlson, at siya'y — tuturuan niya kayo na iyon ay. . . Siya ang makapagpapayo sa inyo, o ang Iglesia ng Philadelphia o sinuman sa kanila ay makapagsasabi sa inyo kung paano makararating doon.

15 Pagkatapos ay babalik ako sa susunod na Lunes ng gabi, mga bandang hapon o gabi. At sa Martes, babalik kami sa Arizona para —para ipasok ang mga bata sa eskuwela, at iba pa. Pagkatapos ay hindi ko alam kung kailan talaga ang balik namin, dahil, nais kong, ang Panginoon, Siya ang manguna sa akin kung ano ang nararapat kong gawin.

Isang napaka-kakatuwang bagay ang naganap. Dapat siguro'y aking. . . Alam kong ito ay nakateyp, at dapat siguro'y ilagay ko na rin ito rito. At habang ang mga pangitain at pangunguna ng Banal na Espiritu ay kumikilos, nais kong samantalahin ang pagkakataong ito. Ngayon, ang nakaraang taon ay isa sa pinakamataas na panahon para sa mga pangitaing nakita ko, sa buong lingkuran ko, ay noong nakaraang taon, ng mga bagaybagay na nangyari, na alam ninyong naihula na ito bago pa ito maganap, at naganap kung paano ito — ito naipangusap.

16 Ngayon, kami'y nagbalik dito, at — at upang bumisita. Totoong hindi ko gusto ang klima sa lugar na ito, dahil ako'y. . . nanghihina ako pagdating na pagdating ko rito. At ako'y talagang. . . Matatawid ko ang tuktok ng mga bundok sa dako roon at makababababa rito sa lambak na ito, at kapag narito na ako ng mga sampung minuto ay, maliliyo ako, magkakasakit. Ang klima, tila litang ang isip ko, lahat ay mistulang nakakatakot, madilim, at ako'y sadyang kailangan kong makalabas dito. Kita n'yo?

17 At noong isang araw ay kausap ko ang asawa ko.. .

Ngunit ang dahilan ng pagparito ko, una, kung bakit ako nariritc ay kayo, kita n'yo, ang iglesiang ito. Sinasabi ko sa inyo, sa lahat ng mga pook na napuntahan ko sa tanang buhay ko, ito ang paborito kong pook na puntahan upang pangaralan ng Ebanghelyo. At tila ba kung tayo'y gumagawa ng teyp dito, ang resulta'y makasampung ulit na mas mainam kaysa saan mang ibang lugar. Kita n'yo? Kita n'yo, iyan ang dahilan kung bakit sinasabi ko, "Kung saan may ginagawa ang Diyos, doon kayo manatili." Ngunit sa palagay ko, ang malaking dahilan ay, ang hindi ko paghayo kaagad nang una Niya akong tawagin, kaya naman ang ginawa Niya, pinahihirapan Niya ako sa tuwing ako'y paririto. Ang pag-sunod ay mas mainam kaysa sakripisyo.

18 Pagkatapos ako'y magpapabalik-balik, sa tuwina at mangangaral sa Tabernakulo. At kayong mga taga roon sa labas ng bayan, kayo'y mapapasabihan. Si Billy Paul ay paririto, dito mismo sa opisina, at — at ako'y makakausap ninyo anumang oras sa pamamagitan niya. At kami'y babalik dito, magdaraos. . . At

pagkatapos susunod agad ang Pitong Pakakak, kung kalooban ng Panginoon, ang Pitong Huling Salot at ang mga Mangkok, at iba pa, sa sandaling lumamig-lamig ng kaunti ang panahon, marahil o anuman, kung paano man manguna ang Panginoon.

19 At ngayon, noong isang araw, pagdating ko, may nagtanong tungkol sa isang bagay, tungkol doon sa nag-abot sa akin ng — ng tseke at sinabing ito'y, "personal," para sa akin at tanging sa akin lamang, "bayad na ang buwis, libre," at lahat-lahat na. Buweno, kami'y lumisan, at alam ni Billy na talagang kailangan ko ang tsekeng iyon, ngayon.

Siya'y pumaroon at tinanong ang mga abogado kung maaari naming ipalit ito. Ang sabi niya, "Aba y, mamamayan siya ng Amerika; bakit hindi niya maaaring ipalit ito?" Kita n'yo, ang sabi rito, bayad na ang buwis', at lahat-lahat na, Sino mang mamamayan ay makagagawa niyan."

20 Nang magkagayon, hindi pa rin makuntento si Billy, kung kaya nagpunta siya sa public accountant. Sinabi niya, "Aba'y tiyak na tiyak, mapapapalitan niya iyan." Ang sabi, Siya'y isang mamamayan ng Estados Unidos."

Kaya nga, Buweno, hindi pa rin niya maubos maisip ang tungkol dito kaya tinawagan niya si Merle Miller, siya ang puno ng — ng kapisanan ng buwisan sa — sa Indianapolis, na aming mga abogado, ang Ice and Miller. Kaya, "Oo, maayos ito. Kita n'yo? Oo, maaari niyang tanggapin ang tseke. Ito' y — ito'y — Nakalagay iyan sa pangalan niya at kailangan lang na lagdaan niya.'" Magagawa ko, ako lang ang maaaring lumagda sa likod, at iba pa, at hindi ito maaaring tatakan ng wala ang aming.. .

21 Kita n'yo, hindi ako nagpapapalit ng mga tseke. Iyan ang ikinaso nila sa akin nu'ng minsan. May nagdala ng isang bungkos na tseke at ang sabi, "Heto, Kapatid na Branham," doon sa gawain. Isusulat ko, "William Branham, William Branham. . ." Buweno, ang pamahalaan noon ang namamahala sa lahat ng mga iyon sa buong panahong iyon. At nilalagdaan ko ang mga iyon at ipinambabayad ko ang mga iyon ng mga pagkakautang sa labas, ngunit ang sabi nila ay may utang daw akong buwis sa lahat ng mga ito, kahit pa, tatlong daan libong dolyar. Kaya — kaya doon nagsimula ang gulo.

Kung kaya nang ipasok ko ang tseke, nakow, agad nagbalik ang ahente, ang sabi, Bubuksan nating mull ang kaso niya ngayon.' Kaya iyon ang nagpahirap nito.

22 At si Kapatid na Lee Vayle na nakaupo rito, sa palagay ko ay wala namang masama kung sasabihin ko ito, kami'y. . . Nakababa na siya, at ang mahusay at aral na Baptist na ito. . . Binautismuhan ko siya sa pangalan ni Jesus Cristo dito sa tangke nu'ng makalawa, si Kapatid na Lee Vayle. At tunay na siya'y isang mabuting tao, isang kapatid kay Cristo. Nakapangaral na siya rito sa atin, totoong mataas ang kaniyang pagiging intelektuwal, edukado, at bukod pa riyan, isang taong pinangungunahan ng Espiritu. Nang siya'y masinagan ng Ilaw na iyon, ang sabi niya ay sinubukan niyang lumayo, ngunit talagang hindi niya ito magawa, kaya binautismuhan ko siya agad nu'ng isang umaga. Hindi na siya makapaghintay, kung kaya't kami'y pumarito, at nagbihis at lumusong, at siya'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.

23 Naisip ko, yaman din lamang at nakakain na siya ng mainam na pagkaing espirituwal, at nais pa naming mag-usap ng kaunti ay nangailangan kami ng pagkaing natural. Kung kaya't nagtungo kami sa Blue Boar, naupo at nag-usap, at napag-usapan namin ang isang paksa, "Paano mong nahahayaang pag-usapan ka ng mga tao ng gayon na lamang?"

Si Kapatid na Vayle ay isa sa pinakamahusay na lalaking nakilala ko, subaht "medyo may kabilisan siya sa gatilyo," lagi kong sinasabi sa kaniya ito, alam n'yo. Kaya nga, siya, kaya't ang sabi ko. . . Sana ay huwag mong masamain ito, Kapatid na Vayle. Kaya't siya. . . ang sabi ko, "Huwag kang magwawala kaagad. Maupo ka lang. Ang Diyos ang Siyang gumagawa nito."

Ang sabi niya, "Ah, maaaring ayos lang 'yon para sa iyo, ang sabi niya, ang sabi niya. Pero, buweno, siya — siya. . . sa palagay ko, napakatalino niya, dahil gano'ng mga uri ng tao ang nakakasalamuha niya, mga taong matatalino at intelektuwal; kung kaya alam niya kung paanong ibuhos iyon doon, at 'di na nila alam kung saan sila lalagay. Iyon lang.

24 Kaya ang sabi ko, "Tingnan mo, Kapatid na Vayle" Nakaupo kami sa Blue Boar. Ang sabi ko "Si David, isang araw, pagkatapos na siya'y patalsikin sa trono ng kaniyang sariling anak, bumaba sa trono, pagaaklas, nahati ang Israel, at si David ay pinatalsik sa trono ng sarili niyang anak, at nananangis, habang palabas ng lungsod. At may isang lalaki na hindi nagustuhan ang panghuling-araw niyang mensahe, alam n'yo na; wala siyang malasakit sa kaniya; isang maliit na matandang lalaki, pipilay-pilay, palakad-lakad doon, at pinagtatawanan siya, at niluraan niya si David. At hinugot ng kawal na iyon ang kaniyang tabak, at nagwika, Hahayaan ko bang manatili ang ulo ng asong lumura sa aking hari?' Ang sabi ni David, Hayaan mo siya. Ang Panginoon ang nag-utos sa Kaniya upang gawin iyon.' Kita n'yo? Niluraan siya, pinagtawanan, at pagkatapos ay niluraan siya. Ang sabi, 'Ping Panginoon ang nag-utos sa kaniyang gawin iyon.'" Buweno, alam natin ang kuwento kung paano itong nabaligtad. Sa palagay ni Kapatid na

Vayle, napakaraming biyaya ang kinailangan upang magawa ko ang gayon.

25 Kaya sa sandaling makabalik kami at makapasok sa opisina, tinawag ng public accountant si Billy Paul at sinabi sa kaniya ang tungkol dito. Kaya sumama si Kapatid na Vayle sa akin sa bahay. Pagpasok ko ay sinabi ko sa asawa ko. . . Mga bandang hapon na iyon. Pumasok kami sa isang silid. Ang sabi ko, "Mayroon akong sasabihin sa iyo, Honey."

Nag-usap pa lang kami bago ako umalis. Ang sabi niya, "Bill, alam kong ang Diyos ang nagsugo sa iyo roon; alam nating lahat iyan, ngunit hindi Niya sinabi sa iyong bumalik ka. Kita mo, ngayon, iyan ang inaalala ko."

26 Ang sabi ko, "Buweno, sa palagay ko ito'y para sa iyo at sa mga bata. Hindi ito mahalaga sa akin. Ako'y maglilingkod sa Kaniya, kung loloobin ng Panginoon, saan man ako magtungo." Kaya't nagbalik ako, at sinabi ko sa kaniya ang tungkol dito nang gayon. Kaya't ako'y tumalikod, inilapag ang aking sombrero.

At may nagwika ng ganito, tungkol sa "0, itong manininginil ng buwis na ito! Dapat siguro'y labasin na natin. . ." Bigla na lamang naibulalas nang gayon.

Hindi ko naman naiisip ang sinabi ko kay Kapatid na Vayle, bigla ko na lang nasabi, "Hayaan n'yo lang siya. Marahil ay inutusan siya ng Panginoon na gawin iyon."

Kasasabi ko pa lang nito, nang may Liwanag na suminag at sumulat sa dingding ng ganito, nakaupo roon sina Kapatid na Vayle at ang asawa ko, "Magbalik ka sa Arizona." May mga titik na naisulat sa dingding, "Magbalik ka sa Arizona." Iyon ay tama. Kaya heto ako, amen, balik sa Arizona.

27 Ngayon, ang linggong ito'y naging isang linggo ng mga dakilang pagpapala. Nagkaroon kami ng mga pribadong panayam sa linggong ito sa mga taong naghihintay mula pa noong maipangaral ang Pitong mga Tatak. At walang alinlangan na ang ilan sa kanila ay naparito mula pa sa labas ng bayan, sa buong bansa. Ngunit nang umagang iyon bago nagsimula ang mga panayam, habang ako'y nakaupo sa loob ng silid, pinahintulutan ako ng Banal na Espiritung isulat ang lahat-lahat ng nais nilang itanong, paikutikutin ang mga tanong sa paraang nais nila, at isaysay sa kanila ang kanilang mga panaginip at ang mga kahulugan ng mga iyon bago pa man sila magsabi sa akin.

Ngayon, ang mga tao'y nasa loob ng silid na 'yon, dito, doon. At ako'y nagtuloy at hinayaan ko silang magsalita. Sasabihin nila, "Buweno, Kapatid na Branham, naparito ako para sa ganito at ganoon."

28 Ang sabi ko, "Ngayon, alalahanin ninyo, hindi tayo nagtipon dito para lang magkasama-sama. Hindi tayo naparito upang makisama sa isa't-isa. May katanungan sa inyong isipan, at sa inyong puso na, na naisipan ninyo at hindi ninyo alam kung ano ito. At maaaring magawa ko, sa tulong ng Diyos, na masagot ito."

Ang sabi ko, "Alalahanin ninyo, ang reyna ng Timog ay may mga katanungan din nang siya'y magsadya kay Solomon. At sinabi ng Biblia na walang anumang bagay na nailihim o naitago na hindi nasagot ni Solomon." At ang sabi ko, "Isang mas dakila pa kaysa kay Solomon ang naririto." Kita n'yo? Iyan ay tama. Ang Panginoong

Jesus ay nangako, 'Kung saan ang dalawa o tatlo ay nagkakatipon sa aking Pangalan, Ako'y nasa kanilang kalagitnaan. At anumang bagay na

kanilang maisip o nasain at — at hilingin ay ipagkakaloob sa kanila.' At ngayon ang inyong tanong ay isang bagay na hindi ninyo nalalaman, isang bagay na hindi ninyo alam kung paano ilalapit sa akin, isang bagay na hindi ninyo alam kung ano ang inyong gagawin."

29 At ang sabi ko, "Muli, ang Kasulatan ay nagsabi nito, na, ang mga Anghel ng Diyos ay nakapaligid doon sa mga taong may takot sa Kaniya; sa ibang daigdig kung saan ang limang pandama ay hindi nakapagpapahayag." 59 Ang limang pandama ay pang-ugnay natin para lamang sa daigdig na ito. Kung wala kang pakiramdam ay wala kang mararamdamang anuman. Ang pakiramdam ay mawawalan ng kabuluhan sa iyo; iyo'y ibang daigdig. Kung wala kang paningin ang tinitingnan mo ay mistulang ibang daigdig, wala kang kamuangan tungkol doon. Kaya't sa limang pandamdam na ito lamang tayo pinawawalan ng Diyos.

Ngayon mayroong isa pang pandama na tinatawag na pananampalataya. Ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya ay umaakyat ka sa hagdan, hanggang sa mapanhik mo ang dakong napakataas at ikaw ay makapapasok sa ibang daigdig, na kung tawagin ay pangitain. Doon ay makakikita ka. 61 Gaya ng hindi mo alam kung ano itong nadarama mo sa pamamagitan ng iyong pandamang panghipo, kailan ma'y hindi mo pa ito nakita; pagkatapos ay mamumulat ang mga mata mo, nakikita mo na ito. Magiging isang hiwaga ito sa taong hindi kailan man nakakita. Magiging hiwaga ito sa kaniya, gayon pa man, iyon na 'yon.

30 At doon, ang Panginoon...Bago kami makarating dito, sa mga taong galing pa sa iba't-ibang bahagi

ng bansa, kung saan-saan, galing sa hilaga, timog, kanluran, nagsidating para sa mga panayam na ito. At sa sandaling matapos silang magsalita, ay kung ano ang mga bagay na itatanong nila, kung ano ang itatanong nila, ay sasabihin ko, "Masdan ninyo ito," abutin ninyo at mayroong isang pirasong papel kung saan ay nakasulat ang bawat katanungan, paikot kung paano nila ito nakatakdang itanong, kasama ang sagot sa mga ito sa ilalim, kung paanong ito ay nasagot. Ang Panginoon ay dakila. Alam Niya ang lahat ng mga bagay. Ngunit, iyon nga lang, inabot ako ng tatlong araw bago ako mahimasmasan pagkatapos ng hapong iyon. Ang nangyari, naubos talaga ang lakas ko. At ngayon, naisip kong kunin muna iyon, gayon man, bago kami umalis.

31 At iyon ang angkop na paraan, ang tunay na paraan para sa bawat isa. Ngayon, may mga bagay na maaaring ipagsabi.

Ngunit kung may mga taong naririto, na nakakaalam ng mga lihim ng puso na naipahayag, lubhang magiging. . . Magiging kasindak-sindak ito; magiging sanhi ito ng krimen, mag-uudyok ito sa tao upang harilin ang kanilang kapwa, o ano man, kung ang mga ito'y ipapahayag dito mismo sa plataporma ng tulad nito, sa isang lantad na lugar, sa harap ng publiko. Ito'y magbibigay-daan sa mga kasalanang ikakukulong, at lahat-lahat na, magiging dahilan ito niyon.

32 Ngunit kung kayo'y magkakasamang nakaupo nang gayon, ang Espiritu Santo, kayo lang dalawa. Ngunit nauunawaan natin ito, na ang mga itinanong nila sa akin ay pribado. Hindi ako nagsasalita ng anuman tungkol dito. At anumang sinalita ko sa kanila, bahala na sila kung nais nilang ipagsabi iyon o hindi. Ngunit kami-kami'y nagkakaalaman sa pakikipagpanayam na iyon. Ang nangyari, isaisa ko silang kinausap sa silid na iyon hanggang sa ang lahat ay lubusang maisaayos, kita n'yo, ng Banal na Espiritu.

33 At kung magkagayo'y, isipin na lang ang biyaya, ng Banal na Espiritu upang maghayag sa akin ng lahat ng iyon, sa bawat isa, isang mahabang pila sila, bago pa man sila makarating dito; mga taong galing pa sa ibang bahagi ng bansa, nagsiparito, hindi ko pa nakita sa tanang buhay ko. At isinulat ang mga ito upang malaman nila, sunodsunod, ayon sa mga katanungang inilahad, kung paano silang sasagot.

34 Isang kapatid na lalaki ang may mga katanungan ukol sa binhi ng serpente, na hindi ko nasagot nang husto, 'pagkat ang kanilang kakaunting kalahating oras ay tapos na. Umaasa ako na nakuha na niya ito ng tama, ang mga sagot dito ay nakasulat namang lahat, sa papel. Ako'y. .. Isinulat niya ito, ngunit hindi niya nakuha ang buong kasagutan, kung kaya't ibinigay ko na lang ang mga tala ko, ang mga sagot na nasa papel. Kung hindi niya nakuha iyon, na kay Billy Paul ang mga iyon. Alam kong ang taong iyon ay naririto ngayon; kakikita ko pa lang sa kaniya kani-kanina lang. Kaya kung nais niyang — kung nais niyang malaman ito, ito'y nakasulat sa kapirasong papel, ang mga sagot sa iyong mga katanungan.

35 Ngayon, o, napakabuti ng Panginoon, alam n'yo. Umaasa akong ang bawat isa ay maganda ang pakiramdam. A-ha.

At ngayon alalahanin natin, at ngayon habang ipinanalangin ko ang mga panyong ito, alalahanin natin si Kapatid na Dauch. Siya'y isang mahal na kapatid, at nais natin siyang alalahanin sa panalangin.

36 At aking — nakikita ko ngayon si Kapatid na Ungren, ngunit aking — hindi ko makita si Sister Ungren saan man, kung maayos na ba siya. Oo, hayan pala't nakaupo malayo sa kaniya. Siya nga. Ako'y nagagalak. Sapagkat kami'y tinawag nu'ng makalawang gabi, sa isang. . isang kasong pangmadalian, siya at ang kaniyang anak na babae, si Sister... hindi ko... Downing, Downing. Napalihis sila sa kalsada, at kung hindi sa biyaya ng Panginoon ay maaaring kapwa sila nagkadurug-durog sa pangyayaring iyon. At ngayon narito sila sa simbahan, sumakay sila sa tren at naparito.

37 Hindi ko kayo malilimutang lahat. Mahal ko kayo. Alam iyan ng Diyos. Ma — mahal ko kayo. Kung paanong, sa buong bansa, sa gitna ng napakasungit na panahon! 72 Kapag nakikita ko ang ilang kapatiran ditong galing pa sa Georgia at sa Alabama, at sa iba pang mga Lugar, sa Tennessee at sa palibot nito, kung saan kailangan nilang idaan ang kanilang mga sasakyan sa mga lansangan, kung saan ang yelo, ay napakadulas, at balikan pa, para lamang makadalo rito sa iisang gawain.

38 Nang matanggap ko ang pangmadaliang tawag para kay Kapatid na Dauch nu'ng isang araw, hindi ko akalaing napakalayo pala ng Lima, Ohio. Parang. . . Ang akala ko, ito'y isang hakbang lang, isang lukso at isang talon lang ay naroon ka na. Pero naku po, ang aga-aga kong umalis dito, ngunit ala-una na ng hapon ako nakarating, paspas pa ang takbo at lahat — bahagya ko nang nasuway ang speed limit na ipinahihintulot sa pandalawahang lansangan. At naisip ko malapit pa rin iyon kung ihahambing doon sa dakong timog kung saan nagbuhat ang ibang mga tao rito, doon sa malayong Hilaga at Kanluran, kung saan sila galing.

Mahal ko kayo. At iyan ang dahilan ng aking pagsisikap na maging totoong matapat.

39 At ang mga datihan! Nakikita ko si Kapatid na Creech at ang mga nakaupo roon sa likod ngayon, ang mga dati kong kasama sa loob ng mga taong ito at mga bagay-bagay, at kung paano kami

nagkasamasama. Tinitingnan ko ang larawan ni Mary Jo, marahil dalawang gabi na ang nakalilipas. Kaliit-liit na bata nu'ng una kaming magkita, at ngayon ay may asawa na siya, sa palagay ko, at may mga anak na. Ang magasawang Kapatid na Creech ay bata pa, maitim pa ang buhok, gayundin si Meda at ako, at narito kami ngayon, maputi na ang buhok at kuba na. Kita n'yo, may kung ano ang mga taong gano'n, na—na humahawak sa 'yo ng mahigpit. Kita n'yo, Na —na — na nais mong manatili sa piling nila. Kita n'yo? Mayroong isang bagay o kung ano man 'yon na — na nakakapagbalik ng diwa mo. Ibinibigay ko ito bilang mga halimbawa sa ibang naririto, bata o matanda. Pinananabikan natin ang pagbabalik ng Panginoon.

40 Kaya sa umagang ito inilagay ko ito. . . Naniniwala ako na ang Diyos ang naglagay sa aking puso na magturo ng isang araling pang Paaralang Panlinggo sa umagang ito, kung kalooban ng Panginoon, na may kahabaan. Ako. . . At ngayon, alam kong ito ang huli kong gawain sa ilang panahon, ayon sa aking pagkakaalam, ang.. .

41 At nais kong alalahanin ninyo na si Kapatid na Neville, ang maiiwan dito sa iglesia, bilang tagapamahala ng Tabernakulong ito, sa ilalim ng Banal na Espiritu, na siya ang naiiwan dito, at pinaniniwalaan niya ang Mensaheng ito at — at itinuturo Ito nang gaya ng pagtuturo ko. Tama. At anumang oras na naisin ninyo, at marapating pumarito upang marinig si Kapatid na Neville, nakatitiyak akong ito'y makabubuti para sa inyo, tiyak ko. Siya'y isang dakilang lingkod ni Jesus Cristo.

Kilala ko na si Orman Neville noong maliit pa akong bata, at wala siyang pinagbago kahit katiting man, kung mayroon man, 'yon ay ang higit niyang pagiging malapit sa Diyos. Naalala ko nang una ko siyang makita sa isang. . . Ako'y inanyayahan niya sa kaniyang plataporma ng Metodista. At nang bumalik ako rito sa Tabernakulo, ang sabi ko, "Isang araw ay babautismuhan ko siya sa Pangalan ni Jesus Cristo." At ngayon naririto siya sa Mensahe, nagpapatuloy, isang tunay na marangal na tagapag-lingkod.

42 At maraming dinaranas na hirap at sama ng loob si Kapatid na Neville, ngunit hindi niya ipinahahalata ito rito sa Tabernakulo. Ngunit dahil sa pinahihintulutan ako ng Panginoon na magkaroon ng kaunting kaalaman ukol sa buhay ng mga tao, alam ko ang kaniyang dinaranas; karamihan sa mga ito. kita n'yo. At tunay na siya'y naatangan ng napakaraming pagpapagal at paghihirap, at iba pang mga bagay. At kayo, kayong mga tao rito, hawakan n'yo siya tulad nina Josue at Caleb nang itaas nila ang mga kamay ni Moises, sapagkat siya ang nagdadala ng Salita.

43 Ibigin ninyo ang bawat isa, higit sa lahat ng bagay. Ibigin ninyo ang isa't-isa. Huwag. . . Kahit ano pa ang ipagpilitang sabihin ng diablo! Ngayon, kayo'y isang dakila, malaki at nagmamahalang kalipunan, ngunit alalahanin ninyo ang aking babala, nakikita n'yo ba, hindi papahintulutan ni Satanas na manatili kayong ganiyan. Hindi po. Pupuntiryahin niya ang lahat ng bagay, kahit kailanganin pa niyang magpapasok ng isang tao upang maisagawa niya ang kaniyang layunin. Magdadala siya ng isang kritiko o ng 'dimananampalataya, pauupuin siya, at hahayaan siyang makisama sa inyo sa ilalim ng katahimikan at iba pa, pagkatapos tuturukan niya ang taong iyon ng isang uri ng lason, at sisimulan niyang wasakin ang iglesia sa pamamagitan nito. Huwag kayong kakampi rito! Huwag kayong makikisali sa anumang iba pa! Manatili kayong nagmamahalan, at matamis ang pagtitinginan at mabait sa isa't-isa. Ipanalangin n'yo na maligtas din ang lalaking iyon, o ang babaing iyon, sino man siya, ipanalangin lang ninyo sila. At manatili kayong malapit sa isa't-isa. At manatili kayo sa inyong pastor. Kita n'yo, siya ang pastol at ibigay ninyo sa kaniya ang inyong paggalang. Pamumunuan niya kayo hanggang sa wakas. Sapagkat siya'y itinalaga ng Diyos upang gumanap sa bagay na ito.

44 Ngayon, natatandaan n'yo ba iyan? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen."- Ed.] Ang kaaway ay darating. At kapag siya'y dumating, lalo kayong mangunyapit sa isa't-isa. At ang taong ginagamit ng diablo bilang isang kaaway ay alin sa dalawa, lalabas o papasok at magiging kaisa ninyo. Iyon lang. 83 Huwag na huwag kayong kakampi kanino man, o — o sumali man sa usapan o maging mahilig sa kampihan. Tayo'y iisa. Hindi ko maaaring sabihin, "Kaliwa'ng kamay, ako'y — galit ako sa iyo; tatanggalin kita 'pagkat hindi ka kanang kamay." Kaliwang kamay ko siya. Nais kong manatili ito roon. Kahit pa ang dulo ng aking hinliliit, nais kong manatili ito roon. At nais ng Diyos na tayo, bilang isang katawan ng mga mananampalataya, ay manatiling magkakasama, nakikisama sa isa't-isa.

45 At ngayon, mayroon kayong mga teyp tungkol diyan. Nasa inyo ang mga teyp tungkol sa mga bagay na ating pinaniniwalaan. Hawak ninyo ang mga teyp tungkol sa disiplina sa iglesia, kung paano tayo dapat kumilos sa loob ng iglesia ng Diyos, kung paano tayong tutungo rito't magsasama-sama at magkakasamang uupo sa sangkalangitan. Huwag kayong titigil sa bagay. Kung ang Diyos ay nasa inyong puso, hindi kayo makapaghihintay na mabuksan ang mga pintuang iyon at makisama sa inyong mga kapatid. Kung hindi, kung hindi ganiyan ang nadarama n'yo, panahon na upang kayo'y manalangin.

Sapagkat tayo'y nasa mga huling araw na, na kung kailan itinaas . . . sinasabi ng Biblia sa atm na — na "Mas higit pa kung nakikita natin na papalapit na ang araw," na mahalin natin ang isa't-isa sa pagmamahal na Cristiano at maka-Diyos na pag-ibig, "upang magtipon sa sangkalangitan at — at — at — kay Cristo Jesus," at magibigan sa isa't-isa. "So gayon ay malalaman ng lahat na kayo'y mga tagasunod

ko kung kayo'y may pag-ibig sa isa't-isa." Iya'y tama. Magsama-sama kayo.

46 Kung mayroong.isang kapatid na lalaki at inaakala ninyong tila mali siya, o kaya'y isang kapatid na babae, sabihin mo, "Panginoon huwag mo pong hayaang magka-ugat ang kapaitan sa akin' _pagkat ito ay — ito ay makakaapekto sa kaniya, at ito ang magiging dahilan upang mawala ang Cristo sa buhay ko." Ang mga nakalalasong asido ng malisya, at inggit, at galit, ang siyang makapalalayo ng Banal na Espiritu. Itataboy Siya nito sa labas ng Tabernakulong ito rito. Papatayin nito ang Espiritu ng Diyos, o itataboy Ito papalayo rito, sasaktan ang inyong pastor. Gagawin nito ang lahat. Kita n'yo? Huwag n'yong gagawin iyan.

Lalo kayong maging malapit sa isa't-isa. Higpitan n'yo ang . . . Kunin n'yo ang hibilya tulad ng ipinatotoo ng isang kapatid kanina, isang manggagawa rito nu'ng isang gabi, tungkol sa pagsusuot ng hibilya, nakita niya ito sa pangitain. Tanging...Ang hibilya ang humahawak sa buong suot-pananggalang ng Diyos; basta't isuot ninyo ito, higpitan, magsilapit kayo sa isa't-isa. Ano man ang mangyari ibigin pa rin ninyo ang isa't-isa. Mag-usap kayo ng maganda tungkol sa isa't-isa, magsalita kayo ng maganda tungkol sa isa't-isa, at kung magkagayo'y pagpapalain kayo ng Diyos.

47 Ngayon, sa umagang ito, kung kalooban ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kaniyang tulong at biyaya, mayroon ako ritong mga katanungang medyo may karamihan, Mga Kasulatan, pala. At ngayon, bago tayo tumungo Rito. . parang narinig kong binuksan ang mga rekorder doon sa loob. Ihahatid na natin ang mensahe ngayon, sa biyaya ng Diyos. Una, isang panalangin.

48 Panginoong Jesus, sa pangungusap sa katawang ito ng Iglesia, upang sila'y sama-samang manghawakan sa hindi-nagbabagong kamay ng Diyos, ang kanilang pamantayan, ang Salita; sila'y binalaan ko tulad ng pagbabala ni Pablo sa kaniyang kawan, na, "may mga lobong magsisipasok." Ikaw ang siya ring Diyos ngayon na tulad noon, at ang kaaway ay gayon din naman. Nawa ang pagsasamang ito at ang mga tali ng pag-ibig ay palaging mapasa mga taong ito, kay Cristo Jesus.

Tulungan Mo kami sa umagang ito, Panginoon, habang binabasa namin ang Salita. Nawa ang Banal na Espiritu ang magpahayag nito sa amin, upang ang iglesia ay lubusang maitatag sa "Pananampalataya na minsa'y ipinagkaloob sa mga banal," upang hawakan ang mga ito. At nawa, kung paano Mong ipinagkaloob ang pangitain mga dalawang taon na ang nakararaan, na "mag-imbak ng pagkain," mga magaganda't malulusog na gulay na nakita ko sa pangitain, na iniimbak dito sa Tabernakulo, nawa'y tumanggap kami ngayong araw na ito ng isang barites Nito. Itulot Mo po ito, Panginoon. 0, isang puno pala ng teyp, upang maihayag Nito si Jesus Cristo sa amin sa panahong kinabibilangan namin, upang mabigyan kami ng nagpapanatiling kalakasan, ang kalakasang espirituwal para sa gawaing naghihintay sa hinaharap. Itulot Mo ito, Ama.

49 Pagpalain Mo, ang mga anak Mong ito. Narito sila sa umagang ito mula pa sa iba't-ibang bahagi ng bansa. Isang mainit at maalinsangang umaga, ngunit nararamdaman namin ang Presensiya ng Banal na Espiritu, sa lahat ng mga ito.

Naiisip namin sina John Wesley, at si Calvin, at si Sankey, at si Knox, si Finney, at marami pa sa mga iyon, na kahit na wala pang bentilador noon, ay umupo ang mga tao sa mga bulwagan, na tumutulo ang pawis sa kanilang mga mukha. Ang mga kababaihan, mainam ang pagkakatakip at pagkabihis, ay nakaupo at nakikinig at pinagpapawisan hanggang sa ang kanilang mga damit ay mababad na sa pawis, nakikinig ng Salita ng Diyos, at pinakakain ang kanilang mga kaluluwa. Ngayon, ay nararamdaman namin, Panginoon, na sila'y namamahinga na sa isang lugar sa dako roon, naghihintay ng pagdating ng Panginoon.

50 Pagsama-samahin Mo kami, Ama. Hayaan Mong gabayan at turuan kami ng Banal na Espiritu. Pagkalooban Mo kami ng mahabang buhay ng paglilingkod sa Iyo. Ibigay Mo sa amin ang dakilang mensaheng ito ngayong umaga, na aming inaabangan mula sa Iyong Salita, upang ito'y pumasok sa bawat puso. Utusan Mo ang mga labing magsasalita, Panginoon, na magsalita ng katotohanan. Patabain Mo ang mga pusong makikinig upang matanggap ng mga ito ang Katotohanan, at nawa'y umusbong itong mga dakilang puno ng Buhay na Walang Hanggan, na maging mga ilaw na nagniningning at mga sulat na binabasa ng lahat ng tao; nang sa gayo'y malaman nila na si Jesus Cristo ay nabuhay mula sa mga patay at namumuhay na kasama namin. Punuin Mo kami ng pag-ibig at ng bunga ng Espiritu upang ang ibang mga lalaki at babae, mga batang lalaki't babae ay makita na ang bunga ng Buhay ni Cristo na patuloy na nabubuhay sa amin, makaraan ang dalawang libong taon mula sa dakilang pangyayaring iyon. Ipagkaloob Mo ito, Ama, upang maparangalan Ka. Hinihiling naniin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

51 Ngayon, nais kong magbasa ng ilang bagay mula sa Mga Kasulatan. At umaasa ako ngayon na nakahanda na ang inyong mga lapis at papel, at lahat ng bagay. At, Kapatid na Neville, nananahimik ka sa iyon g upuan. Huhubarin ko lang ang aking amerikana, kung iyan ay. . . [Ang sabi ni Kapatid na Neville, "Tama 'yan."- Ed.] Ito ay. . . Pagpaumanhinan ninyo ako sa paghubad ko ng aking amerikana, ngunit ito ay — napakainit dito sa itaas.

52 Ngayon, nais kong tunghayan n'yo ang Aklat ng mga tagaColosas, ang unang kabanata ng mga taga-Colosas. At habang binabasa natin ito, simula sa. . . nais kong basahin n'yo, ang buong kabanata ng mga taga-Colosas sa bahay. Ngunit nais kong sabayan n'yo ako sa pagbasa sa umagang ito, mula sa ika-15 talata, hanggang sa ika-29.

At ngayon, dagdagan pa ninyo ang inyong pasensiya, dahil nararamdaman ko na ang nilalaman nito, kung tutulungan ako ng Diyos, ay maghahayag at maghahatid sa inyong mga kaisipan ng mga iba't-ibang mga bagay na natalakay ko na sa mga nagdaang araw dito sa Tabernakulo; kung bakit nasabi ko ang mga sinabi ko, at kung bakit ko nagawa ang mga ginawa ko. Ito ang dahilan.

Ngayon, mula sa ika-15 talata. Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang; Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat ng mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita. .. at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan,. . . mga pagsakop,. . . mga pamunuan,. . . mga kapangyarihan: Lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya: At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangangabuhay dahil sa kaniya. At siya ang ulo ng katawan, samakatuwid baga'y ng iglesia na: na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng mga bagay, ay magkaroon siya ng mga kadakilaan. Sapagka't minagaling ng Ama na ang buong kapuspusan ay manahan sa kaniya — ang buong kapuspusan ay manahan sa kaniya.

Hayaan ninyong muli kong bigyang-diin ito, itong ika-19 na talata. Sapagka't minagaling rig Ama na ang buong kapuspusan ay manahan sa kaniya; At, sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin sa kaniya ang lahat ng mga bagay, na pinapayapa niya sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus; sa pamamagitan niya, sinasabi ko, maging mga bagay sa kalupaan, o mga bagay sa sangkalangitan. Pagmasdan ninyo kung saan napunta ang pakikipagkasundong iyon. At kayo, nang nakaraang panahon ay nangahiwalay at mga kaaway sa inyong pag-iisip sa inyong mga gawang masasama. Gayon pa ma 'y pinakipagkasundo niya kayo ngayon sa katawan ng kaniyang laman, sa pama-magitan ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga banal. . . walang dungis. . . walang kapintasan sa harapan niya: Kung tunay na kayo'y mamalagi sa pana-nampalataya, na nababaon at matitibay, at di makilos sa pag-asa sa evangelio na inyong narinig, na ipinangaral sa lahat ng mga nilalang sa silong ng langit, na dito akong si Pablo ay ginawang ministro. Ngayo'y nagagalak ako sa aking mga hirap dahil sa inyo, at aking pinupunan sa akin ang kakulangan ng mga hirap ni Cristo. . . sa aking laman dahil sa kaniyang katawan, na siyang iglesia: Na ako'y ginawang ministro nito, ayon sa pama-mahala na mula sa Dios na ibinigay sa akin para sa inyo upang maipahayag ang salita ng Dios; Maging ang hiwaga na inilihim sa lahat ng panahon at lahi: datapuwa't ngayo'y ipinahayag sa kaniyang mga banal:

At nais kong basahing muli ang talatang iyon. Na sa kanila'y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito'y si Cristo na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian:

Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawa't tao at tinuturuan ang bawa't tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawa't tao; Na dahil dito'y nagpapagal din naman ako, na nagpipilit ayon sa kaniyang paggawa, na siyang sa akin ay gumagawa na may kapangyarihan.

53 Ngayon, bilang teksto nais kong kumuha mula rito, ito bilang isang teksto, batay sa kabuuan ng Biblia, ngunit nais kong pamagatan itong: Si Cristo ang Hiwaga ng Diyos na Nahayag. Si Cristo bilang hiwaga ng Diyos na nahayag. Ngayon, inihanda ko ito bilang isang araling pangPanlinggong Paaralan, upang sama-sama tayong makapagbasa at — magdaos ng pagtitipong ito.

54 Ngayon, ang lihim na hiwaga ng Diyos, na taglay na Niya bago pa nagpasimula ang mundo. Ngayon, sa likod ng kaisipan ng Diyos, may isang bagay Siyang sinisikap at nais ganapin, at mayroon Siyang motibo sa pagganap nito, upang maipakilala Niya ang Kaniyang Sarili. Sapagkat unang-una, wala pang buwan, bituin, atoma, molekula, o anumang bagay noon. Siya ay Diyos. Ngunit hindi pa Siya matatawag na Diyos sa pagkakataong iyon, sapagkat ang Diyos ay isang bagay na sinasamba, at wala pang anumang bagay noon na sumasamba sa Kaniya.

Kung kaya't, sa Kaniyang dakilang kaisipan, ay nais Niyang ipakilala ang mga katangiang ito. At nasa Kamya ang pag-ibig; nasa Kaniya ang pagiging Ama; nasa Kaniya ang pagiging Anak; nasa Kaniya ang pagiging Tagapagligtas; nasa Kaniya ang pagiging Tagapagpagaling. At ang lahat ng mga dakilang katangiang nakikita nating naipahayag na, ang mga ito ay nasa Diyos na.

55 Kung kaya, sa aking palagay, ang una Niyang ginawa ay ang mga Anghel. Nang magkagayo'y sumamba sila sa Kaniya, at Siya'y naging Diyos. At doon Siya nagsimula. Gaya ng mga nakaraang Mensahe, sinikap kong ipaliwanag ito, pagpira-pirasuhin ito. At ngayon, nang magkagayon, nang simulan ng mga anghel na sambahin Siya, ito ay bago pa man lumitaw ang isang molekula sa lupa. Wala pang kahit ano noon. Pulps kadiliman lamang. Wala pang araw, walang buwan, walang mga bituin, wala kahit ano, noon Siya ay Diyos. Kung paano Niya tinanong si Job, "Soon ka naroon nang ilagay ko ang mga

patibayan ng lupa, kita n'yo, nang samasamang nagsisipag-awitan ang mga bituing pang-umaga, nang ang mga Anak ng Diyos ay naghihiyawan sa kagalakan? Kita n'yo, ngayon nasaan ka?" Kita n'yo? Iyan ay noon pang bago lalangin ang lupa.

56 Ngayon, ang Diyos ay mayroong layunin at natatagong hiwaga. At iyan ang nais kong ipangusap sa Iglesia ngayong umaga, ang natatagong hiwaga ng Diyos na nasa kaisipan na Niya bago pa man magsimula ang daigdig, at kung paano itong nailantad hanggang sa kasalukuyang panahong ito na kinabubuhayan natin. Kita n'yo? 'Pagdaka'y mauunawaan ninyo nang malinaw, makikita n'yo, ang, sa aking paniwala, kung ano ang nagaganap.

57 Ang dakilang hiwaga ng Diyos kung paano, ito'y isang lihim. Pinanatili Niya itong isang lihim. Walang sinumang nakaaalam nito. Maging ang mga Anghel ay hindi ito naunawaan. Kita n'yo? Hindi Niya ito inihayag. Iyon ang dahilan, kung bakit sa ilalim ng ating ika-pitong hiwaga, nang ang ika-pitong tatak ay mabuksan, ay nagkaroon ng katahimikan. Si Jesus, nang Siya ay nasa lupa, nais nilang malaman kung kailan Siya darating. Ang sabi Niya, "Hindi ito. . . Maging ang Anak mismo ay hindi nakaaalam kung kailan ito mangyayari." Kita n'yo, ito'y sinarili ng Diyos. Ito'y isang lihim. At iyan ang dahilan kung kaya't nagkaroon ng katahimikan sa langit sa loob ng kalahating oras, at pitong kulog ang umugong, at pinagbawalan si Juang isulat ito, kita n'yo, ang Pagdating ng Panginoon. Iyan ang isang bagay na hindi pa Niya inihahayag, kung paano Siya darating, at kung kailan Siya darating. Isang mabuting bagay na hindi Niya inihahayag ito. Hindi.

58 Naipakita o naipahayag na Niya ito sa bawat tipo na nakapaloob sa Biblia. Kung kaya, ang buong Biblia ay ang kapahayagan ng hiwaga ng Diyos kay Cristo. Hum! Ang buong Biblia ay isang pagpapahayag ng isang layunin na taglay ng Diyos, isang hangaring nais Niyang makamtan sa kabuuan ng Biblia. At lahat ng mga gawa ng — ng mga mananampalataya sa Biblia ay nakapaloob sa pagtitipon, at ipinapahayag kung ano ang dakilang layunin ng Diyos, at ngayon sa huling araw na ito, ay inilantad Niya ito at ipinakita ito sa atM. At sa tulong ng Diyos, buweno, ay makikita natin ito rito mismo ngayong umaga, kung ano ang nasa kaisipan ng Panginoon simula pa noon, at kung paano Niya ipinahayag ito.

Kung kaya't, mauunawaan ninyo ang dakilang kahulugan ng mga i naganap at malalaman ito, at pagkatapos ay sisikaping maihatid ito sa mga tao. Kita n'yo? At pagkatapos ay hindi ninyo. . . Hindi ko pa ito naidetalye at sinubukang ipaliwanag ito kung paanong inihayag ito ng Diyos sa akin.

59 Ngayon, kung nais ninyo itong markahan. Napakarami kong bahaging nais basahin. At ngayon sa — sa Aklat ni San Lucas, ika-24 na kabanata ng San Lucas, makikita natin na. . . Ito yaong dalawa sa mga alagad na patungong Emmaus. At lumabas si Jesus, pagkatapos ng Kaniyart pagkabuhay na muli, at sila'y patungo sa — nasa daan patungo sa Emmaus, naglalakad sa daan, nag-iisip at nag-uusap, at nananangis dahil sa Kaniyang — Kaniyang kamatayan, at kung paano nilang nakita Siyang naghirap dahil sa bagay na inakala nilang walang anumang halaga; dinakip nila ang kanilang Panginoon at Siya'y ipinako sa krus. At — at sila'y naglalakad doon, na nananangis.

At tumabi Siya sa kalsada at nagsimulang mangusap sa kanila tungkol kay Cristo. Sabi niya, "0 mga taong haling, at makukupad umunawa. Hindi ba ninyo nalalaman na ang lahat ng mga propeta at ang mga Awit. . ." Kita n'yo, ano ang ginagawa Niya? Ipinakikilala ang Kaniyang Sarili sa mga apostol na ito, na ang lahat ng mga propeta, at ang lahat ng mga Awit, at ang lahat ng mga iyon, ay Siya, na naipahayag. Kita n'yo?

60 At ngayon ang dahilan kung bakit hindi ako nagsimulang mangaral ngayong umaga, ay sapagkat, inisip kong, sa pamamagitan ng pagtuturo, ay mas mauunawaan natin ito kaysa kung ako'y kukuha lang ng isang teksto at lalaktawan ito. Kaya't ituturo na lang natin ito.

61 Ngayon, sinasabi Niya na ang lahat ng Mga Awit at lahat ng mga propeta ay nangusap ukol sa Kaniya. Buweno, doon, kung gayon, ipinakikita nito na ang buong Lumang Tipan, ang buong Bagong Tipan, at ang lahat ng mga Awit, ang pag-aawitan, ang mga awit na inawit, ay inawit ukol sa Kaniya.

Kunin ninyo ang ika-22 kabanata ng Mga Awit, at awitin ito, at ihambing ito sa umaga ng pagkakapako sa krus. Kita n'yo, "Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Lahat ng Aking mga buto, tinititigan nila Ako. Tinusok nila ang mga paa Ko at ang mga kamay Ko." Gayunpaman, ang lahat ng mga bagay na iyon, inaawit nila ang Awit na iyon doon sa templo, at pagkatapos ay ipinako nila yaong Isang tinutukoy nila. Kita n'yo? Kita n'yo, yaong mga dakilang pinuno ng relihiyon, yaong mga dakilang tao, yaong mga dakilang guro, ngunit gayon na lamang ang pagka-bulag, na siyang bumabasa ng mga propeta at umaawit ng mga awit, at gumagawa ng krimen na sinasaaad ng mga ito na gagawin nito. Ganito rin ang nagaganap sa umagang ito!

62 Ngayon, makinig kayong mabuti, 'pagkat. . . Ngayon ni hindi ko papansinin ang sinasabi ng orasang iyan. Nais kong makuha ninyo ito. Kita n'yo? Hindi mahalaga sa akin iyan. Kita n'yo? [Ang Kongregasyon ay nagbunyi, nagsabi, "Amen."- Ed.] 115 Kung kaya't makikita ninyo rito, kung paanong sa pasimula, ang pinaka-kaisipan na nasa diwa ng Diyos, itinago Niya ito sa lahat ng mga pantas na iyon. At ang . . .

Kakaunti lamang, isang piniling predestinadong bilang, isang predestinadong lipi, ang siyang tanging nakarinig nito. At ngayon saliksikin ninyo sa Kasulatan pabalik sa panahon ng mga propeta, at tingnan ninyo kung hindi gayon din ang naganap. Kita n'yo? 116 Ngayon, at si Jesus dito ay itinuturo sila sa mga propeta at sa Mga Awit, sinabi Niyang ang lahat ng mga ito'y nangungusap ukol sa Kaniya. Kita n'yo? At dito ang mga Judiong gurong ito, mga rabi, mga dalubhasa ng kautusan, mga propesor, ay muling gumawa ng bagay na siya ring ginawa nila noon.

63 Ngayon pansinin, muli, ay sinabi Niya, "Saliksikin ninyo ang i mga Kasulatan, at ang mga ito ang siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin." Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, ang Mga Kasulatan, ang buong Kasulatan. Ano ang sinisikap kong gawin? Ang maipakita sa inyo na ang Bibliang ito ay ang bagay na tama.

64 Nu' ng isang araw, habang ako'y nakatayo sa isang silid ng ospital at nagsasalita, isang Kapatid na babae ang humiling sa akin na magpaliwanag ukol sa mga denominasyon, kung bakit tayo — tayo ay laban sa mga denominasyon, sa ilang mga taong tagadenominasyon.

Alam ninyo, kailangan nitong bumalik sa Salita, sapagkat ang Salita ay Diyos. Kita n'yo? At si Jesus ay gayon din ang ipmapahayag, na ang Salita ay Siya. Hindi mo maaaring pagsalungatin ang Kasulatan sa Kaniyang Sarili. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa-Diyos, at Salita ay Diyos. At, nagkatawang tao, ang Salita!" Kita n'yo?

65 Ngayon, dito'y sinasabi Niya, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, ang Mga Ito ang siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin. Iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong Buhay na walang hanggan, at iyan ay totoo "at ang mga ito ang nagpapatotoo tungkol sa Akin. At Ako ang nagpapatotoo tungkol sa kanila. At kung hindi Ko ginaganap ang mga gawang ipinangakong gagawin Ko ay huwag ninyo Akong pakinggan. Ngunit kung ginagawa Ko ang mga gawa at hindi kayo magsisisampalataya sa Akin, sumampalataya kayo sa mga gawa, sapagkat ang mga ito ang nangagpapatotoo na Siya ang Salita." 0, sa wari'y hindi na ito maaaring maging mas payak pa. Kita n'yo? Tama. Ngayon, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan." Sinabi Niya na si Moises at ang lahat ng kautusan, at iba pa, at ang mga propeta, at ang mga Awit ay nagpahayag tungkol sa Kaniya. At, muli, ay sinabi Niya na ang Mga Kasulatan ang nagpapatotoo tungkol sa Kaniya.

66 Siya ang pangunahing tema ng buong Biblia. Kapag binasa mo ang Bibilia at hindi mo nakita si Cristo sa bawat talata Nito, balikan mo at basahin Itong muli. Kita n'yo? Kung hindi mo makita si Cristo sa bawat talata ng Biblia, ay basahin mo Itong muli, sapagkat mayroon kang hindi nakita. Ang Biblia ay si Cristo. Siya ang Salita. Kapag binasa mo ang, "Nang sa pasimula ay nilikha ng Diyos," naroon si Cristo. Kita n'yo? Bawa't. . . Mula roon, hanggang sa "Siya Nawa" sa Apocalipsis, ay pawang mga Salita na nagpapatotoo tungkol kay Jesus Cristo. 122 Kung kaya't ang mg.a dinagdag na aklat na pinamagatang, "Ang Ikalawang Aklat ni Daniel, at ang — ang Aklat ng mga Makabeyo, at ang Purgatoryo ng mga Aggeo," at iba pang bagay na tulad nito, kita n'yo, ay hindi nabanggit sa Kasulatan. Kita n'yo? Hindi ito tumutugma sa ibang bahagi Nito. Walang lugar na paglalagyan ang purgatoryo roon. Walang lugar ang pamamagitan ng mga banal, at iba pang mga bagay-bagay, walang lugar doon para sa mga iyan. Walang lugar para sa denominasyon. Walang lugar para — para sa mga kredo na labas Dito, sa Biblia. Kita n'yo? Kung kaya't kapag nakita ninyo ang mga bagay na iyon, ang mga ito — hindi talaga kasama ang mga ito sa larawan. At iyan ang dahilan kung bakit idinagdag ito ng mga tao at nagkahalu-halo ang kanilang — kanilang — kanilang mga jigsaw puzzle. Kita n'yo? Hindi nila ito maiwasto, "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man!"

67 Ngunit kung ito'y mapagkakabit-kabit ng tama, mabubuo ang larawan ng pagkalugmok ng tao at ng pagbabagong-lubos. Ang buong larawan ng paglikha, at ang buong piano ng Diyos ay naipapahayag kay Jesus Cristo. Amen! Iyan ang buong larawang pinagkakabit-kabit, bawat munting liko at sulok. Tulad lang ito ng . . . Ngayon, hindi ko nais na maging walang pasubali, ngunit tulad ito sa pagbubuo ng jigsaw puzzle.

Kung kaya't mayroon tayong mga nakikitang larawan na nakahihindik. Anila, "Mananampalataya kami," at ang ilalarawan ay isang bakang nanginginain ng damo sa tuktok ng puno. Hindi maaari ito. 'Yun ay kapag sinabi nilang, "Oo, Siya'y lahat ng iyan, ngunit may kung anong. . . Siya ang kahapon, ngayon, at magpakailan man maliban sa isang bagay". Kita n'yo? Kung magkaganoon ay sinisira mo na ang iyong larawan.

68 Sinabi ng Biblia na hindi Siya nagbabago! Sa Juan 5 o sa San Juan 14:12, sinabi Niya, "siya," siya, sino man. "Ang sa akin ay

sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa." "Puwes, iyon ay para sa ibang panahon."

Hayan, mali na naman ang iyong larawan. Ang hawak mo'y larawan ng isang lalaking namimingwit doon sa disyerto, ng isda sa gitna ng mainit na buhanginan kung saa'y walang isda. Kita n'yo? Kita n'yo,

dapat ay ibalik n'yo siya kung saan siya nangingisda, sa Galilea, kung saan maraming isda, kita n'yo. Kita n'yo?

Ikaw — kailangan itama mo ang larawan. Ito'y dakilang larawan ng Diyos. At isa lamang ang paraan para ninyo ito makita, iyon ay, kapag nakita ninyo si Jesus Cristo. Hayun ang buong Biblia. Siya ang pangunahing tema ng Biblia.

69 Ngayon ay mapagtatanto ninyo na mula sa kahit alin sa mga bahaging ito ay makakakuha kayo ng teksto, at mahirap para sa isang mangangaral ang manahimik. Kadalasa'y tila nais niyang magpatuloy dito, ngunit kailangang balikan natin kung ano ang itinuturo natin.

Siya ang pangunahing tema ng Biblia. Siya ay nakapaloob sa Mga Propeta. Siya ay nakapaloob sa mga Awit. Siya ay nakapaloob sa kasaysayan ng Biblia. Ang Biblia ay isang Aklat ng hula. Ito'y isang Aklat ng kasaysayan. Ito'y isang Aklat ng pag-ibig. Ito'y isang Aklat ng—ng mga awit. Ito'y isang Aklat ng Buhay. At sa boob nito'y matatagpuan mo si Cristo. Siya ay nakapaloob sa mga propeta. Siya ay nakapaloob sa Mga Awit. Siya ay nakapaloob sa kasaysayan. At Siya rin, sa Biblia, ay nasa mga bagay na darating. Kaya nga, Siya'y naroon na bago pa man, at maging hanggang sa pagkatapos. Ano Siya kung gayon? Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

70 At kung magsisingit ka ng isang bagay Doon, magpapamali iyan sa "Siya rin ang kahapon ngayon, at magpakailanman," Kapatid na Lee, saan ka tutungo? Magiging napakapangit ng larawan mo roon. Sapagkat, Siya ang kasaysayan, kita n'yo, at Siya ang Propeta. Siya ang Mga Awit; Siya ang lahat ng mga bagay. At kung hindi ninyo Siya matanggap bilang lahat ng mga bagay, at hindi nagbabago, saan, ano ang kalalabasan ng inyong larawan? Nakikita ba ninyo ito? [Sumagot ang kongregasyon, "Amen."- Ed.] Tama!

71 Siya nga ang Bagay na Iyon! Siya ang mga propeta. Sumakanila Siya. Siya ay nasa mga Awit. Siya ay nasa kasaysayan, at Siya ang mga bagay na darating, "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man." Hebreo 13:8, kung sinusulat niyo ito. Siya dapat, kung gayon, ang pangunahing tema, kung tunay ngang Siya ay gayon. At ito'y pinaniniwalaan natin, hindi ba? [Sumagot ang kongregasyon, "Amen!"- Ed.] Kaya't kung Siya nga ay gayon, Siya ang dapat na maging pangunahing tema ng ating pagsasalita, ng ating pag-iisip, ng ating pag-aawitan, ng ating paglalakad. ["Amen."] Siya dapat ang maging pangunahing tema ng ating buhay. Kung Siya ay pangunahing tema ng Biblia, at ang Biblia ay nasa atin, kung gayon, siya dapat ang pangungahing tema ng lahat ng ating ginagawa, sinasabi, o iniisip, dapat ay maging si Cristo. Tama ba iyon? ["Amen."] Tama.

72 Dahil, ganito ang iniisip natin, dahil Siya'y naging Pangulo ng "lahat ng mga bagay" sa atin. Sinasabi ito ng Colosas dito. Siya ang pangulo ng "lahat ng mga bagay" sa atin. Dahil ginawa Siyang . . . Para sa atin, sapagkat itinuring tayong "lahat ng mga bagay." Sasabihin ninyo, "Paano naman ang makasalanan?" Siya ay ginawang Hukom ng makasalanan kung hindi niya Ito tatanggapin. Siya ay ginawang luwalhati para sa mananampalatayang tatanggap Nito. Kaya nga, "lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya, at para sa Kaniya." 133 At kakailanganin ang gabi upang ipahayag ang luwalhati ng araw. Kakailanganin ang sisidlan ng kahihiyan upang ipahayag ang — ang pag-ibig at pag-iingat para sa sisidlan ng dangal. Kakailanganin ang masamang babae, na nagsusuot ng mga imoral na damit at — at nagbibili ng kaniyang moral, upang ipahayag ang kabutihan ng isang disente't tunay na mayuming babae. Kita n'yo? Kakailanganin ang buktot at magnanakaw, sa isang tao, upang ipahayag ang katotohanan ng isang tunay na mananampalataya, ng isang tunay na Cristiano. Kakailanganin ang isang ipokrito upang maipakita ang mananampalataya, kung ano Siya.

73 Kaya, "Lahat ng bagay ay nalalang sa pamamagitan Niya." At dahil sa Siya ay ginawang lahat ng bagay. . . ginawa, para sa ating lahat; ang lahat ng mga bagay ay nalalang para sa, at sa pamamagitan Niya. At dahil sa ito'y totoo, dapat nating gawin na ang ating pagkakakilanlan ay (dapat) nasa Kaniya. Tayo mismo ay dapat makilalang kasama Niya, sapagkat ipinakilala Niya ang Kaniyang Sariling kasama natin. Dapat tayong makilalang kasama Niya. Paano? Sa pamamagitan ng pamumuhay para sa Kaniya; hindi lamang sa salita.

Napakaraming tao ang nag-aangkin, nagsasabi. . . masasabi kong humantong na ito sa ganito. Cristiano ka ba? "Ako'y Metodista." Puwes, 'yan ay napakalayong paraan upang maipakilala mo ang iyong sarili bilang Cristiano. Buweno, tingnan n'yo Lang kung ano ang ginagawa ng mga Metodista. "Baptist ako." Buweno, tingnan ninyo kung ano ang ginagawa ng mga Baptist. "Catolico ako." Tingnan n'yo kung anong ginagawa nila. Kita n'yo?

74 Ngunit ang tanging paraan upang ikaw ay maging Cristiano ay ang ipakilala ni Cristo ang Kaniyang Sarili sa katauhan mo. Mayroon tayong, ilang panusok doon! Sana'y lahat ng nakikinig sa teyp ay nakukuha rin ito! Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Sinasabi mo, "Pentecostal ako." Wala iyang kabuluhan.

75 Dapat si Cristo ang napagkikilala sa iyo. ka na Niya. Iyon ay kapag kinilala Sinasabi mo, "Nagsalita ako ng mga wika. " Ang mga diablo rin.

"Sumigaw ako." Ang mga Mohamedan, ang mga Budist, at lahat ng iba pa ay sumisigaw din. Ang mga Indian ay tumitili pag nagsasayawahas. Kita n'yo? Tiyak. Silang lahat ay gayon. Mga kulto, mga angkan, at lahat ng iba pa, ay sumisigaw at tumitili. Tumitili sila at sumisigaw sa isang laro ng beysbol.

Ngunit kung si Cristo ay napagkikilala sa iyo, ipinakikilala ang Kaniyang Sarili, kung magkagayo'y ikaw nga ay tulad ni Cristo. Na, siyang tunay na kahulugan ng salitang Cristiano, ang maging "tulad ni Cristo." Iyan ang iyong pagkakakilanlan. Tama. Ngayon, at dahil sa Siya ang ating pagkakakilanlan, kailangan nating makilalang kasama Niya, sa pamamagitan ng pamumuhay para sa Kaniya.

76 Pansinin, ang Diyos ay may tatlong luping layunin na napapaloob sa dakilang hiwagang lihim na ito. Ang Diyos, sa Kaniyang dakilang hiwagang lihim na taglay na Niya bago pa magpasimula ang sanlibutan, mayroon Siyang tatlong luping layuning nakapaloob dito. At ngayon, ang nais nating talakayin ngayong umaga, ay, ano ang tatlong-luping layuning iyon? Kita n'yo? Ngayon, naniniwala ako, na sa pamamagitan ng tulong ng. . . ng Diyos, na naririto ngayon, at Kaniyang — ipakikita Niya ito sa atin. Ngayon, kung mayroon Siyang tatlong layunin, nais nating malaman kung ano ang tatlongluping layuning ito.

77 Una, nais ng Diyos na ipahayag ang Kaniyang Sarili sa mga tao.

Hindi Niya magawa ito bilang dakilang Jehovang-Diyos na sumasakop sa lahat ng puwang, oras, at Kawalang Hanggan. Hindi Niya ito magawa. Siya'y lubhang napakadakila upang maipahayag sa tao, dahil ito'y magiging lubhang mahiwaga. Paanong ang dakilang Isang yaon na hindi nagpasimula. . . na kahit pa abutin mo ang siklo ng daang bilyon at trilyong taon ng liwanag at kalawakan, at hanggang doon sa 'di mabilang, tungo sa Walang Hanggan, at isang Nilalang na Siyang lahat ng iyon, at magpahanggang ngayon ay Siya pa rin iyon.

78 Ngunit ang nais Niyang gawin, inibig Niyang maging Ama, sapagkat Siya'y isang Ama. At ang tanging paraan upang maipahayag Niya ito ay ang maging Anak ng tao. Iyan ang dahilan kung bakit laging sinasabi ni Jesus, "Ang Anak ng tao". Kita n'yo, hindi nila alam kung ano ang ibig Niyang sabihin, marami sa kanila. Ngunit ngayon, nakukuha n'yo ba? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."- Ed.] Kita n'yo? Nais Niyang ipahayag ang Kaniyang Sarili. Iyon ang isa sa Kaniyang dakilang tatlongluping layunin, ay ang ipakilala ang Kaniyang Sarili, ipakilala ang Kaniyang Sarili kasama ng mga tao, upang ilantad ang Kaniyang Sarili kay Cristo.

79 Ikalawa, upang magkaroon ng tanging-kadakilaan sa Kaniyang Katawan ng mga mananampalataya, iyon ay, ang Kaniyang Nobya, upang Siya ay makapanahan sa tao.

80 Ngayon, maaari Niyang gawin iyon kina Adan at Eva, ngunit sila'y inihiwalay ng kasalanan, kung kaya't kailangang magkaroon ng ibang paraan upang maipanumbalik silang muli. Ay, naku! 0, ngayon, napakayaman nito, para sa akin, maging ang isipin man lamang ito. Kita n'yo? Nakikita n'yo ba kung ano ang layunin ng Diyos? Ngayon, bakit hindi na lang Niya hinayaan sina Adan at Eva sa gayong kalagayan? Kung magkagayon ay hindi Niya magagawang ihayag ang Kaniyang kapuspusan, ang buo Niyang katangian. 'Pagkat, bagamat Siya'y Ama na noon, iya'y totoo, datapuwat Siya ay dapat din namang maging Tagapagligtas. Sasabihin mo, "Paano mong nalaman na Siya nga ay gayon?" Siya ay gayon, 'pagkat naranasan ko na. Kita n'yo? Kita n'yo? Siya ay isang Tagapagligtas, at kinailangang maipahayag Niya iyon. At paano Niya ito magagawa? Sa pamamagitan lamang ni Cristo. Paano Siyang magiging isang anak na lalaki? Sa pamamagitan lamang ni Cristo. Paano Siyang magiging Tagapagpagaling? Sa pamamagitan lamang ni Cristo. Kita n'yo, lahat ng bagay ay humahantong sa isang Persona, kay Jesus Cristo. Ay, naku! Nang ako — nang ako.. .

81 'Pag naiisip ko ito, ako'y — nakikita ko ang mga denominasyon na nawawala sa eksena, at lahat ng iba pang bagay ay lumilipas, kita n'yo, kapag nakikita ko ang dakilang layunin ng Diyos, ang paglalantad ng Kaniyang Sarili. At kinailangang una Niyang ilantad ang Kaniyang Sarili kay Cristo, "ang kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa laman." At, pagkatapos, ay dalhin ang "kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa laman" na iyon, sa mga tao, upang magkaroon siya ng tanging kadakilaan, at pamamatnubay, at pangunguna.

82 Isa pa, nung gabi, kung hindi ninyo nakuha ang teyp, nangaral ako rito nu'ng isang gabi, tungkol sa, /sang Bilanggo ni Jesus Cristo. Si Pablo, isang bilanggo! Kita n'yo? Kapag kinuha ka ng Diyos upang maging bilanggo Niya, wala kang magagawang ano man maliban sa sinasabi ng Espiritu na gawin mo. Si Pablo, taglay ang lahat ng kaniyang dakilang katalinuhan, siya'y nagturo...tinuruan siya ni Gamaliel na maging isang dakilang saserdote o guro, balang araw. At matataas ang kaniyang mga pangarap. Sa katalinuhan, siya'y isang lalaking may dakilang kapamahalaan, isang dakilang tao sa bansa. Ngunit kinailangang isakripisyo niya ang lahat ng ito upang maging bahagi ng Salita, upang maipahayag si Jesus Cristo. Alam niya ang kabuluhan ng pagsasabi ng.. . 148 Naisip niyang tumungo sa isang lugar, may ilang kapatirang tumawag sa kaniya, ngunit hindi siya pinahintulutan ng Espiritu na gawin ang kaniyang sariling kalooban. 0, kung — kung ang mga taong kalahati man lang ng pagka-espirituwal ni Pablo ay makaunawa nito! Kita n'yo? Pinagbawalan siyang gawin ang sarili niyang kalooban. Ang tanging magagawa niya. . . "Pinagbawalan ako ng Espiritu." Kita n'yo? Siya ay bilanggo ni Cristo.

83 Tapos, mayroong isang manghuhula isang araw, na kilala niya, alam ni Pablo na may kapangyarihan siyang taglay upang itaboy ang diablong iyon, ngunit magagawa lamang niya iyon ayon sa kalooban ng Diyos. Araw-araw, sinusundan siya nito, naghihihiyaw sa likuran niya, ngunit isang araw, pinahintulutan siya ng Espiritu. Noon niya siya sinaway, ang espiritung nasa kaniya. Kita n'yo? Alam niya kung papaanong maging isang bilanggo.

84 Si Moises, ang kaniyang mga kaisipang intelektuwal, kailangan niyang maiwala ang mga iyon upang matagpuan si Cristo, upang maging isang bilanggo. At nang maitaboy nang lahat ng Diyos ang sanlibutan mula sa kaniya, at lahat ng kaniyang pagiging makapangyarihang lalaki, at nang siya'y tumayo sa Presensiya ng Haliging Apoy nang araw na 'yon, siya ay nasumpungang umid. Ni hindi nga siya, hindi niya magawang magsalita, ang sabi niya. Noon nagkar000n ng isang tunay na bilanggo ang Diyos. Kita n'yo? Huwag kayong susubok sa inyong sariling pagsasaliksik. Kung magkagayo'y kinailangang bigyan ng Diyos ang taong ito, pagkalooban siya ng kapangyarihang sapat upang makababa siya roon.

At ang sabi niya, "Panginoon, sinabi ko kay Faraon ang iyong bilin ngunit ayaw niyang sumunod."

Wika Niya, "Kung &ayo'y kunin mo ito, ang iyong tungkod," ang Diyos ang nagsasalita, iyo'y Salita ng Diyos, "pumaroon ka at itutok mo ito sa Silangan at tumawag ka ng mga langaw." At ang mga langaw ay nalikha, sapagkat mayroon Siyang isang bilanggo na hindi maaaring bayaran ni Faraon ng kahit magkano. Walang sinumang makapagpapaliko sa kaniya. Siya ay lubos na bilanggo ng mga kadena ng Salita ng Diyos, mahigpit na nakatali tanging sa ITO ANG SABI NG PANGINOON.

85 0, kung makakukuha lamang ang Diyos ng mga bilanggong tulad noon! Ngayon, doon lamang Niya maipapahayag ang Kaniyang pagkakaroon ng tanging kadakilaan, nakikita ba ninyo? Kaniyang, nadakip na Niya ang lalaki, o ang taong iyon, kung kaya't wala na siyang ibang nalalaman kundi si Cristo. Nakukuha n'yo ba kung ano ang ibig kong sabihin? [Kongregasyon, "Amen."— Ed.] Tama. Iyan ang pangalawa.

Una, upang ipahayag nang lubos ang Kaniyang Sarili, ang Diyos na nananahan kay Cristo.

Ikalawa, upang magkaroon tanging kadakilaan, sa pamamagitan nito, sa Kaniyang Iglesia, na Siyang Kaniyang katawan, ang Nobya, upang mapasakaniya ang tanging kadakilaan upang maipahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan nila. Tama.

At ikatlo, upang maisauli ang Kaharian sa marapat nitong kalagayan, na bumagsak dahil sa kasalanan ng unang Adan, sa dating kalagayan nito kung saan Siya'y lumakad sa lamig ng gabi, kasama ang Kaniyang bayan, nakipag-usap sa kanila, nakisalamuha sa kanila.

At ngayon ay naihiwalay sila ng kasalanan at kamatayan sa Kaniyang Presensiya at sa kabuuan ng Kaniyang pagpapahayag. Nababasa ba ninyo ito? Bago pa itinatag ang patibayan ng sanlibutan, upang maipahayag ang lahat ng Kaniyang — Kaniyang — Kaniyang katangian, kung ano Siya.

86 Kaya't kung may Trinitaryan man dito at luluwangan niyang sumandali ang kaniyang pag-iisip, mauunawaan mo na ang Ama, Anak, at ang Banal na Espiritu ay hindi tatlong Diyos. Ang mga ito ay tatlong katangian ng iisang Diyos. Kita n'yo? Iyon ay pagpapahayag. Bilang Ama, nais Niyang maging Ama. Siya ay naging Ama, Siya ay naging Anak, at Siya ngayon ay Banal na Espiritu. At ang Ama, at ang Banal na Espiritu ay iisang Espiritu. Hindi n'yo ba nakikita? Nakukuha ba ninyo?, [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."- Ed.] Hindi tatlong diyos. Ang mga demonyo ang nagturo sa inyo ng mga bagay na ito upang gawin kayong mga mapagsamba sa mga diyus-diyosan. Kita n'yo? Iisang Diyos iyon na naipahayag sa tatlong katangian. Ang pagiging Ama, Tagapagligtas, Anak, Tagapagpagaling, kita n'yo, ay Kaniyang mga pagpapahayag.

87 Nais kong magpalawig pa ng kaunti upang maging ang mga nakikinig sa teyp ay makaunawa at makita ito. Gugugol ako ng buong ikot ng orasan, para sa bawat isa sa mga paksang iyon. Ngunit umaasa akong naipapaliwanag ko ito nang maigi upang maunawaan ninyo kung ano ang nais kong tunguhan. Kita n'yo? 160 Ang Diyos, naipahayag kay Jesus Cristo, na Siya ring Ama, Anak, at Banal na Espiritu, ang "buong kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa laman." 161 Ngayon "ang buong kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa laman" ay nananahan sa Kaniyang Iglesia, ang tanging kadakilaan. Ang lahat ng nasa Diyos, ay isinalin kay Cristo; at ang lahat ng na kay Cristo, ay isinalin sa Iglesia, sa mga mananampalataya. 162 Hindi sa denominasyon! Dadako na tayo riyan sa loob ng ilang sandali, at aalisin nito ang mga ganitong kaisipan mula sa ating diwa magpakailanman, kita n'yo; ipapakita ko sa inyo kung ano ang sanhi nito sa tulong ng Diyos, kung pahihintulutan Niya tayo.

88 Ano na nga ba ang kaniyang layunin ngayon? Ang ihayag ang Kaniyang Sarili bilang Anak, kita n'yo, at ngayon, upang sa Kaniya ay manahan "ang kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa laman." Ako'y, nasa harapan ko ngayon ang akiat ng mga taga-Colosas. Kita n'yo? Iyan, sa lahat ng mga Kasulatan, iyan ang layunin ng Diyos. Nang magkagayon, at sa pamamagitan ng Buhay na Ito ng Anak, ang Kaniyang krus "ang Dugo," ang sabi rito, "ng Kaniyang krus," upang Kaniyang ipakipagkasundo sa Kaniyang Sarili ang Tsang Katawan, isang Nobya; na si Eva, ang ikalawang Eva. At ibinigay ito ng Diyos sa isang tipo na

tulad ng ginawa niya kay Moises at sa lahat sa kanila. Katulad din ng ginawa niya kay Adan at Eva, nagbibigay ng pagtitipo, na sila ang Cristo at ang Nobya. Siya ang ikalawang Adan; ang iglesia ang ikalawang Eva.

At kapag ang ikalawang Eva ay nakikipagkompromiso laban sa Salita, 'di ba't ginagawa rin niya ngayon ang ginawa ng unang Eva? [Ang kongregasyon ay nagsabi,"Amen."— Ed.] Pinipilit sabihing, "Puwes, iya'y para sa ibang kapanahunan." At dadako tayo riyan sa boob lamang ng ilang sandali, kung tunay ngang sinabi Niya na ito'y para sa ibang kapanahunan. Paano itong magiging para sa ibang kapanahunan, kung Siya ay "Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman"?

Ngunit iyo'y nilayon ng Diyos at "itinago sa mga mata ng mga maiingat at matatalino, at ipinahayag ito sa mga predestinadong sanggol" na nakatalagang tumanggap nito.

89 Iyan ang dahilan, masdan ninyo ang mga kapanahunang nagdaan, sa tuwing ang Liwanag na iyon ay sisinag sa Ilan, tinatanggihan nila Ito't itinataboy. At ang mga dakilang pantas at mga dakilang saserdote, na nangakatayo roon, naroroon ang mga rabi na naturuan ng mga dakilang guro't dalubhasa, na iba't-ibang uri, tulad ni Nicodemo at iba pa, isang taong aral, na hindi magawang maunawaan ito.

At naroon ang mga dakilang sasedoteng iyon na, nangakatayo, at mga rabi na naturuan sa Salitang iyon. Naku, alam nila iyon, ngunit sa isang intelektuwal na paraan! At sinabi Niya, "Kayo'y sa ama ninyong diablo, at ang kaniyang mga gawa ay inyong gagawin." Isipin ninyo ito, mga taong banal, hindi mo maaaring ituro ang iyong daliri sa anumang bahagi ng kanilang buhay, o sa buhay ng kanilang mga ama, o sa buhay ng kanilang mga lobo o sa buhay ng kanilang mga kanunu-nunuan. Kung mayroon man, sila'y nangamatay sa kahihiyan, sila'y binabato hanggang sa mamatay. Ngunit heto't nakatayo si Jesus, na tinatawag ang lupong iyon na "isang bungkos ng mga diablo," mga relihiyosong tao.

90 Ngayon, o, ang dakilang kapahayagan ngayon! Ngayon, upang maibalik muli ang Kaniyang pagiging malapit sa tao, upang maibalik ito, ngayon, kailangang hayaan Niya silang maligaw. Nauunawaan ba ninyo ito? Kinailangang hayaan Niya silang magkasala, bigyan sila ng kalayaan. . . Siya, Hindi Niya maaaring udyukan silang magkasala, at manatiling Diyos, at pagkatapos ay parurusahan sila sa kasalanang Kaniyang ipinagawa sa kanila.

Ngunit nang gawin Niyang kaakibat ang tao, at bigyan ng kalayaang mamili ng dapat gawin, kita n'yo, tulad din ng ginagawa Niya sa inyo ngayon. Kita n'yo? Kita n'yo? Makakakilos kayo ayon sa inyong nais; kayo'y malaya. Kaya't, kung gayon, kung ganoon ang ginawa Niya sa unang nilalang, ganoon din ang gagawin Niya sa ikalawa, ganoon ang gagawin Niya sa bawat isa, kundi'y mali ang Kaniyang ginawa sa pasimula pa lang. Kita n'yo? Datapuwat bawat isa ay nasa iisang batayan.

91 Ngayon, pansinin ninyo Siya, sa pagsasauli; at hinayaan Niyang gawin 'yon ng tao, at alam Niyang gagawin iyon ng tao, alam Niyang gagawin niya iyon. Ngunit, ano'ng ipinakikita nito? Inilantad nito ang Kaniyang katangian bilang Tagapagligtas. At ang buong layunin ay naibunton kay Jesus Cristo upang Siya'y maging. . . ang Diyos mismo, upang akuin ang parusa ng Sarili Niyang batas, kamatayan, upang mamatay upang matubos ang asawang babae na napahamak dahil sa pagtanggi sa Kaniya.

Nang lumayo si Eva sa Salita, lumayo siya sa kaniyang asawa. At kapag lumalayo ang iglesia sa Salita, patungo sa isang denominasyon, tumatanggi siya at nagkakasala ng pangangalunya sa daigdig ng karunungan ng tao, tinatanggihan ang kapamahalaan ng Salita ng Diyos. Maliwanag ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."— Ed.] Ang sabi ng Biblia, "Nagkakasala ng espirituwal na pakikiapid." Alin mang Salita sa Biblia ang tanggihan, o kaya'y lagyan Ito ng anumang pansariling interpretasyon, ito ay nangangahulugan ng lubusang pagtanggi at pagkakasala ng pakikiapid laban sa Diyos na iyong Asawang Lalaki. Ang isang babaing nakikiapid ay hindi kailanman makapapasok sa Kaharian ng Langit, alam natin 'yan. Ngayon, kita n'yo, gayon ang ginawa ni Eva nu'ng una pa man.

92 Ngayon, pansining muli, ngayon, ano ang Kaniyang tatlongluping layunin? Ang maipahayag ang Kaniyang Sarili kay Jesus Cristo; upang makatungo sa isang Katawan, sa pamamagitan ni Jesus Cristo upang magkaroon ng tanging kadakilaan; para (ano?) maisauli ang Eden, ibalik yaong nawala. Tanging iyon na lamang ang wala sa kaayusan. Ang lahat ng iba pa sa Kaniyang gamit ay nakaayos na.

Ngunit kinailangang hayaan Niya, ilagay ang tao sa isang kalagayang malaya, upang siya'y mahulog, nang sa gayo'y maging Tagapagligtas Siya, upang maipakita Niya kung ano ang nasa Kaniya, kita n'yo, ang Kaniyang katangian bilang Tagapagligtas. Kailangang may maligaw. At ang pangyayari ring iyon, na nahulog ang tao at naligaw, ang siyang nagbigay sa Kaniya ng pagkakataong maging Tagapagligtas ng mga ito, inako ang parusa ng Sarili Niyang batas. At hindi Niya ito magagawa bilang ang dakilang Jehova na sumasakop sa lahat ng puwang, panahon, kita n'yo, hindi Niya maaaring gawin ito. Kinailangang Siya'y maging tao. At Siya'y naging kalahi ng taong naligaw, amen, at naging isang Tao: nagkatawang tao ang Diyos!

Aleluia! Iniisip n'yo marahil na sobra lang ang tuwa ko; ngunit hindi. May kung ano sa kalooban ko.

93 Ang Diyos ay naging, mula sa pagiging Diyos, Siya'y naging ako, upang akuin ang aking kasalanan, upang gawin Niya akong Siya, amen, pabalik sa Kaniyang dakilang layunin na magkaroon ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos, sapagkat Siya ang Walang Hanggang Ama. Ang

katangiang iyon ay nasa Kaniya, kita n'yo, kaya't kailangan itong maipakita.

Ngayon nakikita n'yo ba ang kabuuan ng tatlong-luping layunin? Kita n'yo, upang maipahayag ang Kaniyang Sarili, nais Niyang maging. . . Ngayon, na — naligaw ang sanlibutan, ngayon, kailangan Niyang ipahayag ang Kaniyang Sarili sa isang Tao, upang maging isang Tagapagligtas, sa paraan ng pakikipagkasundo ng Dugo mula sa Kaniyang krus. Ngayon kinakailangan Niyang maging gayon, upang mamatay, upang makapagligtas at ibalik ang Kaniyang sarili sa Iglesia, at mapasa Kaniya ang tanging kadakilaan sa Kaniyang Iglesia.

94 Ngayon, alalahanin, ito'y hindi maaaring maging at hindi ito magiging, at hindi ito kailanman magiging at hindi ito kailanman naging isang denominasyon! Kailangan Niyang magkaroon ng tanging kadakilaan, at Siya ang Salita. Amen! Paanong maisisingit ang anumang kredo Rito? Ito'y isang. . . ginagawa nitong isang patotot ang iglesia upang tanggapin ang mga salita ng isang tao ukol sa anumang kredo o anumang denominasyon. Markado kaagad ito sa ika-labimpitong kabanata ng Apocalipsis bilang babaing haliparot at mga patotot; ang iglesia ng Romano Catolico bilang inang haliparot at ang mga iglesiang Protestante bilang mga babaeng patotot. Ito'y akmang-akma't kasing linaw ng kung paano ito babasahin ninuman. Natalakay na natin ang mga Kapanahunan ng Iglesia, at makikita ninyo ito sa mga — sa mga teyp kung nais ninyo. Akmang-akma. Kung gayon, anumang bagay na maglalahok ng kaniyang sarili sa isang kredong labas sa Biblia ay isang patotot sa paningin ng Diyos. At Kaniyang ginawa ang bagay na ginawa ni Eva; lumayo sa Salita, na si Cristo. Ay, naku! Tama.

95 Ngayon, nakikita na natin ang Kaniyang hiwaga na naikubli sa Kaniyang kaisipan, bago pa itatag ang sanlibutan. Ngayon, nais ba ninyong basahin ang ilang bahagi nito? Basahin natin ito. Marami pa ba kayong oras? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."- Ed.] Ating — atin itong babasahin. Ngayon, magbuklat tayo para sa isang pagbabasa, sa Aklat ng mga Taga-Efeso, at simulan natin sa — sa unang kabanata ng Mga Taga-Efeso. At ngayon, sa pagpapatuloy ng ating Araling Panlinggo patungkol sa tatlongluping pagpapamalas ni Cristo, basahin natin. Si Pablo, na apostol ni Jesus Cristo sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, .. .

Ngayo'y masdan ninyo, hindi ito patungkol sa sanlibutan, kundi; . . . sa mga Banal na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Cristo Jesus:

96 Paano kayo mapaRa kay Cristo Jesus? Sa pag-sanib ba sa isang iglesia? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Hindi." — Ed.] Sa pamamagitan ng isang Kapanganakan! "Sa isang Espiritu," Unang Corinto 12, "ay nangabautismuhan tayo sa isang Katawan." Kita n'yo?

Tama, sila ang kaniyang kinakausap. Hindi ito ukol sa mga taong labas. 'Di mo maaaring isaysay ito sa isang makasalanan, dahil wala siyang kamuangan tungkol dito. Hindi ipinatungkol iyan ni Pablo sa mga makasalanan. Ang sabi niya, "Ito ay doon — doon — doon sa lupong iyon na na kay Cristo Jesus." Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesus-Cristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu (saan?) sa sangkalangitan kay Cristo:

97 "Sa sangkalangitan." 0, sana'y may panahon pa ako! Narito, minarkahan ko rito sa Biblia ko ang tungkol sa Sangkalangitan. Ano ba ang sangkalangitan? Ang sangkalangitan, saglit lang, ay "ang kalagayan ng isang mananampalataya kay Cristo." kita n'yo, "kung saan ang mananampalataya ay nakatayo kay Cristo," sa sangkalangitan. Ayon sa pagkapili niya. . . (makinig nuzbuti). . . sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan,. . .

Kailan Niya tayo pinili? "Bago pa itatag ang sanlibutan," nang ang Kaniyang dakilang lihim na hiwaga, ang Kaniyang dakilang lihim. Hinirang na Niya tayo kay Cristo bago pa lalangin ang sanlibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa (ano?) pag-ibig: Na tayo'y (ano?) itinalaga niya nang una pa sa pagkupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban.

98 "Itinalaga!" Hayun ang hiwaga. Siya nga, bago pa lumitaw si Cristo ang anumang bagay dito sa lupa, makikita n yo ang Kaniyang dakilang hiwaga, na Siya ay humirang ng Nobya. Dahil alam Niyang si Eva ay malulugmok, dahil sa di paniniwala sa Salita, alam Niyang siya'y malulugmok; datapuwat Siya ay humirang ng isang Nobya na hindi malulugmok , na manghahawakan sa Salitang iyon kahit ano pa ang sabihin ng lahat ng iba sa sanlibutan tungkol Dito. Manghahawakan sila sa Salitang iyon. Sila'y naitalaga upang manindigan doon, "ang pagkukupkop ng mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na naitalaga upang manindigan doon, ang pagkukupkop ng mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo ang nagtalaga sa Iglesia para sa dakila at maluwalhating paninindigan.

99 Ngayon ba'y nakikita na ninyo ang kaniyang lihim? Para ano? Para ipanumbalik ang nalugmok na Eva, dahil siya ang paunang wangis ng iglesia. At ngayon pansinin, kung paanong binuksan ng Diyos ang tagiliran ni Adan upang ilabas si Eva, sa pamamagitan ng sarili niyang laman at dugo; at hinati ang kaniyang espiritu, mula sa pagiging lalaki't babae, tungo sa pagkababae, at inilagay ang bahaging babae kay Eva. Hinugot ang tadyang mula sa kaniyang tagiliran, at nilikha si Eva sa pamamagitan niyaon; kaya't gayon din ang ginawa ng Diyos, hinuhugot mula sa tagiliran ni Cristo, ang Dugo at ang tubig. At si Cristo ay ang Salita, at kinukuha ang Salita at binubuo ang Kaniyang Iglesia, si Eva; kita n'yo, ipinanumbalik muli sa Kaniyang Sarili, natubos ng Dugong nagmula sa Kaniyang Katawan. Nakikita n'yo na ba ngayon? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen."- Ed.]

Ang dakilang hiwaga ng Diyos na ngayo'y inilaladlad, na natago simula pa nang itatag ang patibayan ng sanlibutan, datapwat naisalarawan na sa kahabaan ng panahon ngayon. Ngayon masdan, makikita natin na, na Kaniyang — na ginawa Niya iyon. At dito sa mga taga-Efeso, at sa iba pang dako, datapuwat sapat na iyan upang kayo'y. . . Ngayon, sa mga panahong nagdaan, ay unti-unti Niyang inilaladlad ang hiwagang ito. Nakikita na ba ninyo ngayon? Ngayon, sa paglipas ng.. .

100 Paano Niyang nagawa? Ano na ang nangyari sa paunang pagsasalarawan ngayon? Binuksan Niya ang tagiliran ni Adan at kumuha ng bahagi ng kaniyang laman, na si Adan, upang malikha si Eva. Ang Nobya ay dapat maging Salita, sapagkat Siya ang Salita. Hindi siya maaaring tumayo sa mga kredo. Hindi siya maaaring tumayo sa denominasyon. Hindi siya maaaring tumayo sa mabuting asal. Kailangang tumayo siya sa Salita lamang, sapagka'k siya ay bahagi Nito. Siya ay kinuha mula kay Jesus Kita n'yo?

101 At upang makatiyak, na, ang kabuuan ng Pag-agaw ngayon; si Luther ay isang bahagi, si Wesley ay isang bahagi, ang mga propeta ay isang bahagi. Kung sila'y — hindi bahagi. . . Katulad ng kapahayagang binubuo nila, isang katawan, mga paa, mga daliri ng paa, mga bisig, at iba pa, hanggang sa Ulo (dadako tayo riyan sa ilang sandali), kita n'yo, iyan ang bubuo sa kabuuan ng Pag-agaw. Ito ang Katawan ng Salita, na si Cristo. Amen!

Sa labas Niyan, kayo'y ligaw. Wala akong pakialam kung gaano ka kabuti, o kung ano ang pakikipag-ugnayan mo, o kung anong pakikisama mayroon ka, o kung anong samahan ka kasapi, ika'y ligaw, malibang ang Salitang iyon ay mapasa-iyo.

102 "Kung kayo'y mananatili sa Akin, ang Salita, ang Aking Salita ay mananatili sa inyo, ay hilingin na ninyo ang anuman," sapagkat ikaw at ang Salita ay magkatulad. Taglay Niya ang mga kapamahalaan. Taglay Niya ang pamumuno. Ikaw ay isang . . . ikaw ay bilanggo Niya. Ang sanlibutan ay patay na. Wala ka nang iba pang. . . Kahit pa n'takita mo ang lahat ng tao na namumuhay ng marumi, ay hindi mo ito magagawa. Ika'y isang bilanggo. Ika'y napamatukan nang kasama Niya. "Malambot ang aking pamatok." Napamatukang kasama ni Cristo, kasama ng Kaniyang Salita. "Ginawa ko lamang kung ano ang. . . na nakalulugod sa Ama. At kung hindi kayo makapanampalataya na Ako nga Siya, kung magkagayon ay sumampalataya kayo sa Salita." Napakasakdal nito! Pansinin.

103 Pansinin ngayon, sa paglipas ng mga panahon, unti-unti Niya itong inilalabas, marahang miIaladlad ang hiwaga, sa pamamagitan ng mga propeta at sa pamamagitan ng mga pagtitipo. Ngayon ay maaari na tayong magpatuloy diyan, at, ipinamamalas ang Kaniyang Sarili.

Ipinahayag .Niya ang Kaniyang Sarili kay Moises. Tingnan n' yo si Moises. Isinilang siya sa panahon ng pag-uusig ng mga bata. Siya'y isinilang upang maging isang tagapagligtas. Siya'y itinago sa damuhan, katulad din naman ni Jesus na dinala roon sa Egipto. Siya'y lumabas. Pumanhik sa bundok, at nagbalik na dala ang mga Kautusan.

Si Jesus ay pumanhik ng bundok, ang kauna-unahan Niyang sermon, ang Sermon sa Bundok, nagbalik na taglay ang mga kautusan. "Narinig ninyong sinabi nila, silang mga matatanda, "Huwag kang mangangalunya.' Datapuwa't, sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang baba?, na taglay ang masamang hangad, ay nagkakasala na ng pangangalunya." Tagapagbigay ng Batas, Saserdote, Hari, Pinuno, akmang-akma!

104 Ipinahayag Niya ang Kaniyang Sarili kay Jose, na isinilang sa loob ng isang denominasyon, ang kaniyang mga kapatid. Kinamuhian nila siya, nang walang dahilan, dahil siya'y espirituwal. Nakakita siya ng mga pangitain. Ang Diyos ay sumakaniya. Nakapagpapaliwanag siya ng mga panaginip. At kinamuhian siya ng kaniyang mga kapatid. Siya'y ipinagbili sa ha — . . . ng kaniyang mga kapatid, sa halagang halos ay

tatlumpung piraso ng pilak. Kasing halaga ng pagkabenta ni Judas kay Jesus, isa sa Kaniyang mga kapatid, tatlumpung piraso ng pilak. Siya'y itinapon sa isang hukay at ipinalagay na patay na. Iya'y tama. Sinabi nila sa ama at sa iba pa na siya'y patay na. At siya'y inihulog sa hukay na ito; datapuwat iniahon, at lumuklok sa kanan ni Faraon.

Sa kulungan, siya'y labis na nagdusa roon! At — at may dalawang naligtas. . Ang mayordomo at ang

panadero, ang isa pala'y napahamak at ang isa'y naligtas. At ang — ang mayordomo. . . Ang isa sa kanila'y napahamak at ang isa'y naligtas. Tulad ng nangyari sa Krus, nang si Jesus ay nasa Kaniyang bilangguan, naibayubay sa krus para sa ating mga kasalanan, nang Siya'y maging isang bilanggo, ang isang magnanakaw ay napahamak at ang isa'y naligtas. Kita n'yo, katulad na katulad.

105 Pagkatapos ay. naluklok siya sa kanan ni Faraon, .ang haring kaniyang napanaginipan, na nagkaroon ng pangitain na Rya ay uupo sa paanan ng hari, at lahat ng kapamahalaan sa Egipto ay pinagkaloob sa kaniya. Ang kaniyang pangitain ay kinakailangang matupad. Maaaring pinag-isipan niya ito, nang maraming ulit, habang siya'y naroon sa — sa piitan doon sa ilalim. Nagtutubuan na ang mga balbas niya, at iba pa, datapuwat pinag-aralan niya ito. Isang araw, ang pangitain ay kinakailangang maganap.

Bagama't nagtagal, ito ay kailangang maganap! Tulad ng ipinangusap ko kagabi, o nung isang gabi, Miyerkules ng gabi dito sa gawain. Kita n'yo, kailangan itong maganap. Kapag sinabi ng Diyos, ito'y magaganap. Siya'y isang bindikadong propeta, at iyo'y nakatakdang maganap, dahil iyon ay Salita ng Diyos.

106 At ang Salita ay dumarating. tanging sa propeta. Ang salitang propeta ay nangangahulugang isang tagapaghayag ng nasulat na Salita ng Diyos, tulad ng isang manghuhula, kita n'yo, isang tagapangita. Pansinin. At ang tagapangita, kung paano, yaong alam mong nagsasabi ng magaganap, siya ay binibindika ng Diyos, at anumang makita niya, ay nagaganap. "Kung mayroong isang propeta, na nagsalita sa iyo na magsabi ng isang bagay na mangyayari, at kung hindi mangyari, huwag siyang pakinggan. Ngunit kung ito'y mangyayari, kung magkagayon, Ako'y kasama niya. Makabubuting katakutan mo siya, sapagkat Ako'y kasama niya, kita n'yo. Iyan ay akma. Naroon ang pagpapatunay, doon n'yo mapapatunayan kung iyo'y Katotohanan o hindi. 199 Ang Diyos ay tumutugon sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, sa Kaniyang bayan, sa pamamagitan ng tao. Kita n'yo, sa pamamagitan lang ng tao nangungusap ang Diyos. "Ako ang Puno, kayo ang mga sanga." Ang Puno ay hindi namumunga. Ang mga sanga, ang nagtataglay ng bunga ng Puno. Pansinin, laging ganoon ang nangyari.

107 Ngayon nalaman natin na si Jose, noon, walang sino man ang makahipo o makalapit kay Faraon nang hindi muna dumadaan kay Jose. "Walang makaparoroon sa Ama, maliban sa pamamagitan ng Anak." At nang umalis si Jose sa Luklukan, pinatunog nila ang mga trumpeta. "Bawat tuhod ay lumuhod! "Parating na si Jose!"

Luwalhati! At balang araw lahat ng tuhod ay luluhod, at bawat dila ay magsasabi, kapag Siya ay umalis sa Luklukan ng Kaniyang Ama, kita n'yo, upang pumarito. Ang bawat isa ay magpapatotoo na Siya ang Anak ng Diyos. Kung hindi mo. . . Ngunit huli na kapag nangyari iyon. Ngayon pa lang ay gawin n'yo na ito.

108 Ngayon, mapapansin natin iyan sa pamamagitan ng mga pagtitipo. Maaari nating gawing tipo maging si David, tulad ng ipinangusap ko kanina, nang siya'y bumaba sa kaniyang luklukan, itinakwil ng sarili niyang bayan, pumanhik sa bundok ding iyon, sa Bundok ng Olivo, na tila siya'y patungo sa kaniyang piitan. Siya ay tumungo roon sa kaniyang bilangguan dahil siya'y itinakwil ng kaniyang mga kapatid at ng sarili niyang bayan. Siya'y umakyat doon, na nananangis. Iyon ay ang Espiritu ni Cristong nasa kaniya, na tinatanggihan habang pinagmamasdan ang bayan ng Jerusalem at nanangis, na nagwika, "Jerusalem, makailang inibig Kong. . ." Isang haring itinakwil. Walong daang taon ang nakalipas, ang Anak ni David ay tumayo sa Jerusalem, doon sa itaas ng Jerusalem, at itinakwil, at nanangis para sa Jerusalem, at nagsabing, "Ngayon ang oras mo ay dumating na." Tama 'yon! Kita n'yo?

109 Ang lahat ng mga bagay na iyon ay tumipo sa Kaniya, tipongtipo, datapuwat nanatiling nakatago ang hiwaga. Hindi alam ng mga lalaking iyon ang kanilang ginagawa. Basta't ang alam lang nila ay pinapatnubayan sila ng Espiritu upang gumawa ng mga bagay. Ngayon, ito'y naikubli hanggang sa mga huling araw, para sa dakilang kapahayagan. Datapuwat, ipinahahayag ito; ipinahahayag ang Kaniyang Sarili sa katauhan ni Moises, at ni David, at ni Jose, at ni Elias, at sa lahat ng iba pa. Ika'y. . . maaari nating talakayin ang sinuman sa mga propetang iyon, at sa pamamagitan ng kasaysayan ng kanilang mga buhay ay ipakitang ipinahayag nila nang malinaw si Jesus Cristo, akmang-akma, bagama't hindi inilalantad nang lubusan ang Kaniyang lihim; at hinihintay ang mga huling araw upang ito'y ipabatid, tulad ng ipinangako Niya, hinihintay ang lubusang pagkaunawa ng mga ito, kita n'yo, bago Niya ito lubusang ipahayag, kapag isinaysay na Niya ang kabuuan. 204 Sapagkat, ang Biblia ay nasusulat sa mga hiwaga; pinasalamatan ito ni Jesus sa Ama, kita n'yo, dahil Ito'y nasulat sa mga hiwaga.

110 Ngayon, ang Pagparito ng Panginoon ay isang hiwaga. Hindi natin alam kung kailan Siya paririto, kung paano Siyang paririto, Jatapuw at alam nating Siya ay paririto. Kita n'yo? Kung kaya't ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay naghihintay para sa huling araw na ito. Matapos Siyang makumpleto, kung magkagayo'y magpapahayag Siya at ipakikita kung ano ang Kaniyang ginawa. Ay, naku! Hinding-hindi Niya ipinagkaloob ang Kaniyang hiwaga sa kabuuan nito. 206 Katulad lang ito nito, ang paghahambing ng mga Pitong Tatak. Ngayon, nang gamitin ng Diyos si Martin Luther para sa pagpapalabas para sa iglesiang iyon o para sa kapanahunang iyon ng iglesia, at nang gamitin Niya si John Wesley, unti-unti

Niyang inilabas sila at pinagpahayagan sila sa panahong iyon ng iglesia, nang tayo'y. . . kung babalikan natin ngayon ang Biblia, makikita natin. Ngunit sa mga huling araw kung bakit masasabing iyon ay isang bagay na napakatindi, ay dahil dito'y nangusap Siya tungkol dito at ipinakita ang mga Pitong Kulog na iyon. At ang Look at

111 Inilathala ng Life Magazine ang nabuong Pabilog na Ulap at Liwanag doon na hindi nila maunawaan, at hanggang ngayon ay hindi pa rin malaman ang sanhi. Datapuwat dito'y nagwika, "Magtungo ka roon at maghintay sa paghahayag ng mga hiwagang iyon," at dito sa dakong ito maraming buwan pa bago maganap ito, at ito'y naganap nang tugmangtugma kung paano Niya sinabing ito'y magaganap. Napansin ba ninyo sa litratong iyon? Maging ang Anghel na iyon sa gawing kanan nang Siya'y magpakita, bumababa, ang Kaniyang mga pakpak ay nasa likod at ang Kaniyang ulo ay nakatagilid, naroon iyon doon mismo sa litrato, kuhangkuha. Hang buwan bago ito naganap, ako'y napagsabihan na, na "Papagisahin Niyang lahat ang Kalipunan ng mga mananampalataya; upang ipahayag, kunin ang mga dulong buhaghag na iyon.

112 Dumating si Luther, ang tanging ipinangaral niya ay ang pagaaring-ganap, at ipinag-diinan ito sa panahong iyon. Hindi niya alam kung anong panahong iyon. Dumating si Wesley, at pinagdiinan niya ang kaniyang mensahe sa panahon niya. Kita n'yo? At napakaraming naging sanga nito, ang iba pang mga iglesia ay nagsisulpot. At dumating ang Pentecostes, nagbigay diin, sila'y nagsipagtatag ng

samahan at nagsibalik muli sa kamatayan; tatalakayin natin 'yan maya-maya, nagbalik muli sa "kamatayan".

At pagkatapos ay dumating ang kapahayagan ng hiwaga, upang ihayag kung ano ang kabuluhan ng lahat ng iyon. Kung saan nagmula ang iba't-ibang doktrinang ito, tulad ng si Luther ay nagpalabas ng katekismo at iba pa; at nagpalabas naman si Wesley ng ganito, ng gano'n at ng iba pa, at pati na ang iba pang mga bagay na ito; at at ang Pentecostes ay gayun din, nagdala naman ng organisasyon, at ng bautismo sa ngalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo" at iba pa; dahil hindi nila alam ang kaibahan, dahil. . .Nang magkagayo'y nagbalik sa mga huling araw at dinampot ang lahat ng mga hiwagang ito at malinaw na ipinaliwanag at ipinahayag ito. Bakit? Sa mga huling araw na ito nakatakdang maihayag ang dakilang hiwagang ito na pinakaingatan ng Diyos sa Kaniyang puso.

113 Nakukuha ba ninyo? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen." — Ed.] Kung hindi, ay pakinggan n'yong muli ang teyp na ito. Hindi ko alam kung gaano ko pa kayo katagal makakasama. Pakatandaan na ito ang Katotohanan, ng ITO ANG SABI NG PANGINOON. Ito ang Katotohanan. Ito'y ang Kasulatan.

Gaya ng pitong hiwaga ng Pitong huling Tatak, ang hiwaga ng mga ito. Napilas na ang mga Tatak, at ang bawat kapanahunan ay naganap na, at doo'y nag-iwan sila ng napakaraming pagsambulat. At ang Diyos, palibhasa'y 'di Niya niloob na Ito'y magpangalat, Siya'y nagbalik upang damputin ang mga bagay na iyon, ang mga katuruang kanilang pinasimulan, at inilabas ito at ipinahayag ang kabuuan nito. Katulad din ng ginagawa Niya ngayong paghahayag ng hiwaga ni Cristo, kung paanong Siya ang tatlong-luping layunin ng Diyos para sa Iglesia! Ay, naku! Inilalabas Siya; ipinahahayag!

114 Ang paghahayag, ang sabi ni Webster, ay ang "pagpapabatid. Ipabatid, lalo pa," ani Webster, "kung patungkol sa Makadiyos na Katotohanan," iyan ang kahulugan ng kapahayagan. Ang kapahayagan, ito ang kaparaanan ni Cristo ng pagpapakilala ng Kaniyang Sarili sa Kaniyang Iglesia.

Ngayon ay sasabihin natin, "Ngayon, Kapatid na Branham, sinasabi mo lang iyan." Ngayon, huwag nating sasabihing, sinasabi lang natin ito.

Ngayon pansinin, ipinakilala Niya ang Kaniyang Sarili kay Pedro. Ngayon kung gusto n'yong markahan Ito at tayo'y...Kung gusto n'yong basahin ito, atin itong. . . Babasahin natin kung ibig n'yo, ito'y nasa

Mateo 16:15 at 17. Sisipiin ko ito. Nang sila'y manggaling sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, ang sabi Niya, "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?"

115 "Ang ilan ay nagpapalagay na Ikaw si 'Elias,' at ang iba ay nagsasa ing Ikaw ay isa sa mga propeta', si Jeremias,' o ang iba sa kanila." Datapuwat hindi iyon ang itinatanong Niya.

Ang sabi Niya "Sino ba Ako sa inyong palagay ngayon?" Ngayon naroon ang Iglesia na Kaniyang kinakausap. Kita n'yo? "Ano ba ang palagay sa Akin ng mga tao?"

Sa araw na ito, "Isa siyang pilosopo; ang relihiyong panlipunang ito. Siya'y isang mabuting tao. Sa palagay nami'y tama ang Kaniyang mga aral. Ito'y isang paksang dapat ipamuhay. Palagay ko'y makabubuti sa 'ting lahat kung susundin natin ito. Dapat tayong magkaroon ng simbahan, ng ating — ng ating mga iba pa." Iya'y Santa Klaws, tulad sa kuwentong Santa Klaws.

Hindi dapat ang mga pagpapahayag ng kung anong simbahan ang dapat nating ipahayag. Ito ay buhay na hindi ikaw ang namumuhay, datapuwat Siya'y papasok sa 'yo at nabubuhay Siya sa Kaniyang

Sarili, at ikaw ay magmimistulang isang bilanggo; ngunit hindi ng kung sinong intelektuwal na nilalang. Pinangungunahan ka ng Espiritu. At paano mong malalaman?

116 Ngayon, sasabihin mo, "Maaaring malaman ko na ako'y nawawala sa sariling katinuan. Maaaring ang isang taong nawawala sa sariling katinuan ay gayon ang ginagawa."

Datapuwat kung taglay mo ang diwa ni Cristo, ipahahayag ni Cristo ang Kaniyang Sarlll sa pamamagitan mo, ipakikitang Siya iyon at hindi . . . hindi mo naiwala ang iyong pag-iisip.

Ang iba, dahil sa mga ilusyon ng mga bagay ay tuluyan nasisiraan ng bait. Puwes, iyan, alam nating iyan ay mali. Demonyo iyon na pilit ginagaya ang tunay na bagay bago pa ito dumating. Kita n'yo? Sila sa tuwina'y mga bogus. Kita n'yo?

Datapuwat ang tunay na lalaki, at ang mawala sa kaniyang sariling diwa at kaisipan! Hindi para magmistulang bulag na gaya no'n. Hindi po. Ika'y dapat lumapit ng nasa tamang katinuan, at sasakupin ka ni Cristo at ipahahayag ang Kaniyang Sarili. At ngayon, sa sanlibutan, ikaw ay isang taong baliw.

Ngayon, kung ikaw ay baliw, ikaw nga'y tunay na baliw, kung magkagayo'y wala, hindi ka lubusang madadaig ng diablo. Ipagagawa niya sa 'yo ang lahat ng bagay na laban sa Salitang ito. 224 Datapuwat kung si Cristo ang mananakop sa iyo, ipahahayag Niya ang Salitang iyon sa pamamagitan mo sapagkat Siya iyon. Siya ang Salita! Kita n'yo? At sa ganoon ay makikita mo ang paghahayag ni Cristo. Hindi ang kung anong ilusyon, kundi ang totoong tunay na Cristo na nagpapahayag ng Kaniyang Sarili sa pamamagitan mo. Anong ganda!

117 Ngayon masdan. Ang sabi Niya, "Ano ang sabi ninyo kung sino ako?" Tinatanong Niya ang Iglesia, ang Kaniyang labindalawa. Sa milyunmilyong mga taong nasa panahong iyon, tinanong Niya ang labindalawa, ang Kaniyang Iglesia. Sa milyun-milyong nabuhay sa panahon ni Noe, wawalo ang tinanong Niya. A-ha. Kita n'yo?

At sinabi Niya, "Kung paano ang mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng tao, kita n'yo, kung saan wawalong kaluluwa ang naligtas."

Hindi ko sinasabing wawalo lang ang maliligtas ngayon. Huwag sana kayong mamali ng pang-unawa. Hindi ko kailan man sinabing gano'n. Hindi ko alam kung ilan ang, ang maliligtas sa, na iyan ay . . . sa huling sandaling iyon ng — ng pag-agaw sa munting lupong iyon. Iyo'y magiging isang munting lupon lamang, sasabihin ko sa inyo 'yan. "Sapagkat makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon."

118 Datapuwat kapag ang dakilang tinubos na Katawan sa lahat ng mga panahon ay pumaitaas, ito'y magiging isang dakilang karamihan doon! Inihayag ito ng Apocalipsis 7 na ito'y "Ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sino man," sa lahat ng mga panahon ay nagbangon, yaong mga nagsilakad sa Liwanag ng Biblia sa abot ng pagkakapahayag sa kanila. At ngayon, alam natin na higit na Liwanag ang taglay ni Wesley kaysa kay Luther. Alam nating ang Pentecostes ay higit na maliwanag kaysa kay Wesley. Kita n'yo? Tiyak, ito'y nakahihigit.

Dahil unti-unti itong kumakawala, tulad ng naganap sa mga propeta nu'ng una, at iba pa, hanggang sa ito'y lubusang maipaalam, "ang kapuspusan ng Pagkadiyos kay Cristo."

At ngayon, ang Cristo sa Iglesia ay ngayon pa lamang naipapabatid. Ang kabuuan ay ang kapahayagan ng Diyos upang dalhin si Eva pabalik sa dapat niyang kalagyan, kasamang muli ang kaniyang Asawang Lalaki. Pansinin, at ang Diyos ang asawa ng Iglesia, at ang Iglesia ang Kaniyang Nobya.

119 Ngayon, si Pedro', nang siya'y tawagin, ay nagsabi, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay."

Ngayon,"Mapalad ka, Simon Bar-Jonas" ang sabi, na ang kahuluga y "anak ni Jona," Kita n'yo? "Mapalad ka, sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo. Hindi mo ito natutunan sa kung saang paaralan. Bagkus ang Aking Amang nasa Langit ang nagpahayag nito sa iyo." Pansinin ang sinabi Niya sa Kaniya, "Sa ibabaw ng batong ito..." lyon ay si Pedro ang naitalagang Binhi ng Diyos na nakatanggap ng Liwanag na ito, at napagkalooban ng mga susi sa Kaharian. "Sa ibabaw ng batong ito ng kapahayagan kung Sino si Jesus Cristo," Siya ang kabuuan, naipamalas na Diyos. "Sa ibabaw ng batong ito. . ." Hindi sa Ama,.,Anak, at Espiritu Santo; at ng Kaniyang pagiging ikalawang Persona. "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang pintuan ng hades ay hindi makagigiba Nito, hindi makapananaig laban Dito." Kita n'yo? "Itatayo Ko ang Aking Iglesia sa ibabaw ng batong ito," isang kapahayagan ni Jesus Cristo.

120 Tingnan, kung si Cristo'y nasa inyo, Siya ang magiging sentro ng Buhay ng kapahayagan. Kita n'yo? Kung ang Buhay ni Cristo ay nasa inyo, Siya ang magiging Sentro ng kapahayagan. Si Cristong nasa Biblia ang dahilan upang ang Biblia ay maging buong kapahayagan ni Cristo. Si Cristong nasa inyo ang

dahilan upang kayo'y maging lubos na kapahayagan ng kabuuan nito, kita n'yo, kung ano ang pinagsisikapang gawin ng Diyos.

Ano ba ang bagong Pagsilang kung gayon? Sasabihin mo, "Buweno, Kapatid na Branham, ano ang bagong Pagsilang?" Ito ay ang personal na kapahayagan ni Jesus Cristo sa 'yo. Amen! Hindi dahil sumali ka sa isang iglesia, nakipag-kamay ka, gumawa ka ng isang bagay na kakaiba, umusal ka ng isang credo, nangako kang tutupad sa isang — isang kodigo ng patakaran. Kundi si Cristo, ang Biblia. Siya ang Salita na naipahayag sa iyo. At kahit ano pa ang sabihin ninuman, anuman ang mangyari, ito'y si Cristo; pastor man, pari o sino man siya. Ito'y si Cristo na nasa iyo, iyan ang kapahayagan kung saan ang Iglesia ay naitatag.

121 Sasabihin mo, "Buweno, ako'y Lutheran, ako'y Baptist, ako'y Presbiteryan." Walang saysay iyan, isa mang [pinasaltik ni Kapataid na Branham ang kaniyang mga daliri- Ed.] ganiyan sa harap ng Diyos, ni katiting man, ni saltik man ng inyong mga daliri

Ano ito? Ito'y Si Cristong naihahayag, at Siya ang Salita. At kapag ang Salita ay nalantad, ipinahahayag Nito ang Kaniyang Sarili. Kita n'yo? Ang layunin ng Diyos para kay Jesus Cristo ay ang ipahayag Niya ang Kaniyang Sarili, ang kunin ang Kaniyang sariling mga Kautusan, at ipamuhay ang Kaniyang mga kautusan, ipa — .. . at tuparin ang Kaniyang mga kautusan sa pamamagitan ng kamatayan. At si Cristo, ang Diyos, ay namatay sa laman upang hatulan ang kasalanan sa laman, upang makapagdala Siya sa Kaniyang Sarili ng isang maluwalhating Nobya, na natubos pabalik, na sasampalataya tanging sa Salita ng Diyos lamang; at hindi Ito ipagpapalit, tulad ng ginawa ni Eva, sa mga intelektuwal na kaisipan ng tao. Nakikita n'yo ba ito? Iyan ang kaisipan ni Cristo. Iyan ang kaisipan ng Diyos. Ipinapahayag ito ng bagong Pagsilang.

122 At, kung sasabihin ng isang tao na siya'y isinilang na muli at pagkatapos ay susubukang ilagay ang mga pangakong Ito ni Cristo, para sa mga huling araw na ito, sa iba pang panahon, gagawin Siyang si Cristo kahapon ngunit hindi ngayon, kung gayon ang lalaking iyon o ang taong iyon ay napailalim na sa isang — isang panlilinlang ni Satanas. At kung sasabihin ng taong iyon na sumasampalataya siya Roon, at pagkatapos ay hindi naman naipapahayag ito sa pamamagitan niya?

Sinabi ni Jesus, sa Marcos 16, "Ang mga tandang ito'y magsisisunod sa mga nagsisisampalataya; sa buong sanglibutan, at sa bawat panahon," Nagpapalayas ng diablo at nagsasalita ng iba't ibang wika, at — at lahat ng mga dakilang pagpapamalas ng mga kaloob na magsisisunod, na, "ang mga ito'y gagawin nila!" Hindi, "baka sakali, kundi dapat ay magawa nila." "Gagawin nila!" At ang langit at lupa'y lilipas, datapuwat ang Kaniyang Salita'y hindi.

123 Kung kaya't si Cristo ang nagpapahayag ng Kaniyang Sarili sa indibiduwal, maging siya'y intelektuwal o kaya siya'y — 'di niya alam ang kaniyang A BA KA. Kalahati sa mga apostoles ay hindi nakakaalam niyon, kita n'yo, ngunit kilala nila si Cristo. Hindi nakinig kailan man ang mga tao kina Pedro at Juan, dahil sila'y nagmula sa kung saang seminaryo. Ang sabi nila, "Nakinig sila at napag-alaman nila na sila'y nakasama ni Jesus," nang pagalingin nila ang lalaking lumpo, kita n'yo, sa pintuang bayan. Napagtanto nila na sila — sila'y nakasama ni Cristo.

124 Ang bagong Pagsilang ay si Cristo, ito ang kapahayagan. Ipinahayag sa iyo ng Diyos ang dakilang hiwagang Ito, at iyan ang bagong

Pagsilang. Ngayon, ano ang gagawin mo kung matitipon mo ang lahat ng lupong iyon, kung saan ang kapahayagan ay napakainam ng daloy, at ipinapahayag ito ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Salita sa pamamagitan ng gayunding mga gawa, gayunding mga bagay na Kaniyang ginawa, na ipinapamalas ang Salita! 0, kung nalalaman lang ng Iglesia ang Kaniyang katayuan!Minsan isang araw, malalaman din Niya ito. 'Pag nagkagayon, magaganap na ang Pag-agaw kapag nalaman na nito kung ano ito. Ngayon ay pansinin.

Sasabihin mo, "Kapatid na Branham, ngunit iyan — iyan ay hindi .. ." Ay, opo, iyan nga po'y sadyang ganiyan. Iyan ang Katotohanan.

125 Napansin ba ninyo? Hindi kailanman nakilala ni Pablo si Jesus, sa pisikal. Hindi Siya kilala ni Pablo. Ang tanging paraan ng pagkakilala sa Kaniya ni Pablo ay sa pamamagitan ng kapahayagan, sa pamamagitan ng isang pangitain. Tama ba? [Kongregasyon, "Amen."] Nakilala lamang ni Pablo si Jesus sa pamamagitan ng kapahayagan, katulad ng nangyari kay Pedro.

Nakita siya ni Pedro sa laman, ngunit hindi niya Siya nakilala sa pamamagitan ng laman, 'pagkat sinabi ni Jesus. "Hindi laman at dugo ang nagpahayag sa iyo ng bagay na ito. Maging ang Aking Sariling buhay ay hindi nakapagpahayag sa iyo. Kundi ang Aking Amang nasa langit ang naghayag nito sa 'yo, na Siya ang Salita ng Diyos, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia." Hindi Siya nakilala ni Pedro sa laman. Ang lalaking iyon ay lumakad ng kasama Niya; nakahipo sa Kaniya at lahat.

126 May taglay na isang bagay si Pablo na higit na dakila kaysa alin mang taglay ng sino mang apostol.

Kita n'yo? 245 Ang sabi nila, "Puwes, ako'y — mas higit ang kapahayagan ko kaysa sa iyo, Pablo, dahil, alam mo na, kasama ko Siyang naglakad. Nakasama ko Siyang mangisda, isang araw. Narinig ko Siyang nagsalita. Kasakay ko Siya sa isang daong, at ang sabi pa nga Niya sa akin, Halika rito at mangingisda tayo sa dakong ito, at huhuli tayo ng higit pang maraming isda.' At nakahuli nga kami." Kita n'yo? Kita n'yo? "Nakita namin Siyang gumawa ng mga bagay."

Datapuwat nakita Siya ni Pablo matapos na Siya'y mamatay, mailibing, at magbangong muli, at nagpahayag ng Kaniyang Sarili sa anyo ng isang Haliging Apoy na umakay sa mga anak ni Israel. Dahil alam niya. . . si Pablo, palibhasa'y Judio, disin sana'y hindi niya Siya tinawag na "Panginoon" kung hindi niya nakita ang pagkakapahayag, Siya'y nagbalik sa dating anyo, katulad kahapon, ngayon at magpakailanman. Ang sabi Niya, "Pablo," sa ibang pangungusap, "Ako pa rin ang dating Diyos na Ako kahapon. Narito Ako, sa dati ring Liwanag, ang Haliging Apoy na kinausap ni Moises, sa punong nagliliyab." Kaya nga ba't napaghiwalay Niya ang kautusan sa biyaya, doon sa Aklat ng mga taga-Hebreo; nakatagpo niya ang Haliging Apoy ding iyon. Ang sabi Niya, "Ako'y si Jesus, Na iyong pinag-uusig."

127 At narito Siya sa araw na ito, sa gayon ding paraan, sa pamamagitan ng Haliging Apoy ding iyon, na ipinamamalas ang Kaniyang Sarili at binibindika ang Kaniyang Sarili na Siya'y dati pa rin, ipinapahayag ang hiwaga ng Diyos na naitago simula pa nang itatag ng sanlibutan! Nakikita n'yo ba ito?

Nakilala lamang Siya ni Pablo sa pamamagitan ng — nakilala Siya sa pamamagitan ng kapahayagan. Nakilala Siya ni Pedro sa pamamagitan ng kapahayagan.

Siya'y kasama Niyang lumakad, nakipag-usap sa Kaniya. Kung gayon, ay maisasaayos mo ang Salitang ito. Ngayon, kasasabi ko pa lang na Siya ang Salita. Ngayon, ang isang iskolar ay makauupo at makababasa ng Salitang iyon hanggang sa maitali niya ang isip mo sa ano mang paraang ibig niya, kita mo, kung nais niyang gawin ito, 'pagkat siya ay mahusay, matalino. Halimbawa, ang isang paring Catolico, o, hindi pa nga gasino 'yon, isa na lang kayang tunay na sanay na teologo sa Biblia. Isang, Kapatid na Baptist, o isang Presbyterian, o kung ano, magagawa nilang ipaisip sa iyo na wala kang alam na kahit ano, kita n'yo, 'pag dating sa talakayan. Ano? Kita n'yo, dahil nakilala niya Siya, sa laman, ang Salita.

128 Datapuwat ang tanging paraan upang maligtas ka ay ang makilala Siya sa pamamagitan ng kapahayagan! 251 Kung magagawa kong kunin, puwede kong tayuan ang doktrina ng Presbyterian at ipitin kayong mga Pentecostal hanggang sa hindi n'yo na malaman. Maaari kong tayuan ang doktrina ng Baptist at ipakita sa inyong mga Pentecostal ang isang milyong mga bagay na hindi n'yo nalalaman. Iyan ay tama, ngunit hindi gano'n iyon. Hindi gano'n ang Kaniyang Iglesia.

Ang Kaniyang Iglesia ang Pagpapahayag ng Kaniyang Sarili, (Amen! Nakikita n'yo ba ito?), at ipinahahayag Mismo ng Salita, na Siya ay Diyos.

129 Paano mo sasabihing, "Ama, Anak, at Espiritu Santo," kung gayon, at mabautismuhan dito? Mga hiteno! Tama! Paano mo sasabihing kilala mo si Jesus Cristo, Siya ang Salita, gayong, walang isa mang Kasulatan sa Biblia, saan man ay may kung sinong nabautismuhan sa Pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo?"

At kayo — kayong mga Jesus-only, na ang pangalang "Jesus" lang ang ginagamit sa bautismo! Ako mismo ay may kilalang apat o limang mga Jesus. Nakita n'yo na kung saan kayo inakay ng inyong mga denominasyon? Sa kadiliman, ang pagpapahayag ni Cain, na naghandog ng mga bungang kahoy sa halip na dugo.

130 Datapuwat ang kapahayagan ay dumating sa pamamagitan ng Dugo, kita n'yo, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na Siyang Dugo ng Diyos, nilikhang Dugo sa sinapupunan ni Maria. At nakilala Siya ni Pablo sa pamamagitan ng kapahayagan, Iyan ang paraan upang makilala natin Siya ngayon, ang tanging paraan upang makilala mo Siya. Huwag mong sabihing, "Ako'y Metodista." Walang kabuluhan iyan. "Ako'y Baptist." Walang kabuluhan iyan. "Ako'y Catolico." Walang kabuluhan iyan. Datapuwat sa pamamagitan ng kapahayagan, na ang Diyos ay naghayag ng Kaniyang Salita sa 'yo! Siya ang Salita. At ang Salita, paano mo malalamang ito'y naihayag na, ipinamumuhay Nito ang Kaniyang Sarili at ipinapahayag ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan mo. 0!

Malaon nang nalimutan ng mga iglesia ang dakilang kapahayagang iyan. Iya'y tama. Ang kapahayagan ng Katotohanan, nalimot na nila ito. Nagsitungo na sila sa.. .

Ngayon, nang si Luther ay lumitaw, siya'y isang magiting na lalaki. Taglay niya ang kapahayagan ng araw na iyon. Ngunit ano ang nangyari? May mga Rickies na pumasok, na ang mga buhok ay flat-top, gaya ng tawag natin diyan ngayon, at mga Rickettas at lahat na, nakapasok doon. At — at — at, namalayan mo na lang, nariyan na ito.

131 Ang salitang iyan, kung — kung alam n'yo lang ang talabilangan ng Biblia, at alam n'yo ang ibig

sabihin ng Elvis o — o Ricky sa kasulatan! A-ha. Tulad ng bakit ginawa ni Jesus. . . Sasabihin mo, "Walang kahulugan 'yan, ang iyong pangalan." Wala nga ba? Ang pangalang iyon ay laan talaga para lamang sa huling mga araw na ito, para sa mga taong ito sa huling mga araw.

Bakit pinalitan ni Jesus ang pangalan ni Abram ng Abraham, kung gano'n, ng Sarah ang kay Sarai? Bakit Niya pinalitan ang Saulo ng Pablo? Bakit Niya pinalitan ang Simon ng Pedro, at iba pa? Kita n'yo, tiyak na ito'y may kahulugan.

Ang pangalang iyon ay hindi mabibigkas hanggang sa dumating ang araw na Ito. Iyan ang dahilan kung bakit mayroon tayo ngayong mala impiyernong bagay sa sanlibutang ito, dahil sa mga bagay na tulad nito. Ang buong sangkatauhan ay bulok na. Ito'y — wala na ito, kita n'yo, at iyan ang dahilan kung bakit ito nagkakaganito.

132 Pansinin ngayon, tama siya, si Luther ay tama sa kaniyang panahon, at mayroon siyang kapahayagan: datapuwat pagkayaongpagkayao niya, tingnan ninyo ang ginawa nila. Si Wesley ay may mensahe; tingnan ninyo kung ano ang nagawa nito. Ang mga datihang sinaunang Pentecostal ay mayroon ding mensahe; tingnan ninyo kung ano ang ginawa nila. Nagtipon sila ng mga kalalakihan, katulad na katulad ng kung ano ang.. .

Ang Diyos, sa pamamagitan ng biyaya, ay nagpadala sa Israel ng isang Haliging Apoy, isang propeta, isang hain, at ipinakita ang Kaniyang Sarili sa kanila, at inilabas sila mula sa Egipto, patawid sa Dagat na Pula. At nagnasa sila ng isang kautusan, upang magkaroon sila ng mga magigiting na taong matataas, at sila'y maging bahagi nito. At ano ang kanilang ginawa? Naiwan sila sa isang sa loob na apatnapung taon, upang maglagalag, at wala ni isa man sa kanilang organisasyon ang nakatawid.

133 Sina Caleb at Josue, ang tanging dalawa na nanindigan at nagsabing, "Kaya nating sakupin ito, tingnan ang Salita ng Diyos."

Ang bawat isa sa kanila'y nangamatay sa ilang. At sinabi ni Jesus na sila ay napahamak na Magpakailan man, tama, iyon ay matapos na ipakita Niya ang Kaniyang mga pagpapala at kapangyarihan sa kanilang mga panahon; tulad nina Luther, Wesley at iba pa. Ginawa ba Niya iyon? Ang sabi nila, "Nagsikain ang aming mga Ama ng mana sa ilang."

Ang sabi Niya, "At sila'y, bawat isa sa kanila ngayo'y patay na." Iyon ay, nahiwalay na sa Diyos Magpakailan man. Ang kanilang mga bangkay ay napahamak sa ilang. Kita n'yo? "Sila'y patay na. Ngunit ako ang Tinapay ng Buhay na bumabang galing sa Diyos mula sa Langit." Hindi nila ito makita. Hindi talaga nila ito makita.

134 Tama, malaon nang nalimutan ito ng iglesia. Tinanggap nila ang mga intelektuwal na mensahe, mga taong marurunong, pagsapi, kaalaman, sa halip ng kapahayagan ng Katotohanan ng Salita.

Ngayon ay tingnan n'yo ito, ang sasabihin nila ngayon. Naniniwala ka bang ang Diyos ay nag-utos sa atin upang humayo sa buong sanlibutan, at magpagaling ng mga maysakit, at ipangaral ang Ebanghelyo, at magpalayas ng mga diablo? "0, o, siya nga,

135 Isang babaeng kausap ko nu'ng isang araw, ang sabi niya, "Aba, ang lahat ng mga iglesia ay nangagkakaisa." 269 Ang sabi ko, "Walang alin man sa kanila ang may pakikipagkaisa sa iba." May mga Catolicong nakatayo roon. Ang sabi ko, "Ikaw kaya? Isa kang Metodista at Catolico naman ang isang iyon, nagkakaisa ba kayo?" Ang sabi ko, "Ang papa ay naparito upang pag-isahin ang lahat, at ito'y isang mabuting bagay para sa mga gayong uri ng tao." 270 Datapuwat ang Iglesia ng Diyos ay walang kinalaman dito, katiting man." Labas ito sa kabuuan nito. A-ha. Tama. Opo. 271 Gusto mong pagkaisahin ang mga iyon, at ang isa'y naniniwala sa ganitong bagay at ang isa'y iba naman; ang Metodista ay nagwiwisik, ang Baptist ay naglulubog sa tubig, at kapwa nila itinatanggi ang Banal na Espiritu sa kapuspusan ng kapangyarihan Nito. Ang sabi nila, "Tinanggap na namin ang Banal na Espiritu nang kami'y magsisampalataya."

136 Sinabi ng Biblia, "Tinanggap baga ninyo ang Banal na Espiritu mula nang kayo'y magsisampalataya?" Hayun ang pagkakaiba. Kita n'yo? Tama iyan. Kita n'yo?

At sasabihin nila, "Kami ang Iglesia Catolica. Kami ang nauna. Ganito ang ginawa namin." Ang sabi naman ng mga Metodista, "Nakabatay kami sa Biblia."

Ang sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito'y magsisisunod sa sino mang mananampalataya." Ngayon, nasaan na ito? A-ha. Kita n'yo? Siya nga. "Ang mga gawang Aking ginawa ay gagawin n'yo rin," bawat nilalang, bawat taong sumasampalataya sa Kaniya. Ngayon, nasaan nga ba ito? Iyon ay Kaniyang mga Salita. "Langit at lupa'y lilipas, datapuwat ang Aking Salita'y hindi mabibigo." Ngayon, nasaan na ito? Kita n'yo? 0, nagpapakita lang kung ano talaga ito!

137 Ano ito? Ito'y nasa halong-lahing katayuan. Tingnan n'yo ito, kumuha ka ng isang malaki at

napakagandang butil ng mais na halonglahi, at kunin mo ang halong-lahing mais na iyon, napakagandang mais nito. Subalit itanim mo ito, ano ang lilitaw? Susulpot ang munting tangkay nang paganito, at ito'y maninilaw at mangunguluntoy. Ganiyan ang nangyayari sa bawat denominasyon, kapag ito'y pinaghalong-lahi, ng mga salita ng tao na ihinalo sa Salita ng Diyos. Maaaring tumubo ito hanggang sa mga tanda at kababalaghan, ngunit katulad ng sinabi ni Jesus tungkol sa paniniwala sa Salita, ito'y maninilaw, at magsasabing, "Hindi namin Ito matatanggap," at sila'y magsisiurong.

138 Katulad ng ginawa rig ibang mga tiktik na pumaroon upang manmanan ang Canaan. Pumaroon sila at nagsabi, "0, para tayong mga tipaklong lamang sa tabi nila! Hindi natin sila kaya! Ang mga Amalecitang ito ay, lahat ng mga ito, ano ang maaari nilang gawin!" At sila'y nagsiurong.

Ngunit sina Caleb at Josue, palibhasa'y mga dalisay ang lahi, amen, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, ay bated nilang sinabi ng Diyos, "Ipagkakaloob Ko sa inyo ang lupaing iyan." Ang sabi nila, "Kayang-kaya nating sakupin ito."

Depende iyan kung saan kayo ipinanganak. Kung kayo'y ipinanganak ng Salita ng Diyos, ang Salita ng Diyos ang may buong kadakilaan sa Kaniyang Iglesia. Iyan ang dahilan ng Kaniyang pagkamatay. Iyan ang Kaniyang layunin, ang maisakatuparan Niya, ang pagkakaroon ng buong kapamahalaan sa Kaniyang Iglesia. Hayaan muna nating magliwanag ang Salita ng Diyos, kahit ano pa ang anyo ng iba pang nakikita natin. Hindi mahalaga sa akin kung ang mga intelektuwal ay magsabi ng ganito o ganoon, ng iba pa, walang kinalaman iyan Dito. Sinabi ito ng Salita ng Diyos, at kayangkaya natin itong sakupin!

"Kung ipapangaral ko iyan sa aking simbahan," ang sabi sa akin ng isang ministro, "apat na poste na lang ang matitirang pangangaralan ko sa simbahan.

Ang sabi ko, "So mga iyon ako mangangaral." Opo. Sinabi iyan ng Salita ng Diyos. Magagawa natin ito. Sinabi ng Diyos na gawin natin ito. Amen!

139 Ay, siya nga, idinahilan nila ito upang iiwas nila ang kanilang mga sarili. Kita n'yo? Kung kaya't sila'y mga bulag sa Mensahe ng huling panahon, sa mga huling araw na ito kung kailan pinatutunayan ng Diyos ang Kaniyang Sarili. Pinipilit nilang ituring Ito na isang uri ng espiritisismo, o kaya'y, o (ano bang itatawag ko dito?) isang uri ng pangkaisipan, isang ilusyon, o iba pang tulad no'n. Kita n'yo, kanilang— pinipilit nilang palabasin na Ito'y isang bagay na hindi naman gayon.

Tulad ng ginawa nila nang Siya'y narito pa, nang si Jesus ay narito pa, tinawag nila Siyang, "Beelzebub; isang manghuhula,' ngayon ang sabi nila ito raw ay parang mental telepathy. Kita n'yo? Samantalang alam nilang magagawa Niyang tumayo roon at tingnan ang mga tao at basahin ang bawat kaisipang nasa kanilang puso! Sinabi 'yan ng Biblia.

Puwes, hindi ba't ang ika-apat na kabanata ng Hebreo, ang nagsabi na, "Ang Salita ng Diyos ay buhay at matalas pa kaysa dalawang

talim na tabak, at nakakikilala ng mga pag-iisip"? At Siya ang Salitang iyon. At kung ang Salitang iyon ay magkaroon ng buong kadakilaan sa isang tao, ang gayung bagay ang muling magaganap, sapagkat iyon ang Salita! Amen! . . . tingnan ninyo kung paano kayo matitisod dito simula ngayon. Hayun at napakalinaw. Kita n'yo? Tama.

140 Kaya nga sila'y mga bulag, katulad rin nu'ng mga araw na nasa lupa si Cristo. Ay, naku! Sila rin ay nangatisod nang gayon. Anila, "Siya'y si Beelzebub. Beel — .. ." Nakita nilang nagagawa Niya iyon, kung kaya't sinabi nila, "Siya'y isa lamang. . . anak Siya sa labas, at isang taong kakatuwa. Nakukubabawan lang siya ng kung anong diablo. Siya'y isang — Siya'y isang Samaritano, at may sapi siyang demonyo. Kaya Niya nagagawa ang gayon."

141 Ang sabi ni Jesus, "Patatawarin ko kayo sa bagay na iyan," kita n'yo, tinatawag ang mga gawa ng Diyos, na isang masamang espiritu. Aniya, "Ipatatawad ko sa inyo iyan. Ngunit balang araw ang Banal na Espiritu ay darating, at isa mang salita ang masambit laban Dito ay hindi ipapatawad kailan man, dito sa mundong ito o sa mundong darating, o sa dakilang araw na iyon. Hindi ito patatawarin." Kaya, makikita ninyo, na iyan ay malinaw na nasusulat sa Kasulatan. 286 Kaya sa paghantong ng mga tao sa araw na 'yon, kahit pa gaano sila karurunong, gaano man kalaki ang kanilang mga denommasyong kinabibilangan, sila'y nahatulan na. Dapat lang sa kanila! Pinusong na nila ang Banal na Espiritu, tinawag Itong "holy roller" at kung anu-ano pang mga di kaaya-ayang mga pangalan, o anumang tulad no'n. At ang Iglesia ng Diyos ang kailangang tumiis nito sa tuwina.

142 Maging si Pablo, sa harapan ni Agripa, ay nagsabi, "Sa paraang tinatawag na kabulaanan,'" na ang ibig sabihin ay kabaliwan, "sa paraang iyan ko sinasamba ang Diyos ng aming mga ninuno."

" Tinawag iyong gayon dahil nahayag sa kaniya kung ano ang dakilang Katotohanang na kay Cristo. At ngayon ang sinasabi ng tao, "Ito'y isang denominasyon."

Ito'y si Jesus Cristo, ang bagong Pagsilang, na naipahayag sa iyo, na nasa Kaniya ang buong kadakilaan, upang maipahayag Niya ang Kaniyang mga Salita. At anumang ipinangako Niya sa mga huling araw na ito, ay magagawa Niyang tuparin, sa pamamagitan ng Kaniyang Katawan sa Kaniyang paggawa. Amen! Itong-ito nga yaong Salita ng Diyos na naipapamalas. Pansinin. Tama.

143 Katulad din ito nu'ng panahon ni Cristo, hawak ng Diyos ang susi sa kapahayagang ito ni Cristo, Mismo. Naniniwala ba kayo roon? [Ang kongregasyon, "Amen".] Ang mga Paaralan ng teologo ay hindi masusumpungan Ito kailanman. Sinabi ito ni Cristo. Kung nais ninyong basahin ito ngayon, sa Aklat ni San Mateo 11:25 at 27. "Ako'y nagpapasalamat sa Iyo, o Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, na lyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag ito sa mga sanggol na nais matuto." Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi mahalaga sa akin.. .

Tingnan ninyo ang mga taong pantas nang araw na iyon, yaong mga Judio, mga magigiting na lalaki, at ang kanilang mga samahan ng Fariseo, Saduseo, at mga Herodiano, at kung ano pa man iyon. Kita n'yo? Lahat ng kanilang mga naglalakihang organisasyon, na ang sabi ni Jesus, "Kayo'y mga bulag, at inaakay ninyo ang kapwa ninyo bulag. Tunay ang pagkakasalita ni Isaias tungkol sa inyo, May mga tainga kayo, ngunit hindi makarinig, may mga mata, ngunit hindi makakita.' Dahil, sinalita ito ni Isaias sa Espiritu, kung kaya't binulag kayo ng Diyos na nasa Langit. Ang ginagawa n'yo ay tulad ng ginawa ni Eva, na tanging ang intelektuwal na bahagi lamang ang tinatanggap, at 'di nalalaman ang tungkol sa Espiritu ng Diyos. Kung magkagayon, hindi ba sila mangahuhulog sa hukay, kapwa ang taga-akay at maging ang mga bulag na tagasunod?" Ang tagaakay ay mahuhulog na kasama ng bulag, dahil siya man ay bulag din. Ang tagaakay ay mahuhulog, iya'y bulag na umaakay sa kapwa bulag, kapwa sila mahuhulog sa hukay.

144 At tanging ang Diyos lamang ang may hawak ng susing ito! Ganito rin ang ipinahayag Niya sa naunang Kasulatang binasa ko kangina, kung saan ay sinabi Niya, "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?"

At ang sabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na Buhay."

Ang sabi Niya, "Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas. Hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo. Ang Aking Ama na nasa langit! Sa ibabaw ng kapahayagang ito rito, tanging dito lamang, ay itatayo Ko ang Aking iglesia. At ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya." Kita n'yo? Ngayo'y nauunawaan n'yo na ba?

145 Kaya nga walang paaralan, walang mga teologo, walang mga aral sa Biblia sa anumang paaralan, ang nakakaalam ng katiting man tungkol Dito. Hindi sila maaaring makaalam ng anuman tungkol dito. Imposibleng malaman nila ang anuman tungkol dito. Itinago ng Diyos ang mga pandamang kailangan upang maunawaan Ito, sa mga pinakapiling guro at iba pa.

Ito ay isang personal, indibiduwal na pakikipag-ugnayan sa tao, na si Cristo ay nahayag na sa kanila.

At kung sasabihin mong, "Siya'y nahayag na sa akin," at pagkatapos ay hindi naman makita ang Buhay ni Cristo na ipinakita ng Biblia, ang Buhay na iyon na nasa Kaniya, ay hindi naipapakita sa buhay mo, kung magkagayon ay mali ang kapahayagang nakuha mo.

146 Kung ilalagay ko ang buhay ng kalabasa sa buhay ng punongperas, mamumunga ito ng mga kalabasa. "Sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila." Wastung-wasto. At kung, magtatanim ka ng isang puno, isang punong-ubas, at ito'y namunga ng isang bungkos na ubas; ang unang sangang umusbong dito, ay namunga ng mga ubas; at ang kasunod nama'y namunga ng mga limon, at ang kasunod naman ay namunga ng peras, at ang kasunod naman ay namunga ng mansanas, ay may mga naihalong mga sanga, na nagpapakita ng kani-kaniyang uri ng buhay. Bawat denominasyon ay mamumunga ng sarili nitong buhay. Datapuwat kung ang orihinal na punong iyon ay makapag-uusbong ng iba pang sanga, ito'y muling mamumunga ng ubas tulad nu' ng una.

At kung ang Buhay — ang Buhay ni Jesus Cristo ay mag-uusbong ng panibagong kalipunan ng mga mananampalataya, ito'y mamumunga ng bungang ibinunga niyaong nauna. Sila'y susulat ng isang Aklat ng mga Gawa, 'pagkat ito'y magiging gayon din, gayon ding Buhay. Nakikita ba ninyo ang gusto kong sabihin? Hindi ka makaiiwas dito. Ito yaong Buhay ni Cristong nasa iyo, ipinasok sa iyo mismo, ng Banal na Espiritu Mismo na ipinamumuhay ang Kaniyang Buhay sa pamamagitan mo.

147 "Mga bulag na umaakay sa bulag!" Pansinin, tanging ang Diyos lamang, ang may hawak ng susing ito. Walang teologo ang makapagtuturo nito sa iyo; hindi nila ito alam. Ito'y naitago sa kanila. Wala silang kamuwang-muwang tungkol dito.

Kaya't sa mga paaralan, kapag sinabi mong, "Mayroon akong Ph., LLD.," lalo ka lang. . . Para sa akin, at ang paniwala ko, at sa Diyos at sa bawat tunay na mananampalataya, nangangahulugan lamang ito na lalo kang nalayo, umuurong ka lang lalo. Ang Diyos ay hindi nakikilala sa pamamagitan ng edukasyon. Hindi Siya nakikilala sa pamamagitan ng pagpapaliwanag Nito.

Ang Diyos ay nakikilala sa kapayakan at sa kapahayagan ni Jesus Cristo sa pinakawalang pinag-aralang tao. Kita n'yo? Hindi ang iyong teolohiya. Ito'y isang kapahayagan ni Jesus Cristo. "Sa ibabaw ng batong ito, itatayo Ko ang Aking Iglesia." Walang iba pang bato ang maaaring tanggapin, wala nang ibang bagay pa ang maaaring tanggapin, walang ibang batong Romano, o batong Protestante, walang iba pang paaralan, wala nang iba pa, kundi sa hustung-hustong kapahayagan ni Jesus Cristo sa pamamagitan ng bagong Pagsilang. Siya'y sisilang doon, at ituturok ang Sarili Niyang Buhay, at ang buhay mo'y naparam na. At ang Buhay ni Cristo ang naipalalabas sa pamamagitan mo, na may tanging kadakilaan, sa mga tao; at nakikita nila na ang pinaka-Buhay, at mga gawa, at mga tanda't kababalaghan na Kaniyang ginawa, gayon din ang ginaganap sa pamamagitan mo. Sa labas nito, ang iba pa rito ay ni hindi nga tinawag, kahit bahagya. Masdan ang paglaladlad ng dakilang kapahayagan ng Diyos!

148 Ang kawalan ng kapahayagdng ito ang dahilan kung bakit napakaraming mga pagkakabaha-bahagi ngayon sa kalagitnaan natin, at napakaraming panlilibak. Napakaraming pagkakaba-bahagi sa ating kalagitnaan, dahil ang mga tao ay nagkukulang sa kapahayagang iyon. Kita n'yo, nagkukulang sila sa kapahayagang iyon, ang mga guro.

Si Pablo, pagkatanggap niya ng dakilang kapahayagang ito ni Cristo, ay nangusap, sa Unang Corinto, ikalawang kabanata. Tiyakin n'yong babasahin ninyo iyan habang isinusulat ninyo. Masdan! 0! Ang sabi niya, "Ako'y hindi pumariyan sa inyo na taglay ang karunungan." Tingnan ninyo ang lalaking iyon na talaga namang may dunong, ngunit tingnan ninyo ang taong iyon na may pinagaralan, "Hindi ako pumariyan na may mga maiinam na pananalita." Unang Corinto, ikalawang kabanata ng Unang Corinto. 0, sana ako'y. . .

Buweno, basahin na lang natin. Paano. . . Makapagtitiis ba kayo ng isang minuto at magbabasa tayo ng isa o dalawang talata? [Kongregasyon, "Amen."— Ed.] Nais ko lang basahin ito sa inyo upang kayo — kayo'y hindi ma. . . Maging ang mga nakikinig sa teyp ay maaaring balikan ito, kahit paano, magkakaroon sila ng pagkakataon.

Unang Corinto, ikalawang kabanata. Pakinggan ang dakilang apostol na ito, si Pablo, ang intelektuwal na lingkod ng Diyos. Tingnan natin ito. . . .Ako (si Pablo), mga kapatid, nang pumariyan sa inyo, ay hindi ako napariyan na may kagalingan sapananalita. . .o sa karunungan, na nagbabalita sa inyong patotoo ng Dios. Hindi ko sinabi kailan man na, "Ako'y si Duktor ganito't-ganoon. Kita n'yo? Sapagka't aking pinasiyahang walang maalaman anoman sa gitna ninyo, maliban na si Jesucristo, at siya na napako sa Krus. At ako'y nakisama sa inyo na may kahinaan, at may katakutan, at may lubhang panginginig. . . . ang aking pananalita at — at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at kapangyarihan — ng kapangyarihan:

149 Hayan, nakita n'yo, iyan ang Ebanghelyo. Kita n'yo? Sinabi ni Jesus, "Humayo kayo sa buong sanglibutan at ipangaral ang Ebanghelyo." Hindi Niya sinabing, "Humayo kayo't magturo," ang sabi Niya, "Humayo kayo't mangaral." Sa ibang pananalita, "Ipakita ninyo ang kapangyarihan, at ang mga tandang ito'y magsisisunod sa kanila." Hindi mangyayari ito sa pagtuturo lamang. Kakailanganin ang aktuwal na Espiritu Mismo upang magpakita ng mga tandang ito. Kita n'yo? Pakinggan ninyo ito. Upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios,

Ay, naku! Kita n'yo, iyon ang makapagpapabago sa tao! Hindi sa kung ano ang kaya kong ipaliwanag, at sabihin, "Hindi na Siya katulad noon," samantalang Siya'y gayon pa rin. Kung gagawin ko iyan, ipinapakita nito sa akin, ito — ito. . . Tiyak, kung sasabihin sa akin ninuman ang gayon, malalaman ko na wala siyang kapahayagan, ang tatlong-luping kapahayagan ng Diyos. Kita n'yo? Ngayon, at .. . Gayon man sa kahinaan . . . ay nangagsasalita kami ng karunungan sa mga may gulang: bagaman hindi ang karunungan ng sanglibutang ito o ng mga may kapangyarihan sa sanglibutang ito, na ang mga ito'y nangauuwi sa wala: Kundi sinasalita namin ang karunungan ng Dios sa.. . hiwaga, (kita n'yo, ang tatlong-luping hiwaga ng Diyos), yaong karunungan na itinalaga ng Dios, bago nilalang ang mga sanglibutan sa ikaltiluwalhati natin: Na hindi napagkilala ng sinomang pinuno sa sanglibutang ito; sino man sa mga pari, rebi — mga rabi. (ipagpaumanhin n'yo). . . o sino man, ay di nakababatid ng ano man tungkol dito; sapagka't kung nakilala sana nila, ay dising di ipinako sa krus ang Panginoon ng kaluwalhatian.

Ang sabi mo, "Mali ka yata ng palagay diyan tungkol sa mga rabi at mga mangangaral." Sino ba ang nagpapako sa Kaniya sa krus? A-ha.

0, maari tayong magtuluy-tuloy. Basahin n'yo ito, kita n'yo, ituloy, magtipid ng panahon, dahil tayo'y. . . Hindi pa naman gumagabi, datapuwat napakarami pa nating dapat sabihin, kung tutulungan tayo ng Panginoon, ngayon. Ang kakulangan nito ngayon .. .

150 At si Pablo, ang dakilang lalaking intelektuwal na ito, ay 'di kailanman sinubukang gamitin ang kaniyang mga katagang teolohikal sa mga tao. Buong pagpapakumbaba niyang tinanggap ang Salita ng Panginoon, at ipinamuhay niya ang Salita at sa gayo'y naipahayag Ito sa pamamagitan niya. Namuhay Siyang napaka — na lubhang makadiyos hanggang sa makita nila si Jesus Cristo sa kaniya, nang labis,

hanggang sa ninasa na nila ang kaniyang panyo, ang kunin ito at idampi ito sa mga maysakit. Hayun ang Buhay ni Cristo.

Ngayon masdan ang ibang nagsasabi, "0, puwes, alam mo, ginawa iyan ni Elias, matagal nang panahon ang lumipas, inilapag ang kaniyang tungkod; ngunit, o, iyon ay sa panahon lamang ni Elias!" Ngayon, gayon ang inisip ng sanlibutan. Ang mga paring intelektuwal at ang iba pa, at ang mga iglesia ng panahong iyon, ay gayon ang inisip.

151 Ngunit sa mga mananampalatayang iyon, iba ang pagkakaalam nila. Nakita nila na ang kapahayagan ni Cristong na kay Elias, ay siya ring na kay Pablo, na nagpapahayag ng gayon ding uri ng Buhay, 'pagkat siya'y isang propeta. Kita n'yo? Naihula niya ang mga bagay na magaganap sa hinaharap kung paano talagang naganap, ang mga ito, at batid nila na iyon ang paraan ng pagpapakilala ng Diyos sa isang propeta. At alam nila na siya'y propeta ng Diyos. Hinding-hindi mo sila maaaring ugain mula rito. Maging nang marinig nila si Pedro sa kaniyang pagsasaysay ng mga bagay na iyon na naganap, ang sabi nila, "Madaanan Lang ako ng kaniyang anino." Amen! Iyan ang lglesia. Sila yaong mga nanampalataya rito. Opo. naipahayag sa pamamagitan ng.. .

Aba'y sinabi ba ni Pablo, "Dahil ba sa ako'y — mayroon akong Ph., LL.D., at iba pa, ay pinaniniwalaan nila ako?" Hindi. Ang sabi niya, "Nalimutan ko na ang mga bagay na iyon, ang karunungan ng tao." Ang sabi, "Kinailangan kong mamatay, at kilala ko Siya ayon sa kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na maguli. Ganiyan ako pumariyan sa inyo, taglay ang pagpapamalas ng kapangyarihan ng Diyos."

152 Ano nga ito? Ito'y si Jesus Cristo na Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang mga gawang ginawa ni Jesus, ay ginawa rin ni Pablo. At nakita nila ang Diyos, ang dakilang Ama, na nagpamalas sa nagliliyab na palumpon, ang siyang nagpamalas Nito kay Pablo, at dito ay naipapamalas ito.

At Siya'y gayon sa bawat kapanahunan. Ang tatlong-luping kaparaanan ng Diyos, "kahapon, ngayon, at magpakailan man." Ano? Manunubos; sa Kaniyang Iglesia; may tanging kadakilaan sa darating na Kaharian. Amen! Nakikita n'yo ba ito? Ito'y malinaw na malinaw!

0, pansinin! Ang Banal na Espiritu ang tanging tagapag-pahayag ng Makadiyos na kapahayagan ni Cristo. Walang paaralang makagagawa nito. Walang pantas na makagagawa nito. Walang tao, gaano man kaedukado, gaano man ang pagka-makadiyos o ano pa man, walang taong makagagawa nito.

153 0, pansinin! Ang Banal na Espiritu ang tanging tagapag-pahayag ng Makadiyos na kapahayagan ni Cristo. Walang paaralang makagagawa nito. Walang pantas na makagagawa nito. Walang tao, gaano man kaedukado, gaano man ang pagka-makadiyos o ano pa man, walang taong makagagawa nito.

Maaaring makasasakit ako nang husto rito. Ilan ba rito ang mga Cristianong naipanganak na muli; itaas ang inyong mga kamay, na puspos ng Banal na Espiritu? Mabuti? Pansinin. 320 At gagawin Niya ito tanging sa mga naitalaga lamang. Iya'y tamang-tama. "At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin; at sino ma'y hindi makalalapit sa Akin maiibang ipagkaloob muna sa Akin ng Ama." Kita n'yo?

154 Tingnan ninyo ang mga paring iyon na nagsabing, "Ang Lalaking ito'y si Beelzebub. Siya'y isang manghuhula. Siya'y isang diablo.'

At ang may edad na babaing yaon na pagala-gala roon, at nakikisama sa anim na asawa; may lima na siyang kinasama, at kasalukuyang nakikisama sa pang-anim noon. At sinabi ni Jesus, "Humayo ka at tawagin mo ang iyong asawa, at pumarito ka." Ang sabi niya, "Wala akong asawa."

Ang sabi, "Siya nga, anim na ang asawa mo. Lima na ang kinasama mo, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa.' Aniya, "Ginoo!" Ano? Tinamaan ng Liwanag ang Binhing iyon. 324 Nang ito'y tumama sa mga paring iyon, ang sabi nila, "Ang Lalaking ito ay isang manghuhula." Kita n'yo, wala kasing Buhay doon. Isang halong-lahi, na uusbong lang hanggang sa umabot sa kanilang organisasyon, at pagkatapos ay mamamatay na.

155 Ngunit ang babaeng ito ay hindi halong-lahi. Aniya, "Ginbo, napagkikilala ko!" Parang nakikita ko ang kaniyang malalaki't magagandang mga mata na nagniningning nang gayon, umaagos ang luha sa mga pisngi. Ang sabi niya, "Ginoo, napagkikilala kong ikaw ay isang propeta. Naghihintay ako sa isang Mesiyas. At kapag pumarito ang Mesiyas na yaon ay gagawin Niya ang ganito ring bagay. Sasaysayin Niya sa amin ang mga ganitong bagay." Ang sabi Niya, "Ako nga Siya."

0, Panginoon! Iniwan niya ang kaniyang banga. "Narito na Siya! Pumarito kayo, at tingnan ninyo ang 'sang Lalaking nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa." Ano iyon? Nahagip ng Liwanag ang Binhing iyon. Ang Buhay na iyon ay naroon. Ito ay sumibol. Ganito rin ngayon!

156 Ngunit sasabihin ng teologo, "Ngayon sandali lamana. Aalamin ko lang kung Si ganito ba o Si ganoon,

kung ano ang sinabi ni Pastor Moody, o kaya'y . . .”

Ano ba ang kinalaman dito ni Pastor Moody, sa panahong ito? Nabuhay si Pastor Moody noong kapanahunan niya, ngunit hindi ngayon. Tiyak ito. Si Luther ay nabuhay noong kapanahunan niya, ngunit hindi sa panahon ni Wesley. Si Wesley ay nabuhay sa panahon niya, at hindi sa panahon ng Pentecost. Ang Pentecost ay nabuhay nung kapanahunan nila, ngunit napakalayo na ng kanilang panahon sa oras na ito. Tayo'y nasa huling oras na. Siya nga.

Ang kanilang mga samahan, at mga pagtatalo, ang nagpapatunay na Ito'y wala roon. Ang Salita ay hindi kailan man nila napatunayang tama; tanging dahil sa kalakasan nito, mga binhi, mga denominasyon. At nagtatatag sila ng denominasyon, at pagkatapos ay inilalagay ang mga binhi ng panirang damo kasama ng tunay na trigo; kaagad itong namatay. Ang pananim ay nasira at naging damong ligaw, tama, mga luntiang tinik at matitinik na damo, a-ha, kita n'yo, nagbalik ito rito. Kaagad itong

namatay. Pagkaraka'y binungkal nila ang bukid at nagpasimulang muli, nagtanim ng isang tunay na Binhi, at ilan sa mga ito ang tumubo, at ang mga Ito'y nasakal nito.

157 Gayon pa man, sinabi ng Diyos na sa mga huling araw na ito ay magpapalitaw Siya ng isang bayang nahugasan sa Kaniyang Dugo, at sila ay nakatalagang maparoon. Kailanzang maparoon sila. Sinabi ito ng Diyos. At ipapahayag Nito. . . At ang pinaka tanda, “Aking susu-. . .” Malakias 4, at ano ang gagawin niya, “isasauling muli,”ipanunumbalik muli, sa mga huling araw, ang mga dakilang bagay na Kaniyang ipinangako, ito ang maghahatid ng kapahayagan. Ano ang kaniyang, . . Ano ang kaniyang gagawin, ang Malakias 4? Ibabalik niya ang Pananampalataya ng mga ama, sa mga anak. Kita n'yo? Iya'y tama, upang isauli ang gayon ding bagay, ang dating Haliging Apoy, pabalik sa tagpo; ang dating mga tanda, ang dating mga kababalaghan, ang dating Jesus; pinatutunayang Siya pa rin ang dati, ipinapangaral na Siya pa rin ang dati, binibindikang Siya pa rin ang kahapon, ngayon, at magpakailan man.

“Aking isasauli,” ang sabi ng Panginoon, “ang lahat ng taon na kinain ng uod na Metodista, at ng uod na balang, at ng Baptist, at ng Catolico; at lahat ng mga uod na iyon na nagsipangain, kinain ang Pananampalataya, hanggang sa ito'y maging isang denominasyong tuod at wala nang mga binhing natira rito. ”Ngunit muli Kong isasauli,“ ang sabi ng Panginoon, ”ang lahat ng mga taon.“ Ano? ”Lahat ng mga tanda at kababalaghan na kanilang iniwan. Aking ipanunumbalik ang lahat pabalik sa orihinal na Puno minsan pa, at Aking isasauli Ito,“ sabi ng Panginoon. Ang propetang iyon ay isang bindikadong propeta. Ang kaniyang mga salita ay dapat na maganap. Amen.

158 Tanging ang Banal na Espiritu, lamang, ang tagapagpahayag ng Makadiyos na kapahayagan ni Cristo, at Siya lamang sa lahat ng kapanahunan. Tandaan, sa lahat ng kapanahunan! Kanino dumating ang Salita ng Panginoon? Tanging sa propeta lamang. Tama. Tama ba iyon? At kinakailangang mabindika muna ang propeta. Hindi dahil sa sinabi niyang siya'y isang propeta; kundi dahil siya'y ipinanganak na isang propeta, at napatunayang isang propeta, at lahat ng kaniyang sinabi ay akma sa Salita ng Diyos at naganap, kung magkagayon ang lahat ng iba pa ay mabibitawan. Kita n'yo? Iyon ay, ang Salita ng Panginoon na dumating tanging sa pamamagitan lamang ng Banal na Espiritu. Ang sabi ng Biblia, “Ang mga tao ng una, pinatnubayan ng Banal na Espiritu, kita n'yo, isinulat nila ang Salita.”

159 Masdan. Hindi sana nakilala ni Juan Bautista si Jesus kung hindi Siya itinuro ng Banal na Espiritu. Tama ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”- Ed.]

Si Juan Bautista, ang dakilang propetang dumating, at nagsabing, “Mayroong Tsang nakatayo sa inyong kalagitnaan ngayon. Mayroong isang karaniwang Lalaking nakatayo rito, sa paligid, Siya ang Cordero ng Diyos.” Ang sabi ni Juan, “At ako'y nagpatotoo. Ako'y nagpapatotoo. Nakita ko ang Espiritu ng Diyos, ang Banal na Espiritu, na nananaog mula sa Langit tulad sa isang kalapati, at Ito'y dumapo sa Kaniya. At may Tinig na nagsabi, 'Ito ang sinisinta kong Anak, na Siya kong lubos na kinalulugdan.'” Ano iyon? Ang Banal na Espiritu ay nagwika, “Ituturo ko kung sino Siya.”

160 Iyon lang ang tanging paraan upang makilala mo Siya ngayon, ang tanging paraan upang makuha mo ang tatlong-luping kapahayagan ng Diyos, ay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. At magaganap lamang ito, kung ikaw ay nakatalaga upang makaunawa nito. Kung hindi, ay hindinghindi mo ito mauunawaan. Kung hindi ka naitalaga upang makaunawa nito, ay hinding-hindi mo ito mauunawaan; 'pagkat ang Liwanag na iyon ay maaaring suminag at ikaw ay lalayo at pagtatawanan iyon, at ipapaliwanag iyon, sa pamamagitan ng intelektuwal na kaisipan. Gayong ang pinaka-Diyos, Mismo ang nagpapahayag ng Kaniyang Sarili at nagpapatunay dito, kita n'yo, datapuwat kung hindi para sa iyo ang makaunawa nito, hindi mo ito mauunawaan.

161 Hindi basta sinabi ng Diyos, “Pipiliin ko ang isang ito, o ang isang iyon,” datapuwat alam Niya sa pamamagitan ng Kaniyang.. . Kaya Niya nagagawang magtalaga, ay dahil Siya ay Impinit, at Kaniyang — nalalaman Niya ang bawat. . . Siya'y impinit, kung kaya't alam Niya ang lahat ng mga bagay. Alam Niya ang wakas, at magagawa Niyang isaysay ang wakas mula sa pasimula. Siya ay Diyos. Kung hindi Niya ito kayang gawin, ay hindi Siya Diyos. Opo. Siya'y impinit. Tama.

162 Hindi sana Siya nakilala ni Juan, hindi po, kung hindi Siya itinuro ng Banal na Espiritu. Kita n'yo kung paano itinatago ng Diyos ang Kaniyang hiwaga sa mga matataas, mga may pinag-aralan, at iba pa? Tingnan, bawa't isa sa mga taong iyon 2 At ang kapayakan ang nagpapahayag doon sa mga nakatalagang makaunawa nito. Tingnan n'yo ito! May mga ibang nakamasid noon pero hindi nila nakita man lang ang kalapati, wala silang narinig na Tinig, dahil ito'y isinugo para lamang sa itinalagang Binhi. Itinalaga! Tiyak, ito'y itinalaga!

Aba, si Isaias, pitong daan at labindalawang taon ba o Siya isinilang, ay napasa Espiritu, iniangat mula sa mga ma ataong pandamang ito, at nagsabing, "May isang Tinig na sumisigaw sa ilang, Thanda ninyo ang daan ng Panginoon, at tuwirin ang Kaniyang mga landas.'"

Kung gayon, kung nakita ito ni Isaias, hindi kaya makita rin ito ni Malakias, ang itinalagang huling propeta, upang maging tatak ng mga propeta ng Lumang Tipan, ang lalaking iyon...ang dakilang propetang iyon na nakatayo sa dulo ng panahong iyon? Kita n'yo? Sinasabi niyang ito'y nakatalaga! Tiyak ngang gayon siya. Nakita rin siya ni Malakias.

163 Wika ni Jesus, "Kung ibig ninyong tanggapin, ito yaong pinatungkulan nang sabihing, Aking sinusugo ang aking sugo sa Aking unahan,' Malakias 3, na maghahanda ng Aking daan,'" Kita n'yo? Tiyak, siya ay itinalaga upang makita ang Mensaheng iyon. Hindi kataka-takang pagtingin niya ay nakita niya ang kalapating iyon na bumababa, yaong Liwanag na kasama ng Israel sa ilang, dumarating, bumababa.

Ang Diyos Mismo, na nagsasabing, "Ito ang sinisinta Kong Anak na siya Kong lubos na kinalulugdang panahanan." Ang Diyos at tao ay nagiging Isa.

"Aking sinasaksihan," ang sabi ni Juan, "Nakita ko Siya, ang bugtong ng Ama. Ako ay saksi sa bagay na ito." Amen! 343 Hayan ka. Kapayakan! Kasama ang matandang mangangaral, ang kaniyang ama; ang ama niya ay isang dakilang teologo, alam n'yo, tapos siya sa isang paaralan. Dapat sana ay sumapi siya sa denominasyon ng kaniyang ama. Datapuwat hindi iyon magiging ayon sa kalooban ng Diyos.

164 Nang hipuin siya ng Diyos nung siya'y isilang, at tinanggap niya ang Banal na Espiritu tatlong buwan bago siya isilang. Opo. Nagtungo si Maria roon, nang si Juan ay anim na buwan pa lamang, sa sinapupunan ng kaniyang ina, at ni hindi pa. . . Ang mumunting mga laman niya ay hindi pa kumilos minsan man. At si Maria ay nangangamba. . . Ang mga mumunting laman ay lumalaki, ngunit wala siyang nararamdamang buhay, si Elizabeth, pala, na kaniyang ina. At nang dumating si Maria at hinawakan siya, at niyakap, kinulong siya sa kaniyang mga bisig, at hinawakan siya. Kita n'yo? At ang sabi, "Ang Diyos ay nangusap sa akin, at ako man ay magkaka-anak din." "Kasai na ba kayo ni Jose?" "Hindi pa." "Maria, papanong mangyayari ito?"

"Ang Banal na Espiritu ay lulukob sa akin, at may malilikha sa akin. At papangalanan ko Siyang Jesus. Siya'y magiging Anak ng Diyos."

At pagkabigkas ng salitang 'Jesus' na iyon, ang munting si Juan ay nagpasimulang maglulundag, at humiyaw, at nagtatalon sa sinapupunan ng kaniyang ina. 347 Ang sabi niya, " Pagpalain ang Panginoong Diyos! Sapagkat bakit naparito ang ina ng aking Panginoon? Ang ina ng aking Panginoon!" Ay, naku! "At ano't nangyari, na ang ina ng aking Panginoon ay pumarito sa akin? Sapagkat, pagdating sa aking pakinig ng tinig ng inyong bati, lumukso sa tuwa, ang sanggol sa aking tiyan."

165 'Di kataka-takang hindi nangailangan ng seminaryo si Juan, na magdo-doktrina sa kaniya ng kung anu-ano. May mahalaga siyang gawain. Siya'y lalaking ilang, pumaroon siya sa ilang at naghintay.Nangusap ang Diyos sa kaniya roon, at inihayag ito sa kaniya. 0, hayan na naman ang sinasabing kapahayagan! "At sasabihin ko sa iyo kung sino Siya. Ikaw ay isang propeta. Ang Salita ay sasaiyo. Alam mo kung sino ka. Kailangang dumating ka." 'Yan ang sagot sa tanong n'ung,nakaraang Linggo. Kita n'yo? "Alam mo kung sino ka, Juan. Ngunit tumahimik ka lamang; huwag kang magsasalita ng anuman. Lumabas ka roon. At kapag nakita mo Siya, may lilitaw na tanda mula sa Langit, na tila isang Liwanag, isang kalapati ang bababa. Kapag nakita mo ito, Siya na iyon."

166 Iyan ang dahilan, kung bakit nang lumusong sa tubig si Jesus, pagtingin ni Juan ay nakita niya ang kalapating bumababa, ang sabi niya, "Narito ang Cordero ng Diyos! Hayun siya! Siya yaong magaalis ng kasalanan ng sanlibutan."

Lumakad si Jesus palusong sa tubig, patungo sa Kaniya. Nagsalubong ang dalawang mata ni Juan at ang dalawang mata ni Jesus. Sila'y magpinsang makalawa, sa laman. Si Maria at si Elizabeth ay magpinsang-buo. Nagtagpo ang kanilang mga mata. Naroon ang Diyos at ang Kaniyang propeta, amen, nakatayo roon.

Ang sabi ni Juan, "Ako ang dapat bautismuhan Mo. Bakit Ka naparito sa akin?"

Sinabi ni Jesus, "Payagan mo ngayon, ngunit, alalahanin, nararapat nating ganapin ang buong katuwiran."

167 Bakit ginawa iyon ni Juan? Sapagkat Siya ang Hain. Si Juan ang propeta, alam niya; at ang Hain ay kmakailangang mahugasan bago Ito ihandog. 0! 0! At hinayaan niya Siya, at binautismuhan niya Siya.

At nang gawin niya iyon, pagdaka'y, nabuksan ang Langit, ay, naku, at ang kalapating iyon ay dumapo sa Kaniya, at isang Tinig ang nagsabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak na labis Kong kinalulugdang panahanan." Ang pagkakasulat sa Haring Santiago ay, "na labis kong kinalulugdan." Kaya't kahit paano mo isaayos ang pananalita, pareho rin, "panahanan" o. . ."Ito ang sinisinta kong Anak kung saan Ako'y nalulugod na manahan," o, "manahan sa kalooban," kahit alin ang gamitin mo, pareho rin. Tama.

Kaya't nakikita natin na ito'y naihayag sa kaniya. Ang mga ibang naroon ay walang narinig tungkol sa bagay na iyon. Tanging ang Banal na Espiritu, lamang, ang nagpapahayag nito.

168 Gayon din nang ipahayag Niya ang Kaniyang Sarili kay Pablo, isa pang itinalagang Binhi.

Naglilibot si Pablo noon, marahil ay sinabi niya, "Mahuli ko lang ang mga taong iyon, wawasakin ko sila, dahil ako si Duktor Saul. Kay Gamaliel ako natuto. Tapos ako sa Moody Bible... o sa iba pa, kita n'yo. "Ako, ako'y iskolar. Alam ko kung ano ang sinasabi ko. Ipagsasambulat ko ang grupo ng mga holy rollers na iyon. At sinasabi ko sa 'yo, dakilang santo papa, bigyan mo lang ako ng pahintulot na pumaroon, at aarestuhin kong lahat ng mga maiingay na 'yon doon. Itong naririnig nating mga pagpapagaling daw na mula sa Diyos, ipatitigil natin ito." Ibinulsa niya ito, at nagsabi, "Papunta na ako riyan." 358 At nang araw ding iyon, naku, bandang alas-onse ng umaga, isang — isang Liwanag ang suminag sa kaniyang mukha, at siya'y napatirapa sa lupa.

169 Bakit? Siya ay isang naitalagang Binhi. Sinabi ng Diyos, "Pinili Ko siya. Siya nga. At ipapakita Ko sa kaniya kung anu-anong mga dakilang kahirapan ang daranasin niya dahil sa Ngalan ko. Isusugo Ko siya sa mga Hentil, at hihiyain siya sa lahat ng paraan na — na magagawa nila, datapuwat papasanin niya ang Aking Pangalan."

Pumaroon si Pablo, hanggang sa, ang lahat niyang karunungang eklesiastikal ay maalis, doon sa likod ng disyerto, sa loob ng tatlo't kalahating taon. Doon sa Arabia, hanggang matutunan niya ang Salita, at ang Salita'y naging siya. At siya'y naging isang bilanggo; at nagbalik siyang taglay ang tanikala ng pag-ibig! "Wala nang lahat ang natutunan ko sa seminaryo! Ako'y bilanggo na ni Jesus Cristo. Amen! Filemon, kapatid ko, ako'y bilanggo na ni Jesus Cristo. Ang maaari ko lamang bigkasin at salitain ay tanging yaong sinabi Niya sa akin."

170 Nangangailangan ang Diyos ngayon ng. mga bilanggo na magpapakulong sa Kaniyang kalooban, sa Kaniyang Salita.

Gano'n si Pablo. Kahit pa gaano siya ka-intelektuwal, nakilala niya ang Diyos sa pamamagitan ng kapahayagan. Opo. Ang intelektuwal ay lubusan nang naparam, nang dumating ang kapahayagan; at, sa ibabaw ng bato ay naitatag ang Iglesia. Opo. Pansinin, siya ay isang itinalagang Binhi.

Tanging ang Banal na Espiritu ang makapagpapahayag kung sino Siya. Walang smumang tao; gagawan nila kayo ng "Ama, Anak at Espiritu Santo," at iba pang kaisipang tungkol dito. Kita n'yo? Datapuwat ang Banal na Espiritu ang magpapamalas sa Kaniya bilang Panginoong Diyos ng Kalangitan na naipahayag, iyon na nga, o, Siya!

171 Ngayon, pansinin. Hindi mga propeta, hindi mga hari, hindi ano pa man; kundi dito, sa kauna-unahang pagkakataon, ang Diyos ay nahayag kay Cristo, sa kapuspusan ng Pagkadiyos, sa laman ng tao. Iyan ang kapahayagan. Ay naku! Aawitan ko kayo ng isang talata, ngayon.Mga bansa'y nangawawasak, nagigising ang Israel, (di ba?) Mga tandang naihula na; Ang Hentil na iglesia sa isang denominasyon, bilang na ang craw nila, at lagim ay laganap na, "Magbalik, mga ipinangalat sa dati." Sinipa na kayong palabas sa mga ito. Araw ng pagtubos napipinto na, Puso ng tao'y may pangamba;

Ang mga biro sa Hollywood ay 'di makapagtatakip nito. Parang isang batang munting sumisipol 'pag dumaraan sa sementeryo kung gabi. Kita n'yo? Mapuspos ng Espiritu, ilawa'y linisan; Tumingala't katubusa'y malapit na. Mga bulaang propeta, itinanggi ang Salita Niya Na si Cristo Jesus ay Diyos; (iya'y tama) Kahit pa laitin, pahayag ng Diyos sa atin, Landas ng apostol ang tahakin. Araw ng pagtubos napipinto na; Puso ng tao y may pangamba; Mapuspos ng Espiritu, ilawa'y linisan, Tumingala't katubusa'y malapit na!

172 Kunin ang kapahayagan, kapatid ko. Tinatanggihan ng kapanahunang ito ang kapahayagan ng Diyos! Kita n yo? Mga bulaang propeta ang gumagawa nito. "Sa kanilang mga bunga, makikila n'yo sila." Sila'y — Sila'y halong-lahi. Sila'y nalahian ng organisasyon; sa halip ng Salita ng Diyos, ang kapahayagan ng Diyos na naghayag sa Kaniyang Sarili sa pamamagitan ni Cristo, na Siyang Salita. Ay naku!

173 Maaari tayong tumigil dito, ngunit kung. . . itutuloy natin ito sa pagbabalik ko, kung nais n'yo. Ngayon ay may. . . Nais n'yo bang ipagpatuloy ito? [Kongregasyon, "Amen."- Ed.] Nasa sa inyo 'yan kung gusto n'yo, kita n'yo. Kaunti pang. . . Magmamadali ako, ngunit gugugol tayo ng sapat na panahon

upang kayo'y. .. May panahon pa kayo para magpahinga pagkatapos nito. Mabuti. Gayundin, pansinin ang naitalagang Binhi!

174 Tanging, ang Banal na Espiritu ang makapagtuturo sa inyo kung sino Siya; hindi ang sinumang propeta, o ang Kaniyang mga hart. At dito ay nahayag ang Diyos sa laman. Narito ang kabuuan. Siya'y lubusang naipahayag at naipakilala sa sanlibutan. Ay naku! 369 Tingnan ang Bundok ng Pagbabagong-anyo, nang ang patotoo Mismo ng Diyos ang magsabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak. Pakinggan ninyo Siya!" Naroo't nakatayo si Moises na kumakatawan sa kautusan. Nakatayo roon si Elias na kumakatawan sa mga propeta. Datapuwat Siya'y... Sila'y yumao na, at sinabi Niya, "Ito ang sinisinta Kong Anak. Pakinggan ninyo Siya;" Tatlo ang kinatawan doon; ang kautusan, ang mga propeta, at si Moi. . . at si Cristo. At sinabi Niya, "Ito nga Siya." Ang Diyos, sa kapuspusan; ay hindi naipahayag sa mga propeta, hindi naipahayag sa kautusan; datapuwat siya'y naipahayag kay Cristo.

175 Si Cristo ang may awa. Ang kautusan ang pumiit sa inyo, ngunit hindi nito magawang kayo'y ilabas. Ang mga propeta ang siyang katarungan ng Diyos, upang kayo'y hatulan at patayin dahil dito. Iya'y tama. Datapuwat si Jesus ang pag-ibig at kapahayagan ng Diyos upang ipabatid, sa isang itinalagang Binhi, na tinawag ka Niya. "Siya ito. Dinggin Siya!" 371 Alam! Ang kabuuan ng Diyos ay naipaalam. Ang lihim ng hiwagang ito ay hayag na ngayon, na ang Diyos ay naipamalas. Ang Diyos at ang tao ay naging Isa, ang Lalaking pinahiran, si Cristo! Ano ang kahulugan ng Cristo? "Yaong Isang pinahiran," ang Pinahiran na napahiran ng kapuspusan ng Pagkadiyos sa laman. Ay, naku! Paano ito magagawang pag-alinlanganan ng mga tao?

176 Kung saan, minsan, ay tinaglay ni Moises ang bahagi Niya; bahagi Niya ang taglay ni David; ay, naku, ngunit narito Siya't naipamalas sa kabuuan; ang Pagkadiyos Mismo na nakatayo sa lupa. Ang Diyos, sa Kaniyang kapuspusan, upang mamatay para sa kasalanan ng tao, nang maihatid Niya sa Kaniyang Iglesia ang isang Buhay na banal; upang Siya'y magkaroon ng tanging kadakilaan, sa kabuuan nito, sa Kaniyang Iglesia,

upang ipamalas ang bawat pangako sa mga huling araw, na ipinangako Niya para sa mga huling araw. Kita n'yo? Ano ba ang.. .

Makinig ngayon. Nakikinig ba kayo? Ngayon, kurutin lang ninyo nang kaunti ang inyong sarili ngayon. Kita n'yo? Masdan.

177 Bakit ba nagpakahayag si Jesus? Upang ipakita ang Diyos! Siya ay Diyos. Siya nga'y gayon; walang sinumang tao ang maaaring mamatay, walang sinumang propeta ang maaaring mamatay. Siya ay Diyos. Siya ang Diyos ng mga propeta. Siya ang mga propeta. Siya ang mga hari. Siya ang kasaysayan. Siya yaong darating. Siya noon, Siya ngayon, at Siya yaong lilitaw sa araw na ito; tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man. Siya ay naihayag dahil sa layuning iyan.

At sa layuning iyan ay nakabuo Siya ng isang Iglesia, upang Siya, ang kapuspusan ng Diyos, ay tumupad sa bawat naipangakong Salita ng Diyos sa mga huling araw; kapag Siya'y nadakila, nadakila sa Iglesia, ang katayuan, ang Kaniyang marapat na kalagayan sa Iglesia. Sinabi ni Jesus, "Ang sa Akin ay sumampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginawa; at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya pagkat Ako'y paroroon sa Ama." Kita n'yo, Iyan ang Kaniyang layunin. Naroon ang pagpapamalas. At ngayon, sa araw na ito, nail Niyang pumili ng isang makauunawa nito, upang kanilang hayaan ang Salita.. .

178 Kita n'yo, malinaw na nakita iyon ni Jesus, isinilang Siyang akmang-akma para sa araw na iyon, hanggang sa magawa ng Diyos na ihayag ang bawat ikinilos Niya. Siya ang kapahayagan ng Diyos; ang Diyos, na nahayag.

179 Ngayon nagawa Niyang luminis, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu at Dugo, ng isang Iglesia, upang maihayag Niya ang bawat pangako sa huling araw na ito. Ngayon, kita n'yo, magagawa Niyang bumalik at damputin yaong mga naiwan ng mga ibang taong ito sa mga huling araw, at sa pamamagitan ng Kaniyang Banal na Espiritu ay ihayag ang lahat ng hiwaga ng Pitong Tatak. Kita n'yo, ipinapahayag Niya ang Kaniyang Sarili. Iyan ang layunin Niya. Iyan ang dahilan kung bakit Siya namatay. Iyan ang ikalawang lupi ng Kaniyang tatlong-luping pagpapahayag. Una, ang ipakilala ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ni Cristo, pagkatapos ay ang ipakilala Niya ang Kaniyang Sarili sa Iglesia. At gayon din ito, si Cristo ay ang Salita, at ang Iglesia man ay magiging Salita kung hahayaan nitong dumaloy ang Salita sa kanila.

Datapuwat kung tatanggapin nila ang isang halong-lahing denominasyon, paanong dadaloy sa kanila ang Salita? Magiging grawnded ito, at magso-syort at sasabog ang piyus. Kita n'yo?

Datapuwat kapag ang koryente ay malayang dumadaloy, ang Salita ng Diyos, naipapahayag Nito ang Kaniyang Sarili. "Ang mga gawang Aking ginawa ay gagawin n'yo rin." At sa mga huling araw ay mangyayari ito, "Narito Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta, at kaniyang papagbabaliking-loob ang

mga puso ng mga — ng mga anak sa Pananampalataya ng mga magulang."

180 At doon, darating ang oras kung kailan ay magagawa Niyang ipakilala ang Kaniyang Sarili sa kapuspusan ng Kaniyang Pagkadiyos, ang Kadiyosan, sa pamamagitan ng Kaniyang Iglesia, magkaroon ng tanging kadakilaan sa Kaniyang Iglesia. Ay naku! Ano? Ang Lalaking pinahiran; ngayon nama'y bayang pinahiran; ay, naku, upang ipanumbalik ang pinahirang Nobya at ang Nobyo. Pinahiran sa pamamagitan ng (bakit?) pagtanggap niyaong tinanggihan ni Eva, at ni Adan; nagbabalik taglay ang pagkapahid ng Salita, dahil sinabi Niya, "Ang Salita ko ay Espiritu." Kita n'yo, pinahiran ng Salita. Yaong tinanggihan ni Eva, Siya ay nagbalik at ating tinanggap.

Nakikita n'yo ba ang kalagayang halong-lahi, muli, katulad na katulad ng ginawa niya kay Eva.

Sinabi Niya kay Eva, "Huwag mong gagawin ang ganito, at huwag mong gagawain ang ganoon; at maaari mong gawin ang ganito at ang gayon."

181 At sinabi ni Satanas, "Ay! Alam mo. . ." Datapuwa't siya'y bumaling at nakinig sa kaniya. 384 Datapuwat ang Eva sa huling araw ay 'di gagawa ng gayon, 'pagkat Siya'y naitalaga upang huwag gawin iyon. 0_po. Gagawin iyan ng Diyos. Alam Niya. NIapapasa-Kaniya Sinabi Myang ang Kaniyang, batik. . ."Ang Iglesia ay paroroong walang bahiddungis o kulubot man." Siya'y tatayo doon sa Kaniyang karikitan, ang Kaniyang Salitang naipamalas. 385 Siya'y magiging isang tanda sa sanlibutan. Siya'y magiging isang halim. . . Siya'y sa magmimistulang isang bagay sa sanlibutan na maaaring tingnan ng sanlibutan at magsabing, buweno, ang iba sa sanlibutan ay magsasabing, "Ah, siya'y isang holy roller. Siya ang ikalawang pinsan. Hindi siya kabilang sa pangkat namin." Alam ko ito. Iya'y mabuti, kita n'yo. Siya, siya'y kabilang sa Pangkat na ito rito sa itaas.

182 Isang lalaki ang nagwika sa akin nu'ng isang araw, nakatayo't nagwika, "Buweno, saang denominasyon ka ba kabilang?" Ang sabi ko, "Wala." "Ano?" "Wala," ang sabi ko, "Ako'y kabilang sa isang Kaharian." "Buweno, paano ka bang sasapi riyan?" "Hindi ka maaaring sumapi rito dahil kailangang ipanganak ka rito." Aha. "Anong Kaharian ba iyan?" Ang sabi ko, "Ang mahiwagang Katawan ni Jesus Cristo'

"Sa isang Katawan ay nangabautismuhan kami ng Espiritu sa Katawang ito," isinilang ng Kaniyang Espiritu, nang magkagayon kami'y kabilang na sa isang Kaharian. At ang mga buhay namin ay hindi na Amerikano, hindi na kami mga Aleman, ni anupaman; kami'y mga Cristiano. Kami'y palagay na, at lumalakad sa Espiritu, isang alipin ng pag-ibig, mula sa mga bagay ng sanlibutan. At ang karapatan namin sa sanlibutan, ay ipinagbili na namin, at binili itong Perlas na Lubhang Mahal, at kami'y lumalakad at hinahayaang ipamalas ng Banal na Espiritu ang Kaniyang Sarili. Gayon ang Kaniyang tunay na Iglesia. Gayon ka, o ako, kung tayo ay hahayaan natin ang ating mga sariling humayo at maglingkod sa Diyos, at sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, at hindi sa pamamagitan ng mga isinasaad ng kung anong kredo.

183 Pansinin, ang Lalaking pinahiran, ang Cristo Mismo rito, 0 Diyos, ay naipaalam. Ngunit, ngayon...Tingnan! Ngunit, ngunit ngayon (bakit?) Nasa Kaniya ang tanging kadakilaan. Ang Diyos ay lubusang naipahayag, kay Jesus Cristo, ang dakilang lihim ng ng Diyos ng Kaniyang kapahayagan.

Itong dakilang Liwanag ng kapahayagan ay bumubulag sa tuwina, sa katalinuhan ng sanlibutang ito.

Sa mga araw ni Jesus Cristo, nang Siya'y narito pa sa lupa, sila'y — binulag sila nito. Ang sabi nila, "Aba, ginagawa Mo pang Diyos ang lyong sarili! Ipinapantay Mo pa ang lyong sarili sa Diyos!" Hindi lamang Siya kapantay ng Diyos; Siya Mismo ang Diyos. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi nila ito nakuha. At siya nga pala, maaaring ang ilan sa inyo ay.. .

184 Narinig kong sinabi minsan sa akin ng mga impidel na kailan ma'y hindi sinabi ni Jesus na Siya ay Anak ng Diyos. Sinabi Niya ito. Tiyak na sinabi Niya ito. Hindi n'yo lang alam ang Biblia ninyo. Ano ang sinabi Niya sa babae sa balon? Kita n'yo. Ano ang sinabi Niya sa kaniya?

"Alam ko na ang Mesias ay paririto. At kung Siya ay maparito gagawin Niya ang bagay na ito." Ang sabi Niya, "Ako nga Siya na nangungusap sa iyo," At gayon din kay Pablo, at sa mga iba pa. Pansinin. Datapuwat Ngayon ang Iglesia na ang may tanging kadakilaan.

185 Ang dakilang lihim ng Diyos sa tuwina ay bumubulag sa katalinuhan ng sanlibutan. Hindi nila ito makuha. Hindi talaga nila ito maunawaan. Hindi ito maunawaan ni Satanas. Sino man sa kanila'y hindi nakauunawa nito, maliban doon sa mga naitalagang makaunawa nito, kung paanong ang Diyos at si Cristo ay Isa. Pagtatatluhin nila Siyang pilit sa tuwina. Kita n'yo? Tiyak na iyon ang gagawin nila.

186 Pansinin, ang kasunod, ang ikalawa, ang naipamalas na Cristo na nasa iyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian. Ang dakila't naipamalas na Diyos kay Cristo; ngayon ay Cristong naipapamalas sa inyo. Magmamadali tayo.

Masdan! Ang dati'y dakilang lihim ng Diyos, ang dakila't mahiwagang lihim Niya sa Kaniyang kaisipan,

ay nailagay na ngayon sa puso ng mananampalataya, na siyang, Katawan ni Cristo. Ang dati'y dakilang lihim ng Diyos sa Kaniyang kaisipan, bago pa itatag ang sanlibutan, ay naipamalas na ngayon. Isipin n'yo ito! Kita n'yo? Ay, naku! 0, ako'y. . .

0, tiyak kong hindi natin, hindi natin nakukuha ito. Buweno, ako — hindi ko ito maunawaan katulad ng dapat, at — at tiyak kong kayo man ay gayon din. Kita n'yo?

187 Datapuwat ang dakilang hiwaga ng Diyos, yaong dati'y lihim ng Walang Hanggang Diyos, ay nailantad na ngayon sa katauhan ni Jesus Cristo, at pagkatapos ay ipinasa sa Kaniyang Iglesia. Yaong dati'y nasa isip ng Diyos, ngayon ay napasa Katawan na ni Cristo. Si Jesus na nakikipagtalik sa Iglesia, ang Kaniyang Nobya, bumubulong ng mga lihim sa Kaniya.

Alam n'yo kung paano kayong nagsasabi ng mga mumunting bagay sa inyong asawa, sa babaeng inyong pakakasalan. Gayon na lamang ang pagsinta mo sa kaniya kung kaya't sinasabi mo sa kaniya ang mga lihim mo, at hahayaan mo siyang tumabi sa iyo upang ibigin ka at lahat na. Alam ninyo kung paano ito.

188 Iyan ang ginagawa ng Diyos, ni Cristo, sa Iglesia. Kita n'yo? Ipinapabatid Niya sa Kaniya ang Kaniyang mga lihim, yaon lamang mga lihim. Hindi sa mga mapang-akit na babae; ang tinutukoy ko'y ang

Kaniyang Kabiyak. Kita n'yo? Tama. Ngayon ay masdan. Hindi. Sa pamamagitan ng pagpapabatid ng Kaniyang Lihim sa kanila, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya! Gaano ang biyaya ng Diyos! Bayan, batid ko ito. . . Nawa'y hindi n'yo ipinalalagay na ito'y pamemersonal, na tila baga ito'y para lamang sa isang — isang munting kalipunan ng tao, o ganito, ganoon; datapuwat ang lihim ay ibinabahagi ng Diyos sa buong Iglesia, kung tatanggapin lamang nila ito. Kita n'yo? Hindi ito nangangahulugang sa akin lang o sa iyo. Ang ibig sabihin nito ay ang Iglesia, na Kaniyang — sinisikap Niyang makapasok dito.

At sasabihin mo, "Puwes, bakit hindi nila ito matanggap?" Hindi nila ito matanggap. Ang sabi Niya, muli, ay Sinabi Niya ang mga bagay na ito. "At paano nga nilang matatanggap?" Dahil sinalita ni Isaias na hindi nila ito makikita. Kita n'yo? At noon pa'y lagi na Niyang sinasabi .. .

189 Ang propetang si Pablo ay nagsabi, "Sa mga huling araw ang mga tao'y magiging mapagmalaki, mayayabang, matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, hindi mga maibigin sa mabuti; mga malalaki ang ulo, palalo, kita n'yo; na may anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang Kapangyarihan nito; lumayo ka rin naman sa mga ito. Sapagkat sa mga ito ang nanganggagapang sa mga bahay, at inaakay ang mga babaing haling sa iba't-ibang pita," naka-syorts, at maikli ang buhok, at lahat na. "Inililigaw ng iba't-ibang masasamang -pita, at nagsasabing, Ayos lang. Ah, mga baliw ang mga 'yon.' Huwag ninyo silang . . .'" Kita n'yo? "Hinding-hindi nila malalaman ang Katotohanan. At ang mga taong ito'y sasalangsang Dito, tulad ng ginawa nina Janes at Jambres kay Moises," kaya nilang gumawa ng isang iglesia, at gumawa ng isang lupon ng mga tao. Opo.

"Datapuwat ang kanilang mga gawa'y malalantad," kapag kinuha na ni Jesus ang Kaniyang Nobya at pauupuin Siya roon, at sasabihing, "Ito Siya," at Siya'y lilisang kasama Niya. Tama. At ang mga gawa nila ay mailalantad.

190 Masdan ang pagtataglay nila ng kapahayagan ng lihim na ito na naipahayag sa kanila sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya! Masdan! Kapag ang dakilang kapahayagang ito, ang naihayag na lihim, ay naipabatid sa iyo, kung magkagayo'y itatakwil mo ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan. 404 Ngayon, ako'y babalik minsan pa. Babanggitin ko na rin ito. Itinuturo ko ito. Para ito sa mga teyp, at yaong mga makararating sa ibayong dagat. Ang teyp na ito'y lilibot sa buong mundo. Kita n'yo?

Kayong mga babaeng nag-aangking taglay ninyo ang bautismo ng Espiritu Santo, at pagkatapos ay hindi man magkaroon ng lakas ng loob na pahabain ang buhok ninyo; samantalang isinusumpa ito ng Biblia at nagsasabing ang babaeng. . . ang lalaki ay may karapatang ihiwalay ang kaniyang asawa kung papuputulan niya ang kaniyang buhok. Magiging kapita-pitagan pa siya sa harap ng Diyos, kung gagawin niya ito. Sinabi ng Biblia, na kung puputulin niya ang kaniyang buhok, ay winawalang galang niya ang kaniyang ulo. At mahalay; talagang alam n'yo na, kung gaano kahalay, para sa isang babae na manalangin man lamang kung maikili ang buhok niya. Kita n'yo?

Nagsusuot sila ng syorts, at itong mga pantalon, at iba pa! Sinabi ng Biblia na, "Ang sinumang babaeng gagawa nito'" (0, sasabihin mo. . .) "na nagsusuot ng damit na nauukol sa lalaki, ay karumaldumal sa Diyos," nakapandidiri, marumi, tulad sa isang mabahong kubeta kung saan. Kita n'yo? Ay, naku! Ang sangsang sa ilong ng Diyos! Pagkatapos ay mananalangin ka o maghahain ng mga panalangin sa gayong kaayusan? Tinatanggihan ng Diyos ang gayon, binubugaw palayo. Iya'y tama.

191 "Buweno," sasabihin mo, "sandali lang, Kapatid na Branham, Lumang Tipan ang tinutukoy mo." 408 Siya'y 'di nagbabago noon, ngayon, at magpakailan man. Ito ang buong kapahayagan ng Diyos. Kapag nagsalita ang Diyos ng anuman, hind Niya ito maaaring baguhin kailan man. Pinalalaki pa nga Niya ito, at

hindi pinapalitan. Ang kautusan ay pinalaki, hindi pinalitan. Pinalaki! 409 "Ang sino mang magkasala ng pakikiapid ay dapat mamatay, datapuwat ang sino mang," pinalaki na, "tummgin sa isang babae ng may pagnanasa!" Hindi Niya kailan man pinalitan ang utos. Bagkus pinalaki Niya ito.

"Ipangilin ang araw ng Sabat, pakabanalin ito," isang araw sa isang linggo; ngayo'y pinalaki Niya ito, ang "pahinga" ngayon ay makakamtan sa pamamagitan ng pananatili ng Espiritu ng Diyos. "Utos at utos, bilin at bilin, dito'y kaunti, doo'y kaunti. At panghawakang mainam yaong mabuti. Sapagkat sa pamamagitan ng iba't-ibang pangungusap at iba't-ibang wika ay sasalitain Ko sa bayang ito. At iyon ang kapahingahan, iyon ang kaginhawahang nagmumula sa Presensiya ng Panginoon."

Gayon ma'y hindi nila pinakinggan Ito, at nagsiiling at lumayo, patungo sa kanilang mga denominasyon. A-ha. "Ito ang kaginhawahan," kita n'yo, pinalalaki ang araw ng Sabat; sa inyong mga

Sabadista, at iba pa. Ay naku! Hindi Niya binabago; pinalalaki o pinabibigat pa nga Niya. "Maluwang nang binuksan ng Hades ang kaniyang mga pintuan upang tanggapin ang mga taong ito."

192 Ngayon, nakikita n'yo na ngayon, ang panghuling-panahong Mensahe, kung bakit Ito'y tinanggihan. Nakikita n'yo na ba? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen."- Ed.] Ngayon, hindi denominasyon, kundi ang kapahayagan ng Kaniyang hiwaga. Kita n'yo, walang denominasyon. Ang rebelasyon! Hindi nakikilala ang Diyos sa pamamagitan ng denominasyon. Siya ay nakikilala sa pamamagitan ng rebelasyon.

Tingnan! Ang Diyos sa Kaniyang Katawan, si Cristo; at si Cristo sa Kaniyang Katawan, ang Nobya. Ay-ay-ay naku! Ang Diyos na nahayag kay Cristo; si Cristo na nahayag sa Nobya! At kung paanong kinuha ng Diyos mula sa katawan ni Adan, ang babae, at siya'y nahulog; gayon din naman, ang Diyos ay kumuha mula sa Katawan ni Cristo, ang Kaniyang Laman, ang Kaniyang Katawan, na Siya Niyang Salita, at magpapalabas ng isang Nobya na hindi mahuhulog sa denominasyon o kredo. Hindi po. Bagkus Siya'y babalik taglay ang dalisay at walang halong Salita ng Diyos na naipapamalas. 414 Umaasa ako na bawat lalaki at babaeng nakikinig ng teyp na ito ay makauunawa nito. Kita n'yo? 415 Siya ang ikalawang Eva, datapuwat hindi niya sisirain at — at dudungisan ang Kaniyang saya ng kalinisan at kabanalan, sa Kaniyang Asawang Lalaki. Siya'y mananatili sa Salita Niya ano man ang sabihin nino man; maaari kayong magkaroon ng lahat ng lahat ng kilusang ekumeniko hangga't gusto ninyo, at lahat ng mga pag-anib.

193 At sila'y magpapasimula ng paniniil, sa malapit na hinaharap, at ipasasara ang lahat ng mga simbahan. Nakiltita n'yo na ito. At ang mga simbahang katulad nito, na hindi denominasyon, ay gagawin nilang mga bodega. At kung sinuman ay mag-aalay ng panalangin para sa sinumang hindi kabilang sa kilusang ekumeniko, ay babarilin sa akto. Handa na ito. Ang ministrong Lutheran na iyon, ang pinuno nito, ang nagsabi nito. At ito'y naririto na. Mababasa ninyo ito rito mismo sa inyong mga babasahin. Iya'y tama.

Walang halaga ang anumang sabihin nila, ang Iglesiang iyon ay maninindigang tapat sa Liwanag na ito. Napatunayan na Niya ito noon pa, at gagawin Niya itong muli sa harap ng lahat. Iyan ay Salita ng Diyos. At ang mga iyon, lahat ng mga kilusang ekumeniko, at iba pa ay

maglalaho. paroroong walang bahid dungis o kulubot. Tama. Siya'y tatayo roon.

194 Pansinin, ipinamalas na ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang Katawan, kay Cristo. Ngayon, nakikita na ba ninyo ang tatlong lupi, napakagandang bagay?

Si Cristo na nasa Kaniyang Katawan, ang Iglesia, pinatutunayan ang Kaniyang ipinangakong Salita tulad ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

"Sino ang makapagbibintang sa Akin ng kasalanan? Kung hindi Ko ginawa ang mga gawa ng Ama, saan Ako — saan Ako nabigo? Ngayon kayo ang nagsasabi na ginagawa ninyo ito, kayong mga denominasyon ngayon, ipakita n'yo ngayon sa Akin. Siya nga. Ipakita n'yo sa Akin kung saan ako nabigo bilang Mesiyas. Ipakita n'yo kung saan ako nabigo, sa isa mang tanda na sinabi ng Diyos na gagawin ng Mesiyas, na hindi ko ginanap," ang sabi Niya. Kita n'yo? Ang Diyos sa Kaniyang Katawan.

195 Ngayon si Cristo, "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin n'yo nn." Kita n'yo, kita n'yo, ang Diyos pa ring iyon. Kita n'yo? "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin n'yo rin; at higit pa rito, sapagkat Ako'y paroroon sa Ama," higit pang tatagal ang Iglesia sa Liwanag, kita n'yo, pinatutunayan ang Kaniyang ipinangakong Salita. Kung paanong tinupad ng Diyos ang pangako Niya sa Katawan ni Cristo, gayon din naman ay ginagawa ni Cristo ang katulad na mga gawa sa Katawan ni Cristo, ang Iglesia, kita n'yo, ngayo'y ipinahahayag ang Kaniyang hiwaga sa Kaniyang PunongNobya sa mga huling araw, pinapagbunga ito ng tulad ng bungang taglay ng Puno sa pasimula.

196 Masdan, nag-usbong ng sanga ang puno, isang Lutheran. Ano ang ginawa nito? Nang magpasimulang lumago ang puno, ay heto na rin ang bunga kasabay ng paglago. Ano ang nangyari? Dinenomina nila ito. Kaya't ang taga-tagpas ay dumating, ang Ama, na Magsasaka, at tinagpas ang. . .? . . ."Patay na ito." 423 Dating naman ang mga Wesleyan; at naging mainam ang kanilang pagtubo. Ano ang ginawa nito?

Muling nagbalik ang bunga sa puno, kung kaya't tinagpas na naman Niya ang sanga, patay na iyon. 424 Ituro mo sa akin ang isang iglesia. . . Gusto kong malaman. Tatlumpu't tatlong taon akong tumunghay sa kasaysayan ng iglesia. Ipakita mo sa akin ang isang pagkakataon o isang lugar kung saan ang isang iglesia'y nagsipagtatag at hindi namatay kapagdaka. Ipakita mo sa akin kung nagawa pa nilang magbangong muli, maliban sa dami ng kanilang bilang at mga bagay, wala ni isang rebaybal. Kita n'yo? Wala iyon. Wala, po. Tuluyan na siyang pumanaw.

197 Kaya't ano ang ginawa ng kaniyang Magsasaka? Dumaan Siya at tinagpas ito. Kita n'yo? Namunga ito ng bungang makadenominasyon; mga limon sa puno ng kahel, kung kaya't tinagpas Niya ito, kita n'yo. Pinalago ito, nagpatuloy. 426 Datapuwat nasaan ba ang puso ng puno? Naroon mismo sa gitna. At tinagpas Niyang lahat ang mga iyon hanggang sa tuktok.. .

Naroon ang Kaniyang Binhi sa ibaba, sa ugat. Tulad ng isang punong natanim sa tabing ilog, siya na nag-iingat ng utos at pag-ibig ng Diyos sa kaniyang puso. "At siya'y matutulad sa isang punong kahoy," Awit 1, "na natanim sa tabi ng ilog; ang dahon niya'y hindi matutuyo; sa kaniyang panahon ay mamumunga siya. At naririto ito sa. 428 At saan nga ba mabilis na nahihinog ang bunga? Doon sa tuktok ng puno. Bakit? Ang liwanag ay surnisinag dito. Amen! Tumpak. At doon mismo sa tuktok ng puno, sa mga huling araw na ito, Siya'y magpapalitaw ng isang Punong-Nobya.

198 Ngayo'y tandaan, Siya ang Punong-Kahoy ng Buhay na iyon, na taliwas sa "binhi ng serpente," kita n'yo. Siya yaong Binhing iyon, ang "Binhi ng babae," ang Punong-Kahoy ng Buhay sa halamanan. "At kapag iniunat nila ang kanilang kamay at hipuin ang Punong ito, kainin ang bunga nito, siya'y mabubuhay magpakailan man." At Siya lamang ang tanging puno na maaaring kainan, at mabubuhay ka ng walang hanggan. Ang Salita Niya ay buhay. At kung iyon ay ang Salita noon, ang Salita ng Diyos, na tinanggihan ni Eva sa hardin ng Eden; kung gayo'y narito si Cristo, ang Salita, na naipamalas.

At nang Siya'y pumarito sa lupa, Siya ang Punong-Kahoy ng Buhay. Naniniwala ba kayo roon? [Kongregasyon, "Amen."— Ed.] At ang Roma, ano ang kanilang ginawa? Kinailangang Siya'y tagpasin. At Siya'y nalagay sa punong-kahoy ng kahihiyan, "sinusumpa ang bawat binibitay sa punong kahoy," naging isang sumpa para sa sangkatauhan.

At ngayon sa pamamagitan niyaon, Siya ay nagpapalitaw ng isang Punong-Nobya, na siyang Punong Kahoy ng Buhay na naibalik sa Kaniya, bilang Asawang Lalaki at Asawang Babae sa hardin ng Eden, (o, luwalhati sa Diyos), sa pamamagitan ng siya ring Salita at ang siya ring Diyos na naipahayag bilang Asawang Lalaki at Asawang Babae, yaon ding PunongNobya na muling nagbalik.

199 Pansinin, ipinakikilala ito! Ngayon, naku, napakarami nito, maaari tayong magpatuloy nang walang patid. Pansinin, ang Puno ng Katawan ni Cristo, sa hardin, ginagawang. . . ngayo'y inilalantad ang Kaniyang hiwaga sa Punong-Nobyang ito, 433 Masdan, tinubos ni Cristo, ang ikalawang Adan! Naniniwala ba kayong Siya nga iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."- Ed.] Umuuwing pabalik sa Eden, kasama ang kabiyak Niyang nalugmok, tinubos at muling iniuwi sa Tahanan. Iyan si Cristo, at ang Iglesia ngayon, iniuuwing muli ang Kaniyang Asawang Babae. Nakikita na ba ninyo ang tatlong-luping hiwaga ngayon? ["Amen"] Ang Diyos ay naipamalas kay Cristo; si Cristo ay naipamalas sa Iglesia; ang lahat ng ito,upang panumbaliking muli ang orihinal na Adan at Eva, lalaki't babae, na iisa, ginawa mula sa iisang dugo at iisang Espiritu, at lahat ng iba pa.

200 Ang Iglesia ay ang Dugo ni Cristo, sa pamamagitan ng Espiritu, dahil ang — ang Buhay ay nasa Dugo. Iyan ang bautismo sa Banal na Espiritu na nagbabautismo sa atin sa Kaniyang Katawan, na kumikilala tangi sa Kaniyang Katawan, sa Kaniyang laman, sa Kaniyang Salita. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang kaniyang Biblia nang maraming ulit -Ed.]

Ni hindi mahihipo ito ng mga denominasyon. Ito'y isang kapahayagan. Batid niya ito. Alam din ito ni Eva, datapuwat siya'y nalugmok; ngunit alam ito ng isang ito, at hindi siya malulugmok. Siya'y nakatalaga! Aleluia! Whew! Siya'y nakatalagang hindi malugmok. Siya'y hindi mabibigo. Siya'y nakatalaga para rito. "Mapalad ang tao na sa kaniya'y hindi ibibilang ng Diyos ang kasalanan." Kayong mga ministro, alam n'yo ang gusto kong sabihin, samantalang may dalawang dosena kayong nangakaupo riyan. Kita n'yo? "Mapalad ang tao na, sa kaniya'y hindi ibibilang ng Diyos ang kasalanan," si David.

201 Pansinin, tayo'y natutubos, pabalik sa Kaniya, pauwi sa ating Tahanan; pabalik sa Buhay na Walang Hanggan sa makataong laman, kumakain, umiinom, nabubuhay magpakailan pa man. Sinabi ni Isaias, "At sila'y mangagtatayo ng mga bahay at ang mga yao'y kanilang tatahanan, at sila'y mangag-uubasan at magsisikain ng bunga niyaon. Sila'y hindi mangagtatayo, at iba ang tatahanan" Hindi ito kukunin ng mga anak, bagkus sila'y paroroon kasama ng kanilang mga supling. Itatayo niya iyon at siya'y mananatili roon. Amen. "Hindi siya magtatayo,, at pagkatapos ay iba ang kakain; siya'y magtatayo at kakain para sa kaniyang sarili." Amen! Ano ito? Ang Kaniyang Kabiyak na umuuwing kasama Niya, natubos pabalik muli sa orihinal na Adan at Eva, dahil ang

dating buhay ay naiwan na. Sila'y tumitingin pabalik sa krus at nakitang ang kamatayan ay bayad

na.

At ngayon, sa -3amamagitan ng pananampalataya, tayo ay nagbangong kasama Niya, nakaupo na sa sangkalangitan, tumitinging pabalik doon sa tumubos sa atin; naghihintay sa pagdating ng Asawang Lalaki, upang lumakad pauwing kasama Niya sa ating tahanan.

202 Ang tatlong-luping layunin ng Diyos, na naipahayag kay Adan at kay Eva, at sa bawat propeta, at sa mga kapanahunan, at Siya na darating; Siya noon, siya ngayon, at tayo. . . Siya na darating. Ang buong pagpapamalas, ang kapahayagan ng Salita ng Diyos, sina Adan at Eva, pauwing muli, natubos na, ang Diyos ay nagpapakilala sa Kaniyang Sarili!

203 Doon ay luluklok Siya sa trono ni David, iya'y tama, at aangkinin, pamamahalaan ang lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng tungkod na bakal. Doo'y magkakaroon ng isang — isang puno sa magkabilang tabi. At bawat bansang papasok, para sa kagalingan nila ang mga iyon. Ang mga dahong ito ay para sa kagalingan ng mga bansa. Dadalhin ng mga hari ang kanilang mga handog doon. Wala roong anumang bagay na nakahahawa, o anuman ang kailan ma'y makapapasok doon. At ang Bundok ng Sion ay magkakaroon ng Liwanag buong araw at gabi, at ang mga tinubos ay lalakad sa Liwanag. 0, Aleluia! 440 Isipin na lang, na ito'y hindi isang kuwentong alamat, hindi isang kaisipang teolohikal. Ito'y isang kapahayagan ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, na nagliliwanag. Ito'y napatotohanan sa lahat ng panahon, at ito'y totoo sa panahong ito. Ito'y totoo ngayon dito. Ito'y totoo sa akin, ito'y totoo sa iyo, at sa bawat lalaki at babaeng nanghahawakan sa kapahayagang ito. Amen.

204 At tingnan, ang Diyos mismo ang nagpapakilala sa Kaniyang Sarili, at tumitibok sa pamamagitan ng Buhay, kung saan ikaw ngayon ay bilanggo Niya. Ikaw ay bilanggo ng Kaniyang pag-ibig. Maaaring magtawa ang sanlibutan, at pagtawanan sila, at sabihing, "Labas na." Maaari kang lumabas ngunit isa kang bilanggo. Kita n'yo. Ang ibang mga babae ay maaaring umasta ng Hollywood, datapuwat hindi ikaw. Ika'y isang bilanggo. Amen. Kita mo, ikaw ay isang bilanggo kay Cristo. Ang ibang mga lalaki ay maaaring manigarilyo at uminom at magwala, kung nais nila, at tagurian ang kanilang mga sariling Cristiano, diyakuno, at mangangaral pa nga, datapuwat hindi ikaw. Ikaw ay isang bilanggo, isang bilanggo ng Salita. Opo. Opo.

205 Ipinapahayag Niya ang Kaniyang hiwaga sa Kaniyang PunongNobya; natubos ni Cristo, ang ikalawang Adan; pauwi na, upang panumbalikin sa orihinal na Eden, malaya sa kamatayan, karamdaman, pighati, kahihiyan, nagbabalik na taglay ang Buhay na Walang Hanggan.

At, makinig, napakaraming tao ang may.maling kaisipan. Ang — ang. . . Ang pagbaguhin ang tao sa Cristianismo, at sa pamahalaan nito, ay malayung-malayo sa kaisipan ng Diyos. Sasabihin ninyo, "Kami'y nakakapagpabago ng mga tao tungo sa Cristianismo sa pamamagitan ng Kaniyang pamahalaan." Hindi gano'n iyon. "Puwes, dapat ay hindi sila uminom. Hindi sila dapat magsinungaling." Alam ba ninyong madadaig kayo riyan ng mga Mohamedan? Alam n'yo bang ang mga taong hindi nakakikilala sa Diyos doon sa Aprika, yaong mga taong maiitim, ay may mga Batas sa kanilang mga tribo na makadadaig alin mang maaari n'yong gawin sa Cristianismo?

206 Aba, nagtungo ako sa tribong Shungai doon. Kapag ang isang batang babae ay hindi pa kasal pag-abot niya sa hustong gulang, kinakailangan niyang lumisan sa — lisanin ang tribo, at hubarin ang tatak ng kaniyang tribo. Siya'y tutungo sa siyudad; magpapagalagala. At kung siya. . . Bago siya ikasal, kinakailangang suriin ang kaniyang pagiging birhen. Kung siya ay mapatunayang nagkasala ng pakikiapid sa sinumang lalaki, siya, kailangan niyang ipagtapat kung sino ang lalaki, at kapwa sila papatayin, nang magkakasama. A-ha. 0, kanilang — mahihigitan nila itong mga tinataguriang... 445 Ano kaXa't gawin ninyo iyan sa mga tinatawag na Cristiano? Siyamnapu t-siyam na porsiyento sa kanila ang mamamatay bago magumaga. Iya'y tama. Iya'y tama, kapwa lalaki at babae. Alam ninyong iyan ay tama. "Ano?" sasabihin mo, "Puwes, ako ay dalisay!"

207 "Ang sinumang tumingin sa isang babae natT may pagnanasa, ay nagkasala na ng pakikiapid sa kaniyang puso.' Ngayon, paano naman iyan? Paano ka naman, kapatid na babae, na naglantad ng iyong sarili sa lalaking iyon nang gayon? Para mo na ring ginawa ang bagay na iyon. Kita n'yo?

"0, pero wala namang masama." Takot si pastor na sabihin iyon, dahil bakit? Sisipain siya ng kaniyang denominasyong punonghimpilan kung magiging matuwid siya sa bagay na iyon. Siya'y halong-lahi. Hindi nila matanggap ang Salita. Ang Salita ang nagsabing iya'y totoo. Sinabi ni Jesus na ito'y totoo, at Siya ang Ulo.

208 Ngayon pansinin, ipinakikilala ng Diyos ang Kaniyang Sarili. Hindi natin dapat pagbaguhin ang mga tao sa Cristianismo sa pamamagitan ng isang pamahalaan, kundi sa pamamagitan ng kapahayagan, na si Cristo ay sumasa iyo, kung papaanong ang Diyos ay na kay Cristo. Kung paanong ang Diyos ay na kay Cristo, si Cristo ay nasa iyo! Kapag, kung ano ang ginawa ng Diyos kay Cristo, ay ginagawa ni Cristo sa iyo! Kung anong mga tanda ang ginawa ng Diyos kay Cristo, ay ginagawa ni Cristo sa iyo. 0, hindi ba napakaganda niyan? Ah! Ay naku! Gusto ko 'yan.

Sinabi ni Jesus, "Sa araw na iyon," at iyon ay ang araw na ito. "Sa araw na iyon," kung kailan ang kapahayagang ito ay mailalantad, "malalaman ninyo na ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin; Ako'y nasa inyo at kayo'y nasa Akin." Kapag ang kapahayagan ay naipamalas, "Sa araw na iyon, malalaman ninyo na Ako at ang Ama ay Iisa; Ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin." Kung magkagayon, kapag ang kapahayagan ay dumating, sa gayon ay mangyayaring, "Ako'y nasa inyo at kayo'y nasa Akin." At kapag dumating ang kapahayagan, kung magkagayon ito'y, "Ako'y nasa inyo, at kayo'y nasa Akin." Hayan ka na. Nakikita n'yo na ba ang ilang luping, tatlong luping-pagpapama...Para ano? Upang ito'y ipanumbalik! Kailangan tayo'y magkagayon.Kung paanong si Jesus ay ang Salita ng Diyos. Binindika Niya ito kung Siya — kung Siya nga ang Salita.

209 Hindi sana Niya naipamalas ang Salita, sana'y naging isa Siyang dakilang teologo. Sana'y nakita na ng sanlibutan ang tunay na Mesiyas na kanilang hinahanap. Kita n'yo? Opo, disin sana'y Siya na iyon.

Iyan ang kanilang hinahanap ngayon, isang — isang — isang taong dadaig kay Billy Graham, o isang taong kayang makipaglaban kasama ang kanilang samahan, makatayo upang ipamukha sa mga Baptist na hindi nila alam ang kanilang tinatayuan. Tiyak 'yon. Iyon ang hinahanap nila. Datapuwat ang Iglesia ay naghahanap ng kababaangboob at ang mga tanda ng buhay na Diyos, na si Cristo.

210 Si Jesus ay hindi isang dakilang teologo. Siya'y isang pangkaraniwang mamamayan, isang anak ng anluwagi, kung tawagin. Kita n'yo? Siya'y gumala, datapuwat ang Diyos. . . Ang sabi Niya, "Sino sa inyo ang makapagpapakita sa akin na may mga nasulat sa Bibliang dapat kong gawin at hindi ko naipamalas?"

Kaya ang Iglesia'y makagagawa rin nito ngayon. Kung ano ang ginawa ni Cristo, gayon din ang ginagawa ng Iglesia ngayon. "Sa araw na iyon ay malalaman ninyo na Ako'y nasa Ama at ang Ama ay nasa Akin; Ako'y nasa inyo, at kayo'y nasa Akin." Siya nga? Hayun kayo, sumusulong patungong Zion, patungo (saan?) sa Kaharian! "Sa araw na iyon, malalaman ninyo na Ako'y nasa inyo."

211 At masdan ito! Narito, napakaganda. Hindi ko nais na ito'y mapalampas ninyo. Ngayon, ang bawat isa, at kayong mga nasa teyp, sa mga kagubatan at saan man ninyo Ito naririnig, ngayo'y makinig. 455 "At kung paanong isinugo Ako ng Ama, ay gayon din naman sinusugo Ko kayo," ang wika ni Jesus. Kita n'yo? Ngayon, masdan. Ang Ama na nagsugo sa Kaniya ay nanahan sa Kaniya upang patunayan na Siya ay tama, 'pagkat Siya ang Salita. At ang Jesus ding ito na nagsugo sa inyo, ay sasainyo at mananahan sa inyo upang patunayan ang Siya ring Diyos. "Kung paanong Ako'y isinugo ng Ama, at Ako'y nabubuhay sa Ama; gayon ko rin kayo isinusugo, at kayo'y mabubuhay sa Akin." Ano Siya? Siya ang Salita. Kayo ay mabubuhay sa Salita. 0, nais ko sanang kumuha ng teksto mula riyan, at mangaral ng mga dalawang oras tungkol dito, kita n'yo, sa paksang iyan, kung paanong tayo...tungkol diyan. Pansinin, pansinin, "At ang Ama na nagsugo sa Akin," ay sumama sa Kaniya, ang Amang nagsugo.

212 Ang Jesus na nagsugo sa atin, ay sumasa atin. "Kaunting panahon na lamang at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, datapuwat makikita ninyo Ako, sapagkat, Ako," panghalip na panao; "Ako," ang Persona, si Jesus, "ay sasainyong palagi, at mananahan sa inyo, hanggang sa wakas ng sanlibutan. Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin n'yo rin." Ngayon, balikan at tingnan kung ano ang ginawa Niya; at tingnan ninyo kung ano ang ginagawa ninyo, at ihambing ninyo ang inyong sarili.

213 "At kung paano ang mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng tao. At gaya rin naman sa mga kaarawan ni Lot," kapag ang isang makabagong Billy Graham at Oral Roberts ay bumaba sa Sodoma at nangaral sa mga Sodomita, at binulag ang kanilang mga mata, kita n'yo, sa pamamagitan ng Ebanghelyo. Ang isang Anghel ay nagpaiwan, isang Mensahero sa piling ni Abraham at ng lupong Hinirang, at anong uri ng tanda ang ginawa Niya? Kita n'yo? At ano ang itinawag sa Kaniya ni Abraham? Elohim, ang Diyos na nahayag sa laman. Si Jesus nagpapakitang Siya mismo, ang Diyos na nasa Kaniya, ay maipapakilala sa Kaniyang Nobya sa mga huling araw! Ay naku, naku! Walang katapusan ito; ito'y isang kapahayagan ng Diyos! Ito'y Walang Hanggan, patuloy lang ang pagkilos nito, tuloy-tuloy ang pagkilos nito.

214 Pansinin, noon, Isang katulad ng unang Adan at Eva, bago pa sila mahiwalay ng kasalanan tungo sa kamatayan; ngayon si Cristo, ang ikalawang Adan, sa pamamagitan ng Buhay, ay tinubos ang Kaniyang Nobya mula sa kamatayan; at Siya ngayon ay patungo na sa orihinal na Eden, pinanunumbalik ang Kaniyang Nobya sa pakikisama sa Diyos, bilang Mag-asawang Lalaki't Babae sa Hardin ng Eden, siya nga, si Cristo at ang Kaniyang Nobya.

215 At ang Diyos, sa araw na iyon, "Ang Kaharian ay maibibigay sa Ama; upang Siya ay maging lahat-sa-lahat." "Bago pa siya tumawag, ay tutugon na ako." Si David, at si Cristo, si David na nakaupo sa Luklukan, ang Hari ng buong sangkatauhan. "At habang sila'y nangag-iisip pa lang, malalaman ko na ang kanilang iniisip. Bago pa sila magsalita, tutugunin Ko na sila. Ang lobo at ang kordero ay manginginaing magkasama. Ang Leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka, at sila'y magkasalong manginginain at magkatabing mahihiga. Sila'y hindi mananakit o magpapahamak man sa Aking buong banal na bundok," pabalik sa dating kalagayan ng Eden, nang napakatulin.

Hayan ang inyong tatlong-luping layunin. 0 Diyos, tulungan Mo kaming makaalam nito! Tulungan Mo kaming makaalam nito!

216 Makinig maigi ngayon sa ating pagpapatuloy, manunumbalik sa orihinal na Eden.

At kung tayo'y isinilang na Niya, tayo'y puspos na Niya. Kita n'yo, ang buhay ninyo, ang Buhay Niya ay nasa inyo na. Kung magkagayo'y, lahat ng ikinikilos natin ay dapat magsaysay kung sino Siya.

Tulad ito ng pagkakalipat — paglilipat ng buhay ng isang puno sa iba. Kunin mo ang buhay ng puno ng peras at ilagay ito sa puno ng mansanas, mamumunga ito ng mga peras. Tiyak, 'pagkat ang katas, ang buhay na naroon, ang binhi ay isang puno ng peras. Tama. Kung magkagayon, lahat ng ating ikinikilos ay dapat magsaysay sa Kaniya. 464 Taglay natin ang Kaniyang Pangalan. Tama ba 'yon? [Ang Kongregasyon ay nagsabi, 'Amen."- Ed.] Dapat nating taglayin ang Kaniyang Pangalan.

217 At tandaan, tayo ngayo'y, mistulang Nobya Niya, na buntis sa Kaniyang Espiritu. Ay naku! Ang Iglesiang nagsisilang ng mga anak, kita n'yo, buntis sa Kaniyang Espiritu kasama ng Kaniyang Pangalan; taglay ang Kaniyang Pangalan, taglay ang Kaniyang Buhay; namumunga ng mga tanda ng Kaniyang Buhay, namamalas ang tanging kadakilaan, katibayan ng Kaniyang pagkabuhay na muli; ipinapakitang Siya ay hindi patay, kundi buhay kailan pa man. Ito ang Buhay na Walang Hanggan, at ito'y bindikado, binibindika sa sanlibutan na tayo ay buhay sa Kaniya. Whew!

218 Paano mo nalaman, dahil ba sa ikaw ay miyembro ng Simbahan? Dahil, si Cristo ay nabubuhay sa pamamagitan mo, ikaw ay lubhang nabuntis na sa Kaniyang Espiritu kung kaya't ikaw — ika'y hindi na pabibihag sa anupamang bagay. Ika'y nakapiit, ay, naku, sa Ebanghelyo, nakapiit sa Salita, at lahat ng mga anak na iluluwal mo ay gayon din, dahil ikaw ay isang bilanggo.

Hindi ka na maaaring mangalunya; buntis ka na. Luwalhati! Hindi ka na niya mahahawakan pa. Ang sinapupunan ng buhay ay naisara na sa ano pa mang iba pa. Ika'y sa Kaniya na, sa pamamagitan ng pagtatalaga. Ang Binhing iyon ay kinakailangang mabuhay; wala nang sanlibutang makakapasok pa. 0! 0, kung maaari lang na pag usapan ito ng isang oras pa! Tiyak kong nauunawaan ninyo. Kita n'yo? Kayo'y kay Cristo, at tanging sa Kaniya, ganap na. Ang Binhi ay naroon na. Ang Binhi noon pa man, ay naroon na. Kailan ito nailagay doon? "Bago pa itatag ang sanlibutan, ay naitalaga na tayo tungo sa Buhay na Walang Hanggan." At kapag ang daloy na nagbibigay Buhay, ang Binhing nakahimlay doon. . . Ang iba pang binhing nais pumasok ay hindi makakakapit, hindi maaari. Datapuwat nang ang Binhing iyon ay pumasok, kaagad ay napinid ang sinapupunan; lahat ng ibang binhi ay naitaboy palabas, kita n'yo, nang gayon.

At ika'y magiging isang bilanggo, napapaligiran, ni Cristo. Si Cristo'y nasa iyo, ang Buhay Niya ang namumunga ng Kaniyang katibayan, ng Kaniyang mga tanda. Ay, naku, naku, naku! Masdan, nagpapalabas ng Kaniyang mga tanda ng buhay bilang katibayan ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli, pinatutunayan sa sanlibutan ang Buhay na Walang Hanggan, binibindika na tayo'y buhay sa Kaniya. At isipin ninyo ito, buhay sa Diyos, ang ating Manunubos, na Siyang lumikha sa atin sa layunin ding ito, ang Iglesia, at ang Kaniyang Buhay na mapanlikha sa atin.

Ang ibig sabihin, nagawang sabihin ni Moises, dahil sa Salita ng Diyos, "Magkaroon nawa," at nagdatingan ang mga langaw. Ang Diyos na makalilikha ng langaw ay makalilikha rin ng mga eskwirel. Kita n'yo?

219 Kaya't kaya Niyang gawin anumang naisin Niya. Makalilikha Siya. Magagawa Niya ang lahat ng bagay. Siya ay Diyos. Ang siya ring Diyos, ang buhay na mapanlikhang iyon, kita n'yo? na nasa inyo, ay... Ika'y isang bilanggo; hindi ka makapagsasalita ng anuman hangga't di Niya sinasabing salitain mo. Datapuwat, kapag ito'y binigkas mo, ito'y Salita ng Diyos.

Pinatunayan Niyang ito nga'y gayon. Lahat ng iba pa ay tama, at alam niya, na kapag ito'y nabigkas na, ito'y mangyayari. Kita n'yo?

Kinuha ni Moises ang kaniyang tungkod, at sinabi, "Dumagsa nawa ang mga palaka," 'pagkat sinabi ng Diyos, "Dumagsa nawa ang mga palaka". Inulit lang niya ito. Iya'y tama. At naglitawan ang mga palaka sa lahat ng dako, lahat ng dako ay napuno ng palaka. Saan sila nagmula? Walang nakaaalam. Dating wala ang mga iyon doon. Datapuwat ang Manlilikha, ang Diyos, na kumikilos sa pamamagitan ng isang tao, ay lumikha ng mga bagay, mga uring buhay.

Ang Diyos na gumawa ng unang palaka ay makagagawa ng ikalawang palaka. Siya ang gumagawa ng lahat ng mga palaka. Ay, naku! Nakikita ba ninyo ang gusto kong sabihin? Nilikha Niya ang unang eskwirel, nilikha Niya ang pangalawang eskwirel, malilikha niya ang anumang eskwirel; makalilikha Siya ng eskwirel kung saan ay walang eskwirel. Magagawa Niya anumang naisin Niya! Siya ay Diyos! Siya ay Diyos! Ang Kaniyang Buhay! Ay, naku! Sa tuwing maiisip ko ito, ay nangangatog ako! A- ha.

220 0, ang mabuhay nang kasama Siya, umuwing kasama Niya, mabuhay nang kasama Niya! Umuwing

kasama Niya upang manahang kasama Niya magpakailanman, taglay ang Buhay na Walang Hanggan!

Ito ang dakilang hiwaga ng pag-ibig ng Diyos na naipahayag, na ang Diyos at ang tao ay naging isa. Kita n'yo? Ang lahat ng ito ay ang Diyos at ang tao, iisa. Ang Diyos at tao ay iisa, doon; at ang Diyos at tao ay iisa, rito. Kita n'yo? Ano ito? Mg pagiging puspos ng Kaniyang Espiritu, Siya ang may tanging kadakilaan. Iyon ang nagawa ng Diyos, nilayon ng Diyos na gawin iyon: ang Siya'y makapanahan kay Cristo; at si Cristo sa atin; at lahat tayo'y samasama, iisa. Ang Espiritu Santo, ay gayon din; ipinahayag ito Nito kay Cristo, ipinapahayag ito rito; ang sobrenatural na Kapangyarihang mapanlikha. Ay naku!

221 Ang Siya ring Diyos na kayang — kayang magsabi noon kay Moises, "Dumagsa nawa ang mga palaka," ay Siya ring tumayo roon at nagsabing, "Maging alak nawa ang tubig na ito." Kita n'yo? Amen. Tama ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."- Ed.] Siya'y ang Siya ring Diyos, Siya rin iyon.

Hindi talaga Siya maaaring magbago. Ito'y ang Diyos na nasa tao. Iyan ang Kaniyang pagpapamalas. Iyan ang Kaniyang ipinapahayag. Iyan ang sinisikap Niyang gawin, at ang sariling Salita mismo ng Diyos ang naghahayag nito. Ipinapakita na ang tao ay hindi makalilikha; ang Diyos ang Manlilikha. At hindi na tao iyon; iyo'y ang Diyos na Manlilikha, na nasa tao, na siyang Kaniyang Iglesia ngayon. Amen!

Pauwi na sa Langit, upang manahang kasama Niya, magpakailan man. Ang Diyos ay nagpapahayag ng Walang Hanggang pag-ibig sa Iglesia.

222 Makinig, makinig maigi ngayon. Hindi ko nais na mabigo kayong ito'y makuha. Walang ibang iglesia, walang ibang tanda, walang ibang samahan, walang ibang pamahalaan, walang ibang patotoo, walang ibang kredo, walang denominasyon, ang tatanggapin na labas Nito. Walang ibang tatangapin ang Diyos maliban diyan, "Si Cristong nasa inyo, ang pagasa ng Kaluwalhatian," ang tanging kikilalanin ng Diyos. Walang samahan, walang iglesia, walang kredo, walang denominasyon, walang kahit ano; lahat ng iba pa ay patay na. Sila'y mga nag-usliang piraso na kinakailangang tabasin, tagpasin mula rito, upang si Cristo ay makapamuhay ng may tanging kadakilaan sa iyo.

Hindi tumuturong pabalik! Mayro'ng isang nakapatong dito, na nagsasabing, "Ito ay organisasyon namin." Kinakailangang tagpasin din iyan. "Mayroon akong ganito- at-gayon dito. Ganito namang ang sabi nito. "Baka sabihin sa akin ng nanay ko na ako'y holy roller," Iyan man ay kailangan ding tagpasin. Kita n'yo? "Buweno, alam kong gusto ng asawa kong mag-syorts ako." Maging iyan ay kailangan ding tagpasin. Kita n'yo? Iya'y kinakailangang maputol at matagpas hanggang sa ang matira na lamang ay ikaw at si Cristo. Kita n'yo? Ah!

223 Mag-isip! Sa pamamagitan ng Buhay na Presensiya ng Buhay na Cristo sa pamamagitan ng Buhay na Salita; o, ang Buhay na Cristo, ang Buhay na Presensiya, ang buhay na Salita! Masdan! Sa pamamagitan ng Kaniyang personal, personal na bindikasyon na nagpapatunay sa Kaniyang Iglesia.

Hindi mga kaanib! Hindi Niya kailan n'ian ginawa ang gayon sa araw ni Moises. Hindi Niya kailanman ginawa iyon sa mga araw ng sino pa man sa wakas ng sanlibutan, nang humantong ito sa pagkawasak. Sa mga kaarawan ni Lot, hindi iyon pagkaka-anib. Iyon ay isang personal na bindikasyon, ang Diyos na nasa laman, kita n'yo, isang personal na bindikasyon.

224 Tandaan! Isipin ninyo ito, na, ang mga tao ay naisisilang ng Kaniyang Espiritu, sa araw na tulad nito, sa dakilang panahong ito ng

denominasyon na ating kinabibilangan, at ang Buhay na Diyos ay kinukuha ang Kaniyang buhay na Salita at — at ito'y pinagtitibay Niya, sa personal na paraan, ang Buhay na ito na nasa Salita, ang semilya na nasa Binhi! At ang Salita ay isang binhi na isinabog ng isang magsasaka upang ipunla. At ang Buhay ay si Cristo, na nasa Salita, personal na nananahan sa iyo; bumibindika ng isang bagay na hindi mo kayang gawin, pinatunayan Niyang hindi na ikaw iyon, kundi Siya na mismo. At kayo'y nagiging isa, ikaw ay isang — isang — isang bihag ng pag-ibig sa Kaniya, upang maging isang Nobya.

225 Pasasalamat sa Buhay na Diyos na lumikha ng kalangitan at ng lupa at ng lahat ng nasa pagitan! Hindi kataka-takang "Siya ang Alpa at ang Omega, ang Pasimula at ang Wakas; Siya ang nakaraan, ang ngayon, at ang darating; ang Ugat, at ang Supling ni David, ang maningning na Tala sa umaga." Siya'y lahat-sa-lahat.

226 Ang Kaniyang Presensiya, sa isang indibiduwal, taglay ang personal na bindikasyon ng Kaniyang Sarili, ipininapahayag ang ang Kaniyang Sarili, ang Buhay na Salita na ipinangako para sa araw na ito, na nagpapahayag ng Kaniyang Sarili sa pamamagitan mo, isang bindikasyon ng dakilang kapahayagan ng Diyos. Masdan, tanging sa isang indibiduwal, hinding-hindi sa isang lupon! Isang indibiduwal; hindi sa isang kalipunan! Ang Kaniyang pagkakakilanlan ay nasa indibiduwal. Nakuha ba ninyo iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."- Ed.] Hindi sa mga Metodista, hindi sa mga Baptist, hindi ang Presbyterian, hindi ang Lutheran, hindi ang mga Pentecostal, kundi sa isang indibiduwal! 485 "Kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa; paghihiwalayin Ko sila." Iyan ay tama. "Dalawa ang gagawa sa bukid; kukunin Ko ang isa at maiiwan ang isa. Dalawa ang nasa higaan, kukunin Ko ang isa at maiiwan ang isa."

Hindi ito isang lupon. Ito ay isang personal na bindikasyon ng isang buntis na anak ng Diyos, na puspos ng Banal na Espiritu, lubusang sumuko sa Diyos kung kaya't hindi na siya nag-aalala ungkol sa anupaman. At ipinamumuhay ng Banal na Espiritu ang Buhay Nito, pumipintig sa pamamagitan niya, ipinapakita ang personal — personal na bindikasyon ng Mismong Salita, ipinapahayag ang Kaniyang Sarili sa bayan at sa sanlibutan.

227 Paanong nagagawa ng sanlibutan ang magbulag-bulagan tungkol sa bagay na ganito? Katulad din ng hindi pagpansin ng mga Catolico kay Santo Patrick at hindi pagkilala sa kaniya hanggang pagkatapos niyang mamatay.

Gayon din ang ginawa nila kay San Martin, hindi nila ito nakilala. Tulad din ng ginawa nila sa lahat ng mga kapanahunan. 488 Gayon din ang ginawa nila kay Joan na taga-Arc. Sinunog siya ng Iglesia Catolica, bilang isang mangkukulam, dahil siya ay espirituwal. Paglipas ng mga isandaan at limampung taon, ay hinukay nila ang mga bangkay ng mga paring iyon at ipinatapon, upang magpakita ng pagsisisi.

228 Dumaraan ito sa harapan nila, at hindi nila makilala hangga't ito'y yumaon na. Ang dinadampot lamang nito ay ang naitalagang Binhi na itinalaga na ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Gayon din ang dumaan sa panahon ni Noe, gayon din ang naganap sa mga araw ni Moises, sa mga araw ni Elias, sa mga araw ng mga propeta, sa mga araw ni Jesus, maging magpahanggang sa oras na ito! Ang taong nabuntis ng Binhi ng Diyos, ang Salitang naroon ay nagpapahayag ng Kaniyang Sarili, lubos na sumuko sa kalooban ng Diyos, na ang Salita at tanging ang Salita lamang ang nagpapahayag ng Kaniyang Sarili sa taong ito, ang bilanggo, sa isang indibiduwal.

229 Hindi ang sabihing, “Ang simbahan ko. . .” Ngayon, “ang simbahan ko” ay walang kinalaman dito.

Ito'y isang indibiduwal, isang tao! Ang buong impiyerno ay laban sa Katuruang ito. Ang buong impiyerno ay sasalangsang sa Katotohanang ito, ngunit ito ang Katotohanan.

Hindi kailan man sinabi ni Jesus, “Pedro, ikaw at si Juan pati na ang lahat ng mga tao, nasa inyo na ngayon ang kapahayagan, ang buong iglesia ngayon ay ligtas na.”

Ito'y patungkol sa kaniya, sa tao, personal. “Sinasabi ko sa iyo, sa iyo,' hindi sa kanila, ”sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang Aking Iglesia.“ At ang salitang Pedro, ay nangangahulugang ”isang maliit na bato.“ Ang Bato ay nangangahulugan ng ”yaong isang nagtapat“, o ”yaong isang naihiwalay.“ 494 Sa ibabaw ng isang bato, sa ibabaw ng isang bagay; kita n'yo, isang tinawag palabas, ang Iglesiang pinalabas; sa ibabaw ng batong ito, sa ibabaw ng ”kapahayagang“ ito. ”Hindi laman at dugo ang nagpahayag sa iyo nito. Datapuwat sa ibabaw ng kapahayagang ito, sang lupong tinawag pinalabas, itatatag Ko ang Aking Iglesia sa kanila. At ang pintuan ng hades ay hindi makatatagal laban dito.“

230 “Walang isa man sa buhok ng iyong ulo ang mapapahamak. Ikaw ay Akin! Babangunin kita sa mga huling araw, bibigyan ka ng Buhay na Walang

Hanggan at babangunin ka sa huling mga araw.“ Hayan na, ang kapahayagan. Hindi sila; kundi ”siya,“ isang indibiduwal! Hindi isang samahan; kundi isang indibiduwal! Ang buong impiyerno ay laban dito.

Datapuwat ang Kaniyang hiwaga ay ipinahayag lamang sa Kaniyang sinisintang Nobya. Siya lamang ang makakaunawa into.

Sinabi Niya, “Mabuti ang pagkahula sa inyo ni Isaias, kayong mga mapagpaimbabaw, kayong mga ahas sa damuhan. Pumaparito kayo't nagsasabing, '0, ang mga dakilang propeta! Kami ang nagmarka ng kanilang mga libingan, pinakikintab namin ang mga iyon.'” Sinabi Niya, “Kayo ang naglagay sa kanila roon.” Sinabi nga ba Niya ito?

Ito rin ang sasabihin Niya sa mga simbahang Catolico sa kanilang panahon, nang sila'y padalhan ng mga propetang sinauna — ang lumang tipan bago pa sila magkaroon ng konseho sa Nicaea, doon sa Roma, at maghalal. Ang mga sinaunang propetang iyon na kumain ng mga damong mula sa lupa, halos ay hubad, balat lamang ng tupa ang balabal, at nanindigan para sa katotohanan ng Biblia. Datapuwat mas ninais ng Iglesia Catolica ang kanilang kaisipang intelektuwal. At nagpalabas sila...At mula sa kanila ay lumabas sina Santo Ireneo, Policarpio, Martin, at yaong mga iba pa. At ano ang kanilang ginawa? Inilibing nila sila, sina Joan na taga-Arc, Santo Patrick at ang iba pa. Sila ang naghulog sa kanila doon, ngunit ngayon ay bumabalik sa mga puntod na iyon at nililinis ang mga dingding niyon, tulad ng kaso ni Joan na taga-Arc. Ano ang ginawa nila? Sila ang naglibing sa kanila roon!

231 Ngayon sasabihin ko, habang nananawagan ang Kaniyang Espiritu sa inyo, “Mga pinaputing dingding! Kayong mga mapagpaimbabaw, kung anu-ano ang itinataguri ninyo sa inyong sarili, samantalang ang pinanghahawakan ninyo'y intelektuwal na kaisipan ng tao at pinabayaan ang Salita. Sa halip na kayo'y mabuntis ng Binhi ng Diyos, ang Salitang nasa inyo, ay tinanggap ninyo ang lahat ng uri ng halonglahi.” Hindi kataka-takang Siya'y nakaupong tulad sa isang “patotot,” dahil siya'y “gumagawa ng mga

pangangalunyang espirituwal", tinuturuan ang bayan ng mga aral ng tao at hindi ng mga aral ng Diyos.

Ngunit ang sabi Niya, "Huwag matakot, munting kawan, kalooban ng inyong Ama na ipagkaloob sa inyo ang Kaharian." Iyan ay tama. Tiyak iyan. Haya't nakuha na natin.

232 Ang Biblia, sa Apocalipsis, ay nagsasaad na, "Ang dakilang bayang ito ay naghari sa lahat ng mga hari sa lupa." Sinabi pa Nitong siya'y isang "patotot." Ano iyon? Isang babaeng nagsasabing siya'y binibini

samantalang siya'y nangangalunya. "Hawak niya sa kaniyang kamay ang saro," ng pakikipag-saya, sa sanlibutan, "ng . . . na naguumapaw sa karumihan at karumal-dumal na pangangalunya." At siya'y may mga anak na babae, ang mga iglesiang Protestante, na ang bawat isa ay lumabas mula sa kaniya na taglay ang gayon ding mga hidwang turo, gayon ding bautismo, at pagkakamayan, sa halip ng bautismo sa Banal na Espiritu; at ang kanilang hidwang turong "Ama, Anak, at Banal na Espiritu" at lahat ng iyon, sa halip na ang taglayin ay ang Pangalan ng Nobya — Nobyo, at iba pa. Sasabihin mo, "Wala namang diperensiya 'yon, eh." Mayroon.

Kung sa halip ng pangalan ko ay "Reverend" ang isusulat ko sa tseke, "ministro,' kaya o iba pa, ay hindi ito maaaring ipalit ng pera. Tama. Tatanggihan ito sa bangko. A-ha. Pansinin. Tama.

233 Ngunit ang lahat ng hiwagang ito ay ipinapahayag lamang, tulad ng ipinangako Niya, sa Kaniyang Nobya. Ang impiyerno ay laban sa Katotohanang ito, ng kapahayagan ng hiwagang ito. Datapuwat ang Nobya ay naninindigan dito. Iyan ang Kaniyang tinatayuan. 504 Bakit ka nagugutom, Iglesia, bakit ka nauuhaw? Ang Ama nagsisikap na maipahayag ang naitagong lihim na ito sa iyo. Ngumt hinahayaan mong ito'y maagaw sa iyo ng napakaraming mga bagay. Hinahayaan mo ang trabaho mo, hinahayaan mo ang asawa mo, hinahayaan mo ang mga anak mo, hinahayaan mo ang mga intindihin ng mundong ito, hinahayaan mo ang kung sinong pastor, o ang iba pang tao ang umagaw nito sa 'yo, samantalang alam mo na sa kaibuturan ng iyong puso ay nauuhaw ka, nagugutom. Ang Diyos iyon na nagpapahayag nito sa 'yo, kita n'yo, ang kapahayagan. Ang huling araw ay narito na. Pansinin ngayon.

234 Tumingin tayong pabalik muli. Hindi ko maaaring lampasan ang lahat ng mga ito. Kita n'yo? Nais ko lang ituon ninyo ang inyong paningin dito sandali, at tayo'y magwawakas na sa loob ng ilang minuto. Kayo'y. . Ipagkakaloob n'yo lamang sa akin ang walang kahati ninyong pansin sa loob ng isang sandali.

235 Pansinin, sa Aklat ng Colosas, dito sa talatang 18. Sa Aklat ng Taga Colosas, talatang 18. At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga'y ng Iglesia; na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng mga bagay ay magkaroon siya ng kadakilaan.

236 "Siya ang Ulo ng Iglesia, na siyang Kaniyang Katawan, at nais Niya ng buong kapamahalaan." Makinig ngayon, makinig maigi habang tayo'y nagpapatuloy. Ano? Siya ang dapat maging Ulo ng Katawan, ang Katawan ng Kaniyang Nobya, na hinugot mula sa Kaniya; laman at buto, tulad ng kay Adan, kita n'yo, ang Nobya.

"Isinilang mula sa mga patay," kita n'yo, iyon ay, isinilang mula sa mga patay, sa kasalanang di-pananampalataya.

Ano ang kumitil kay Eva? Ang di-pananampalataya! Tama ba 'yon? Ang hindi nila pananampalataya saan? Sa pamamagitan ng, dahil sa di. . .di-pananampalataya sa Diyos? Hindi. May pananampalataya Siya sa Diyos. Tiyak iyon. Sinabi ba niyang, "Walang Diyos?" Hindi po. hindi siya impidel. "Buweno," ang sabi niya, "alam mo, hinding-hindi talaga ako naniniwala sa Salita Niya." 0, hindi. Sinampalatayanan niya lahat maliban sa iisang katiting na bagay. Kita n'yo?

237 Ngayon hindi ba sinabi ng Biblia, doon sa Aklat ng Apocalipsis, si Jesus mismo ang nagsabi, "Akong — akong si Jesus ay nagsugo ng Aking anghel upang sa inyo'y magpatotoo ng mga bagay na ito"? "Sinuman ang magbawas ng isang Salita rito, o magdagdag ng isang Salita Rito." At kung ang lahat ng sakit at kalungkutang ito ay dumating dahil may isang babaeng nag-alinlangan sa isang Salita ng Diyos, hahayaan ba Niya kayong mag-alinlangan sa isa mang Salita? Siya'y magiging di makatuwiran. A-ha. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi iyon magiging tama. Nahatulan. . .

Narito ang isang lalaking nakatayo, at siya ang naging sanhi ng lahat ng pasakit na ito dahil sa isang Salitang pinag-alinlanganan; at pagkatapos siya'y magpapatuloy at magdaragdag ng mga taon ng karanasan at lahat na, at ang Biblia at iba pa, samantalang ang iba ay nag-alay ng kabilang buhay alang-alang dito; at pagkatapos ay sasabihin, "0, sige lang, humayo ka't kumain. Walang masama riyan. Pababalikin pa rin naman kita"? Ay, hindi. Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng tao, datapuwat. . .? . . . Kita n'yo? Kita n'yo? Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng tao. Ngayon, pansinin.

238 Pansinin ngayon. "Siya ang Ulo ng Katawan" na naipanganak mula sa kasalanan, ng di-pananampalataya sa Salita ng Diyos. Iyan ay mag. . . kabilang dito ang bawat denominasyon, bawat kredo, kita n'yo. Dipananampalataya sa Salita; na Siya mismo, ang Salita ng Buhay. Kita n'yo? Tanging ang Salita lamang, ang may Buhay. Ang iba pang salita ay halong-lahi. Gaano pa man kahawig ito Nito,

hindi pa rin ito ang Salita.

Pinalilitaw ng Salita ang Sarili Niyang Buhay, yaong ipinagpalit ni Eva para sa pansariling kaalaman. Tingnan n'yo kung paanong ginawa rin ng iglesia ang gayon sa pamamagitan ng pang-unawa ng kung sinong tao? Si Moises ay may dakilang pagkaunawa tungkol sa Diyos hanggang sa makatagpo niya ang nagliliyab na puno, at noo'y nakita niya ang kaniyang kahinaan. Taglay ng nagliliyab na puno yaong bagay na wala kay Moises. Taglay ng Salitang iyan ang bagay na wala sa denominasyon. "Siya, ang Ulo, ang unang bunga ng pagkabuhay na mag-uli."

239 Lilipat tayo mula sa "kapahayagang" ito; pagkalipas ng kaunti pang panahon, kung sasabihin ninyo. [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen."- Ed.] Tama. Tama, kaunti pang panahon.

"Siya and unang bunga ng pagkabuhay na mag-uli." Tama ba 'yon? [Ang Kongregasyon ay nagsabi ng "Amen."- Ed.] Masdan. Kung gayo'y ano Siya? "Siya ang Ulo ng Katawan, na Kaniyang Iglesia, ang Nobya." A-ha. 516 Kung gayon, ang Nobyang-Katawan ay dapat sumunod sa Ulo, dahil ito ay bahagi ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli at bahagi ng hiwaga. Imposibleng hindi ito mangyari at siya'y tumuloy. Ay, naku! Ito'y bahagi ng hiwaga ng Diyos, kung paanong inihayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili rito at ibinangon ito sa pamamagitan ng Salita, kaya't ipinahahayag Niya ang Iglesia at ibinabangon ito sa pamamagitan ng Salita ring iyon. Ito'y bahagi ng Kaniyang tatlongluping hiwaga.

240 Kung paanong ang Ulo ay naialis mula sa libingan, gayon din naman ang Katawan ay kinakailangang sumunod sa Kaniya pabalik sa Eden. Kung saan naroroon ang Ulo ng pamilya, ang Lalaki, ang Nobyo; ang Nobya bilang Katawan ng Nobyo, ay dapat sumunod, ang Nobya, dahil Siya ang Ulo. At ang Ulo ay naihayag, at nagbalik taglay ang Buhay na Walang Hanggan; at dapat sundan iyon ng Katawan doon, dahil magiging mag-asawang Lalaki at Babae itong muli. Amen! At habang kayo'y buntis ng Salita ring iyon, na Kaniyang Katawan; kinuha mo na ang Kaniyang Katawan, napaloob sa Kaniya, nang kunin mo ang Salita. Hindi ang kredo; ang Salita! Ay, naku! 518 Hindi ba napakagandang teksto niyan para sa hapong ito, unang magpatuloy? Ha? Naku, hindi ba napakaganda no n! Kita ri'yo? Isipin lang ninyo ito ngayon, kung ano ito. 519 Kaya nga, ang Katawan ay hindi makakakilala. . . Huwag sanang hindi n'yo ito masapo. Ang Katawan, kung gayon, ay di makakikilala ng iba pang pagkapangulo maliban sa Salita. 'Pagkat, ang — ang Ulo ay nakakabit sa Katawan, at ang Ulo ang Salita, at ito yaong siya ring Salita, isang Pagkapangulo! Kaya nga't ang mga denominasyon, at mga padreng banal, at ang lahat ng iba pa, ay patay na dumi. May iisang Pagkapangulo, iyon ay si Cristo. Lisa lang ang kinikilala ng Katawan, ang Salita!

241 Ngayon, ipakita mo sa akin kung saan may nabautismuhan, tungo sa Katawan, sa ngalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo?" At ano ang kinikilala ninyo? Kita n'yo, nalalaman kong ako'y nangungusap sa libulibong tao, sa pamamagitan ng teyp, alam n'yo, at mayroon tayong lingkuran ng teyp sa buong mundo. Sa anong pangalan kayo nabautismuhan? "Sapagkat walang ibang pangalan na ibinigay sa silong ng Langit" ang sabi ng Salita, "na sukat ay ikaligtas ng tao." At kung ikaw ay nabautismuhan, upang ipakita ang iyong paniniwala kay Cristo, at pagkatapos ay magtaglay ng pangalang kredo, ikaw ay halong-lahi. Kung ikaw ay hindi katulad na katulad ng iglesiang iyon at katulad na katulad ng kanilang katuruan. . .

242 Kung gayon, kayong mga Catolico, kita n'yo, paano ninyong nagagawang magpasakop sa kapamahalaan ng isang papa ngayon, at sinasabing siya ang kahalili sa bisa ng maka-apostol na paghalili, mula kay Cris. . . mula kay Pedro, at ng papang ito at ang iglesiang ito ay nagtuturo ng taliwas na taliwas sa unang Salitang ito, na kinilala ng Diyos, sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan, sasabihing ito ang Kaniyang Iglesia? At ang makita mo ang Salitang iyon na nailabas sa araw na ito ng buong kadalisayan, na nagpapakita ng katulad na pagkabuhay na mag-uli na naganap sa Kaniya roon, ang Diyos na nabuhay sa piling ng Kaniyang bayan, at gumagawa ng katulad na mga bagay, kung gayo'y paano kang kikilala ng pagkapangulo sa Roma?

Ang Pagkapangulo natin ay nasa Langit. Hindi ako patungo sa Roma; ako'y patungo sa Langit kung ako y mamamatay. Kita n'yo? Kita n'yo? Ang Pagkapangulo ay nasa langit.

243 At dapat ay sumunod ang Katawan sa Ulo, kung paanong ang asawang babae ay sumusunod sa asawang lalaki. Sapagkat si Adan ay hindi nadaya; siya'y lumakad palabas kasama ni Eva. Si Eva ang nadaya, siya ang nasumpungan sa pagsuway, disin sana'y ang buong pagkabuhay na mag-uli ng buong Katawan ay naganap na sa araw ng ating Panginoong Jesus, nang Siya'y magbangon mula sa Kaniyang libingan. Datapuwat kinailangan pa Niyang tubusin Siya, na Kaniyang Katawan. Kailangan muna siyang matubos upang makalapit sa Kaniya. [Dalawang ulit pumalakpak si Kapatid na Branham — Ed.] Nakikita n'yo ba ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen." - Ed.] Ay naku! Kita n'yo? Hindi ito maaaring maganap noon. Ang katubusan ay nagpapatuloy pa rin.

244 Ngayon ba'y nakikita na ninyo ang Mga Tatak? Nang Siya'y nasa Kaniyang gawaing tagapamagitan pa roon, at tumutubos, datapuwat minsan isang araw Siya'y darating upang kunin ang Aklat na ito na Kaniyang tinubos. At ang lahat ng napapaloob sa Aklat na ito ay magiging Siya, dahil iyon ay ang

mananampalataya, ang Salitang nasa Aklat, at ang Salita ay Siya. At pati na ang lahat ng napapaloob doon, Siya'y darating para sa Aklat na ito ng Katubusan, ang kanilang mga pangalan ay nasulat sa Aklat bago pa itatag ang sanlibutan, nang Siya'y paslangin tulad ng isang Cordero.

At naririto Siya ngayon, sa Kaniyang Salita, ipinamamalas ang katulad na bagay na ginawa Niya roon. Hindi Siya kikilala ng iba pang pagkapangulo. Hindi po. Walang obispo, walang ano man. Siya'y kikilala sa iisang Pagkapangulo, na si Cristo, at si Cristo ay ang Salita. Ay, naku! Whew! Gusto ko 'yon! Ah! Opo!

245 Kung paanong ang Ulo ay iniahon mula sa libingan, gayon din naman ay dapat sumunod sa Kaniya ang Kaniyang Katawan patungong Eden. Kaya nga, ang Katawan ay hindi maaaring kumilala sa iba pang pagkapangulo, maliban sa Pagkapangulo ng Salita. 527 Walang denominasyon ang makapagdaragdag Dito ng ano man. "Dahil sino mang magbawas ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang Salita Rito, ay maiaalis Dito." Kayo'y patay, hinaluan, kung gayon. Siya'y bumalik dito, taglay ang ganitong patotoo sa kaniyang mga kamay, "ang karumihan ng kaniyang mga pangangalunya, nagkakasala ng espirituwal na pakikiapid," laban mismo sa Salita na sinasabi niyang kaniyang pinaniniwalaan. Kita n'yo?

246 Kaya nga, ang Salita na, o kaya'y wala. Iya'y tama. Siya, ang Salita! Paano mo malalamang ito'y tama? Siya, na Salita, ay bindikado. Kita n'yo? Siya, ang Salita, ay maayos na nabindika, ay ang Pagkapangulo, ang Ulo ng Iglesia. Siya ang Salita, ang Pagkapangulo. Siya'y maayos na ipinakilala, naipakikilala, binindika ng Kaniyang Sariling Espiritu na nasa Iglesia mismo, ang persona. Ipinakikita na ang Kaniyang Sarili, bilang bindikasyon, ay ang tahasang katibayan para sa buong Katawan. Kung gayo'y hindi mo na kailangan ng mga kredo. Ang mga denominasyon ay nangamatay na. Datapuwat ang Pagkapangulo Mistrio, ay nakikilala sa Katawan sa pamamagitan ng personal na pagkakakilanlan, kita n'yo, nagpapakilala ng Kaniyang Sarili, pinatutunayan ang Pagkapangulo sa Katawan. Kung magkagayo'y, tayo ay pinag-isa sa ilalim ng Isang bindikadong Pagkapangulo, na si Cristo, ang Salita ng Diyos, hindi sa ilalim ng kung anong simbahan.

247 Kung gayon, ang ating Pagkapangulo ay isang Kaharian. "Ang Kaharian ng Diyos ay nasa inyo," ang sabi ng Biblia, ni Jesus. Ang Kaharian! Tayo'y hindi denominasyon. Tayo'y kabilang sa isang Kaharian, at ang Kaharian ay ang Salita ng Diyos na naging Espiritu at Buhay sa ating mga buhay, gumaganap sa bawat pangako sa araw na ito, katulad nang sa araw na iyon nang ang Salita at ang Diyos ay iisa. At ang Salita at ang Diyos ay iisa sa Kaniyang Iglesia ngayon, ginagawa Itong Pagkapangulo ng Katawan na natubos upang ihatid ang Mensahe sa huling mga araw; at maitaas mula sa mga patay, sa pagkabuhay na mag-uli, upang magbalik at maisauling muli, tulad ni Adan at Eva, sa pasimula, sa Hardin ng Eden. Ang tatlong-luping hiwaga ng Diyos, ng Kaniyang Katawan! Ay, naku!. Pansining mabuti, ngayon, tulad sa patitipo, ang sinaunang Israel

248 Masyado na ba akong nagtatagal dito? [Ang sabi ng kongregasyon, "Hindi."- Ed.] Huwag n'yo akong hayaan, huwag n'yo akong hayaang masyadong. . . Ngayon makinig. Ngayon, mga dalawampung pahina na lang ang natitira. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngunit ngayon ako'y. . . Kaunti na lang ngayon, at pagkatapos — pagkatapos ay iiwan ko na kayong lahat hanggang sa susunod na tag-araw, o sa ibang panahon, kung loloobin ng Panginoon. Kita n'yo?

249 Ngayo'y masdan. Pansinin ngayon, tayo'y pinag-isa sa ilalim ng isang Pagkapangulo, sa katulad na paraan, o tipo ng Israel noong unang panahon. Ngayon nakukuha n'yo ba ito? Tulad ng Israel nung una; isang Diyos, binindika ng isang Haliging Apoy, at ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng isang propeta, na Siya ang Salita. Ito yaong Diyos ding iyon, ang Siya ring Haliging Apoy, siya ring kaparaanan; hindi Niya maaaring baguhin ang Kaniyang mga kaparaanan. Iyan ba'y. . . Ito'y sakdal na sakdal, 'di ba? Kita n'yo?

250 Isang Diyos! Ilan ba ang mga Diyos ng Israel? [Sumagot an kongregasyon "Iisa."- Ed.] Ilan ba mayroon ang Nobya? ["Iisa."] Ilan ba ang kalalabasan Niya? ["Iisa."] Siya nga. Siya nga. 533 Kita n'yo, nasa ilalim ng pamumuno ng Banal na Espiritu, na Siyang Haliging Apoy sa mga araw ni Moises, ang dakilang propeta. Siya'y pinag-utusan ng isang Haliging Apoy. Tama ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."- Ed.] Tama. Patungo sa isang lupang pangako.

251 At sa panahong Cristiano, mayroong iisang Diyos na nagpakita sa anyo ng Haliging Apoy, sa isang propetang ang ngalan ay Pablo, na isinugo sa mga Hentil upang humirang ng bayan para sa Kaniyang Pangalan. Tama ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen." -Ed.]

At sa mga huling araw, bumaba sa katulad na kaparaanan, binibindika ang Kaniyang Sarili, kita n'yo, sa gayon ding mga tanda, gayon ding kababalaghan, gayon ding Haliging Apoy, gayon ding Ebanghelyo, gayon ding Salita, gayon ding mga pagpapamalas.

252 Ang Kaniyang Katawan ay gaganap ng mga gawang Kaniyang ipinangako, tulad ng sa Marcos 16, at iba pa. Ang Kaniyang Katawan ay hindi napigil sa libingan, bagkus ay naipakilalang kasama Niya sa pagkabuhay na mag-uli. Nakukuha ba ninyo ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen."- Ed.]Kung gayon, ang Katawan ng Kaniyang mga anak na nananampalataya ay hindi rin mananatili sa libingan sa

pagdating Niya, bagkus ay makikilalang kasama Niya, dahil Siya ay namatay sa layuning buhaying muli ang Kaniyang Nobya, ang Katawan. Kikilalanin, dahil ito'y Kaniyang Katawan, dahil ito'y ang Salita. Ito'y lubusang lumaya mula sa mga denominasyon at mga bagay, patungo sa Kaniya, at Siya ang Salita. Kita n'yo? At ito'y napagkikilalang kasama Niya, dahil ngayon ay taglay na natin ang unang bunga ng ating muling pagkabuhay, sa pamamagitan ng pagkaalam natin na tayo'y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay, naging Kaniyang mga bilanggo. At ang Diyos ay nagpapatunay sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling Pagkapangulo, na Siya'y katulad noon, ngayon, at magpakailan man, sa pamamagitan ng pagganap ng mga katulad na bagay sa kalagitnaan ng Kaniyang Iglesia katulad ng ginawa Niya noon, "Siya, na nasa akin, at Ako sa Kaniya, sa inyo," alam n'yo na, at iba pa. Tama 'yan.

253 Ang Kaniyang Katawan ay hindi nanatili sa libingan. Ito'y nakilalang kasama Niya sa muling pagkabuhay, katulad Niya ngayon, makinig, ito ang kahulugan nito: ang Kaniyang Salita, na Siya rin, ay nagpasimula nang magbangon. Ang Salita, na dumaan sa mga panahon ni Luther at Wesley, kita n'yo, ay nagpasimula nang magbangon sa Kaniyang kapangyarihan; doon Ito'y nagpasimulang kumibot, pagkatapos ay kumilos Ito nang kaunti pa, ngayon ito'y bumabangon na upang makilala. Kita n'yo? Masdan. Ngayon, ang Buhay sa Katawan, ay isang pagpapatibay na ang Pag-agaw ay nalalapit na. Kapag nakita n'yo na ang Pagkapangulo at ang Katawan ay nagiging Isa, at sa kapuspusan ng Sukat ng Kaniyang pagpapamalas, ito'y nagpapakita na ang Katawan ay handanghanda na upang tanggapin sa Pagkapangulo. Mga bansa'y nangawawasak, ang Israel ay namumulat.

254 Nauunawaan n'yo ba ang gusto kong sabihin? Nagpasimula na Siyang magbigay ng Buhay sa Kaniyang Katawan (bakit?) yaong Isang Kaniyang tinubos. Ang gawaing tagapamagitan ay tapos na, inihahatid Niya ang Kaniyang Buhay sa Katawan, bilang bindikasyon para sa Pag-agaw. Pakatandaan, ngayon, sa huling craw.. .

Ako'y — Ako'y, kung magtitiyaga lamang kayo, ng kaunti pa tungkol dito ngayon, ngayon ay magiging maaayos na ang lahat. Ayaw kong hindi n'yo makuha ito. Ako — ako, at kailangan kong.. . Kailangan kong gawin ang teyp na ito ngayon, dahil ako'y umabot na rito. Isa pang dakilang pangungusap ang nais kong sabihin, kung kailangang ipagpaliban ko ang kaunting bahagi nito.

255 Ngayon, pansinin. Makinig kayo rito. Ngayon ang dakilang bagay. Ngayon natin nais magmasid. Tandaan, sa mga huling araw, ay manunumbalik at ibibindika ang unang araw; kita n'yo, si Adan at si Eva, mag-asawa, walang kasalanan, Buhay; pagkatapos ay ang pagkalugmok. Pansinin, pansining maigi. Siya ay pinilipit. A-ha.

Pansinin kung ano'ng naging sanhi nito? Si Lucifer! Ginagawa ni Lucifer ngayon ang ginawa niya nu'ng una. 542 Kung paanong ang kaharian ng mga Hentil ay pumasok sa pamamagitan ni Haring Nebucodonosor, binindika ang lahing Hentil ng isang propetang makapagpapaliwanang ng mga 'di kilalang wika, mga pangitain, mga panaginip. At ito'y dumaan sa mga Hentil, nang walang kasamang ano man, mga Medo-Persio, at bakal at iba pa; at sa paanan ay gayon na namang muli, ang Kahariang Hentil.

256 Pansinin si Lucifer, sa huling mga araw, ay gumagawa ng katulad ng ginawa niya sa una. Ano ang ginawa ni Lucifer? Ang unang ginawa ni Lucifer ay ang paghiwalayin ang pagsasama ng Diyos at tao, ninasa niyang magtatag ng isang pinag-isang kaharian, na higit na dakila ang taglay na kagandahan at tila baga higit na nalinang, isang higit na dakilang kaharian kaysa sa Kaharian ni Miguel, na taglay ni Cristo.

Nakuha ba ninyo? [Kongregasyon, "Amen."- Ed.] Ngayon, ngayon kung lumampas sa inyo, itaas lang ninyo ang inyong kamay at uulitin ko, kita n'yo. Kita n'yo,

Si Lucifer, sa pasimula, ang layon ng kaniyang puso ay ang magkaroon ng higit na maningning at dakilang bagay sa Langit kaysa doon sa taglay ni Cristo, tama ba iyon, sa pamamagitan ng tila baga higit na nalinang, higit na magandang kaharian na may higit na luningning, kaysa sa Kaharian ni Cristo. Palagay n'yo kaya ay may mga kotse pa tayo sa Milenyum, o kaya'y mga eroplano? Kita n'yo? Nakikita ba ninyo kung ano ang ginagawa ni Lucifer?

257 Ngayon, ang malalaki at kaiga-igayang .mga intelektuwal na denominasyon ay ganiyang-ganiyan din ang ginagawa, nangagkakatipon sila upang gumawa ng katulad na bagay. Kita n'yo? Sila'y nangagkakatipon at nagsasakupan sa isa't-isa, nagpapaligsahan sa isa'tisa. At ngayon, sobra na ang kanilang ningning, hanggang sa hindi na nila malaman ang kanilang gagawin kundi makipag-isa sa Simbahang Catolico. Kita n'yo? Si Lucifer ay muling nagtatatag ng higit na malaking kaharian, upang itulak palabas ang mga taong hindi naniniwala sa mga denominasyon; mandi'y kakamkamin ang kanilang mga kapilya at gagawing mga bodega, at aalisan ng karapatan dito ang mga pastor ng mga simbahang iyon.

At ang lalaking isinugo ng Diyos ay hinding-hindi mananatili sa isang denominasyon matapos marinig Ito o makita Ito, kung siya'y — kung siya'y may taglay na sapat na liwanag upang lumabas at masdan ito. Tiyak ito! Hindi ko sinasabi ito upang mamintas; ito'y sinasalita ko nang buong katotohanan, kita

n'yo, upang mailantad ang bagay na ito.

258 Pansinin, sa mga huling araw na ito, gayon din ang ginagawa ni Lucifer. Nakikita ba ninyo ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen."- Ed] Ang diablo ay ganoon pa rin ang ginagawa, nagtatatag ng iglesiang halong-lahi, isang hinaluang- lahi ng mga kasaping halonglahi rin, hinaluan ng kaalaman sa halip ng Salita, ng mga taong intelektuwal sa halip ng taong isinilang na muli, nagtatatag ng isang intelektuwal na kaharian na dadaig sa munting kawan ni Cristo. Kita n'yo? Ano nga ba ang gumagawa niyaon? Mga anghel na nalugmok.

Sinabi ng Biblia na mga nalugmok na anghel ang nakinig kay Lucifer imbes na kay Cristo, kung Kanino dati sila'y kabilang. Tama ba 'yon?

259 Ngayon makinig maigi, "mga anghel na nalugmok." Anong uri ng mga anghel? Mga Lutheran, Wesleyan, Catolico, Pentecostal, na hindi nanatili sa dati nilang kalagayan tulad ng mga Anghel, na nangahulog sa mga organisasyon tulad ng pagkakahawak ni Lucifer sa Nicaea. At ano ang kanilang ginawa? Nagtatag ng isang dakilang ekumenikong samahan ng mga ministro, upang gumawa ng "isang imahen ng hayop," tulad ng sinabi ng Biblia. At bumubuo ng isang ekonomiyang Cristiano

na magpasasara ng pintuan ng simbahang ito at ng iba pang katulad nito. Nakikita n'yo na ba si Lucifer sa kaniyang gawa?

Sinusubukan kong ihatid sa inyo ang tatlong-luping kapahayagan, o ang hiwaga ng Diyos.

260 Ano ang ginawa nila? Sila'y napapayag sa mga pangangatuwiran ng katalinuhan at edukasyon, tulad ng ginawa ni Eva, tulad ng ginawa ng mga anghel na nalugmok. Si Wesley ay tao ng Diyos; datapuwat ano ang sumunod sa kaniya? Nangagsipasok ang mga anghel na nalugmok dito. Ano ba ang mga anghel, sa pasimula? Mga nilalang ng Diyos, datapuwat sila'y nagpatangay sa katalinuhan ni Lucifer, humanga sa katalinuhan ni Lucifer — sa katalinuhan ni Lucifer. At nakita n'yo ang nangyari sa kanila? Mga nalugmok na anghel. At ang mga organisasyon, ay nagmula sa mga tao ng Diyos na naparito upang itatag ang mga Katotohanan sa ibabaw ng lupa; bago pa mailabas ang Katotohanang iyon at maisaysay at maging isang tunay na kapahayagan ni Cristo, ay nagsidating ang mga anghel na nalugmok kinuha ang nga ito at gumawa ng mga denominasyon batay dito. 553 Iyan ang dahilan kung bakit ang kapahayagan ng hiwaga ng Pitong Tatak ay kailangang mailadlad,

Ngayon ba'y nakikita na ninyo? Yaong naiwan nila. Kung nagpatuloy lamang si Luther, sana'y narito pa rin ito. Kung nagpatuloy si Wesley, kung nagpatuloy ang Pentecost, ano kaya ang nagawa nila?

261 Ngayon, iisang bagay na lang ang maaaring mangyari. Dapat magkaroon ng isang Mensahe sa huling panahon, kung kailan wala nang iba pang maaaring sumunod Dito. At ngayon ang daigdig na makaekumeniko ay nakapagsaayos na ng ganitong rehimen, at wala nang denominasyon o ano pa man ang maaaring sumunod dito; kundi kayo kasapi nito ay puwera kayo rito. Ang bunga ay nasa tuktok ng puno, at ang Ilaw ay sumisilay sa bungang iyon na naitalaga. At siya'y nahihinog tungo sa bungang katulad ni Cristo, nagpapakita ng katulad na kahinahunan at katamisan, at ang katulad na Espiritung tinaglay Niya. Sana'y makita n'yo ito! Kita n'yo?

Pinipilit kong tumalakay ng napakarami sa loob lamang ng isang araw. Pinapagod ko kayo.

262 Kaya, tingnan, sila'y napatangay sa mga pangangatuwiran, napatangay sa mga katuwiran ng denominasyon. "Kung magiging kasapi lang ako nito! Ang — ang meyor ay dito sumisimba." Kita n'yo? "Kung makakasapi lamang ako sa mga Metodista, o sa PEpsbyterian." Tingnan lang ninyo kung saan na sila naparoon. Ngayon, kapapaliwanag ko pa lang sa inyo, na ang mga sangang iyon ay tinatagpas. Ang mga iyo'y patay na. Sila'y hindi na nakakabit kay Cristo; disin sana'y ipamumunga nila ang gayon ding Buhay. Sila'y hindi na nakakabit dito.

Kundi sila'y — sila'y para nang bungang sitrus. Anumang bungang sitrus ay mabubuhay sa isang punong sitrus, datapuwat ito'y mamumunga ng sarili niyang bunga. Ikabit mo ang suha sa isang — isang puno ng kahel, at ito'y mabubuhay sa sustansiya ng punong kahel, ngunit ang magiging bunga nito ay suha. Ikabit mo ang limon doon, ito'y bungang sitrus din, ito'y mamumunga ng maasim na limon, pero ito'y nabubuhay sa buhay ng puno. At ganiyan ang ginagawa ng mga denominasyon sa ilalim ng pangalan ng Iglesia.

Ang Nobya ang orihinal na Puno, ang orihinal na Espiritu. Ang kapahayagan ay nagmumula kay Cristo, hindi sa denominasyon. Kay Cristo! Pansinin.

263 Ano ba ang pinipilit gawin ng mga denominasyon? Itinataas ang sarili nito, katulad ni Lucifer. " Ang Iglesia, ang Nobya," ang taguri nila sa kanilang mga sarili. Na, sa katotohanan ay sila nga, sa Apocalipsis 17, na nangusap tungkol sa huwad na nobya. Higit na mataas kaysa sa munting kawan ni Cristo, ang Nobya; si Lucifer ay mataas mag-isip at itinataas ang kaniyang sarili kaysa sa mapagpakumbabang katotohanan ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng kaalaman ng kapahayagan, at ipinuwesto ang sarili

sa pamamagitan ng edukasyon ng seminaryo at teolohiya hanggang sa sila'y magmataas nang lubusan. At kung hindi ka kabilang sa kanilang grupo, ay hindi ka karapat-dapat.

264 [Padang sa teyp - Ed.] Tulad ng ginawa ni Lucifer sa pasimula, sinasabi sa mga tao ang siya ring sinabi ni Lucifer kay Eva, "Tiyak na tayo'y tatanggapin ng Diyos; pinapakain natin ang mga mahihirap." Iya'y mainam. "Tiyak na tatanggapin Niya tayo. Isa tayong dakilang denominasyon. Tayo'y isang napakagandang iglesia. Aba'y, masdan lang natin ang mga naglalakihan nating mga gusali! Tingnan ang napakarami nating kasapi. Abot na tayo sa milyun-milyon. Tiyak na hindi matatanggihan ng Diyos ang grupong ganoon."

Gayon din ang ginawa ni Cain, inihandog niya ang mga naggagandahang mga bunga ng lupa na kaniyang sinaka, at pinagpagalan, at ginawa, at dinala ang mga bunga, at tinanggihan ang mapagpakumbabang dugo ng Cordero.

265 Mahabag nawa ang Diyos, nawa'y hindi isipin ng mga lalaki't babaeng narito na ako'y nagsasalita ng ganito upang itaas ang kung anong bagay, o ang ano mang pansariling kapahayagan o iba pa. Isinasaysay ko lamang sa inyo ang Katotohanan. Hindi ba ninyo nakikita ang kanilang ginagawa? Kita n'yo? Sinasalita ko ito nang malakas at magaspang, ngunit dapat ay pukpukin mo nang husto ang pako upang ito'y kumapit, kung nais mong bumaon ito, kita n'yo, hanggang sa makita n'yo ito. Kita n'yo?

266 Ngayon, sinasabi ng mga tao, "Tiyak na tiyak! Ang ibig mong sabihin sa akin na ang aming dakilang Iglesia Catolica, na nananatili magpasahanggang ngayon, ang aming dakilang Iglesiang Metodista, at ang iba pang mga iyon? Tingnan mo ang aming mga ninuno." Kita n'yo? Datapuwat sinuway nila ang Salita ng Panginoon. At si Eva ay sa Diyos, isa sa mga Kaniya at Siya. . . siya ay nagmula kay Adan; at dahil nag-alinlangan siya sa isang Salita ng Salita ng Diyos, ay naganap na ang gayon.

267 At narito si Lucifer, gumapwa na naman, sa araw na ito. At, tandaan, ang anticristo ay hindi ang komunismo. Ang anticristo ay kahawig na kahawig niyaong tunay, kung kaya't "dadayain nito pati na ang Hinirang kung maari lang." Ang sabi ni Jesus, Mateo 24, "ang Hinirang kung maaari lang." Si Lucifer, minsan pa, muli na namang winawasak ni Lucifer ang pakikipag-isa ng Diyos sa tao, sa pamamagitan ng kaniyang — kaniyang paglimita sa Salita ng Diyos sa kaniyang mga pangangatuwiran. Kung ano ang ipinapalagay niyang tama, datapuwat sa kaniyang pagpapalagay, ay nilalabag niya ang Salita ng Diyos.

At ganito rin ang ginawa niya sa panahon ni Jesus. At sinabi ni Jesus, "Kayo, dahil sa inyong mga tradisyon, ay winawalang halaga ninyo ang Salita ng Diyos." 567 At ang mga denominasyon, dahil sa kanilang mga organisadong intelektuwal na mga pangangatuwiran ay winawalang saysay ang Salita ng Diyos sa mga tao. Tama. Hindi talaga nila Ito makita. Pagkatapos ay wiwikain nila, "Nasaan ang Diyos ng Biblia?" Siya'y naririto. Siya'y ang Biblia, iyan na nga Siya.

268 Pansinin, ngayon, si Lucifer ay dumarating nang buong katusuhan, at sinisira ang pakikiisa ng Diyos sa tao, tulad din ng ginawa niya sa Eden, sa pamamagitan ng mga dakilang panunukso ng mga pangako ng pansariling kapangyarihan at kataasan. "Aba'y maaari kang maging obispo kung mananatili ka lang sa amin. Maaari ka ring maging isang presbiterong pang distrito. Aanhin mo ang pumunta sa isang katulad Niyan?" Kita n'yo, iyan ay mga Pentecostal, mga Catolico, at iba pa; kita n'yo, isang dakilang pangakong huwad, sa tao, upang tumanggap ng kapangyarihan sa labas ng Salita at pangako ng Diyos. Tatanggap kayo ng Kapangyarihan kapag ang Banal na Espiritu ay napasa iyo, hindi kapag ikaw ay naging obispo, o diyakuno, o ano pa man siya. Kita n'yo? Datapuwat si Lucifer ay tumatrabahong muli.

Nauunawaan ba ito ng iglesiang ito? Itaas ninyo ang inyong kamay para makita ko. [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen." — Ed.] Tama, kung gayo'y hindi na ako magpapakatagal pa tungkol dito. Humihiwalay, lumalabas sa Salita ng Diyos. Kita n'yo?

269 Ganito rin ang ginawa niya sa Nicaea, Roma. Alam n'yo ba kung ano ang ibinigay sa kanila ni Constantino? Sinubaybayan ninyo ang mga kapanahunan sa iglesia. Nagbigay siya. . . Wala silang ano mang tinatangkilik, kundi si Cristo. At sila'y nagtitipon sa mga maliliit na lamang gusali o saan man maaari, sa matitigas na sahig na bato. Alam ninyo iyan, kung pinag-aralan ninyo ang Konseho sa Nicaea at ang mga panahon ng iglesia bago pa ang Konseho ng Nicaea at ang mga ninuno ng Nicaea at iba pa, at ang kasaysayan ng iglesia. Wala silang anuman. Subalit nang idaos nila ang konsehong ito at ikinabit ang ilang mga paganong paniniwala ng Roma sa Cristianismo, at magsipaglagay ng taong banal at mga obispo, at iba pa, at mga papa, at lahat ng mga bagay na walang kabuluhan, ano ang ibinibigay sa kanila ni Constantino? Tinatanong ko ang bawat teologo na sabihin sa akin. Binigyan niya sila ng mga pag-aari. Binigyan sila ng kalayaan at ng lahat na kanilang maibigan.

At ipinagpalit nila ang Salita ng Diyos sa karunungan at kultura ng tao! At iyan din ang ginawa ni Lucifer, noon, doon sa Hardin ng Eden, at sila'y nangamatay noon din. Ang iglesiang Pentecostal ay namatay sa Nicaea, Roma, n„0-unit para lamang mabuhay na mag-uli sa Punong Nobya sa mga huling araw.

270 Pansinin, pumapasok si Lucifer, nang buong katusuhan, tulad ng ginawa niya noon, at sa pamamagitan ng mga pang-aakit at

hidwang mga pangako, ng kapangyarihan sa labas, na hiwalay sa Salita ng Diyos. Ganito rin ang ginawa niya sa Nicaea, Roma. Ganiyan pa rin ang ginagawa niya ngayon sa Pandaigdig na Konseho ng mga iglesiang Ekumenikal.

"Magkaisa tayon lahat," ang sabi ng papa. "Nail kong ang lahat ng mga kapatid song ekumenikal ay makipag-isa sa akin. Tayo ay iisa." Tama iyan, sa pamamaraan kayo nga'y iisa. Ngunit walang kinalaman iyan sa Kabiyak ni Cristo; walang katiting, kapatid. Hindi mo Siya mahuhugasan sa gayong paraan.

271 Ngayon, naipangako, na sa mga huling araw, na ang orihinal na Pananampalataya sa gayon ding bagay, ay maibabalik sa mga anak ng Diyos sa panahon ng Punong Nobya. Malakias 4, ang sabi ng Diyos, "Bago matupok ang sanlibutan ng apoy, ay susuguin ko sa inyo si Elias, ang propeta, at panunumbalikin niya ang Pananampalataya ng mga anak." Ngayon, hindi siya ang unang Elias na dumating. Hindi, hindi.

Ngayon, hindi tayo nagtuturo dito ng balabal ni Elias o ng mga kumot ni Elias, at ang iba pang mga bagay na gayon. Ang tanging itinuturo natin ay ang Salita ng Diyos. Kita n'yo? Iyan ang Kaniyang sinabi. Kita n'yo, napakarami ngayong ganito ni Elias o ganoon ni Elias, na walang kabuluhan. Iya'y — iya'y... Alam natin iyan. Hindi iyan ang sinasabi ko, at kayong may espirituwal na kaisipan ay nakauunawa. Kita n'yo, habang gumagabi, habang tumatakbo ang oras, ay hindi natin maaaring i-teyp ang lahat ng ito, ano pa. Ngayon, ang pangako para sa mga huling araw. Ngayon kung.. .

272 Sinabi ni Jesus, sa— sa Mateo sa wari ko, ika-labing isang kabanata, o ika-6 na kabanata, at sa ika-11. . . Hindi, ito'y sa ika-11 kabanata at sa gawing ika-6 na talata. Nang magsugo si Juan ng kaniyang mga alagad upang matiyak kung Siya na nga yaong Isang darating. "Ano ang nilabas ninyo upang masdan sa isang? Isang — isang isang hangin. . isang tambo na inuuga ng hangin? Ang hinahanap ba ninyo'y ganoon-at-ganoon?" Sinabi niya, "0 ang hinahanap ba ninyo'y isang propeta? Ang sabi Niya, "Higit pa sa isang propeta." Si Juan ay higit pa sa isang propeta; siya ang mensahero ng Tipan. At sinabi Niya, "Kung matatanggap ninyo ito, ito yaong sinalita ng mga propeta, Susuguin Ko ang Aking Mensahero sa Aking harapan.'"

Ngayon, iya'y nasa Malakias 3, hindi Malakias 4. Dahil ang Elias na darating ayon sa Malakias 4, ang sanlibutan ay tutupukin ng

matinding init, at ang mga matuwid ay yayapak sa Milenyum sa mga abo ng mga masasama. Kita n'yo? Kaya nga hindi siya iyon. Kita n'yo?

273 Ngayon ay nakikita natin ang katuparan ng pangako. Si Cristo, ang tunay na Pagkapangulo ay pumapasok, nanahan sa Kaniyang Nobya, gumagawa ng mga gawang ginawa Niya sa pasimula, at naghahanda at gumaganap ng Kaniyang Salita tulad ng ginawa Niya nung una, sa Juan 14:12, "Ang sinomang manampalataya sa akin, ang mga gawang aking ginagawa ay gagawin niya rin." Kung gayo'y, ang Ulo at ang Katawan ay nagiging Isa, sa mga gawa, at sa tanda at sa Buhay, binibindika mismo ng Diyos sa pamamagitan ng Salita Niyang naipangako para sa mga huling araw. Ipinangako Niya ito sa mga huling araw. Ngayon, kung kayo'y espirituwal, masasapo ninyo ito.

274 Kung magkagayon, ay makikita natin na ang Hapunan ng Kasalan ay nalalapit na. Ngayon, kung hindi ko na kayo makikitang muli, tandaan, ang Hapunan ng Kasalan ay nalalapit na. At kung magkagayon, ang Kaharian, ayon sa pangako ay handa nang papasukin, ang dakilang Milenyum, ang pag-angat ng Iglesia, at ang pagwasak sa masama. At ang sanlibutan, sa ilalim ng Ika-anim na Tatak, ay lilinisin sa pamamagitan ng pagsabog ng mga bulkan, upang alisin ang lahat ng kabulukan at kasalanan sa sanlibutan at upang muli itong hubugin, at upang magpalitaw ng isang bago at maluwalhating Milenyum para sa panahong darating.

Kapag nakita na natin ang lahat ng mga ito, ang dakilang tatlongluping kapahayagan: ang Diyos ay na kay Cristo; si Cristo ay nasa Iglesia; ang Kahariang darating. Si Adan at Eva ay natubos pabalik sa Hardin ng Eden, at ang pagpapakilala ni Cristo at ng Kaniyang Kabiyak, kung magkagayo'y maisasauli ang Kaharian ayon sa Kaniyang pangako. Papuri sa Diyos! Ngayon, ito'y sa pamamagitan ng kapahayagan ng tatlong-luping hiwaga, ang lihim, at sa pamamagitan ng Salitang nagpatunay sa Kaniyang Sarili, sa pamamagitan ng Kaniyang orihinal na Pagkapangulo.

275 Hindi sa pamamagitan ng pagsasabi ng, "0, luwalhati sa Diyos, kami'y sumisigaw; aleluia, kami'y umaawit." Iyan, hindi iyan gano'n. Ako'y misyonero, pitong beses na akong naglibot sa buong mundo. Kita n'yo? Nakakita na ako ng mga hiteno, mga demonyo, at iba pa, na nagsasayawan at nagsisigawan. Nakita ko na ang lahat ng uri ng makalamang pagpapamalas. Iya'y karnal.

276 Subalit ang sinasalita ko'y ang tungkol sa Pagkapangulo ni Cristo. Pansinin, dahil personal na kinilala ng orihinal na Pagkapangulo, may maisasagot tayo sa mga tanong ng diablo. Amen! Luwalhati! Nasa atin ang kasagutan sa tanong ng diablo. Siya, si Cristo, ay nagbangon at nagbayad na Siya at ibinabangon

Niya ngayon Ulo...o ang Katawan.

Hindi makakatagal ang diablo rito. Iyan ang dahilan kung bakit ang mga kahariang ekumenikong ito ay naitatag. 'Yan ang dahilan kung bakit humantong na sila sa kung ano ang ginagawa nila ngayon. Ang diablo, iyan ang dahilan kung bakit siya'y umuungol ngayon. Ang kaniyang kabuktutan ay. . . ang kaniyang pandaraya ay nailantad na ng nagbangon, at nabuhay na muling Cristo sa Pagkapangulo ng Kaniyang Katawan. Luwalhati!

277 Iniisip ba ninyong ako'y wala na sa aking sarili? Hindi. Nasa atin na ang sagot sa diablo. "Hindi ako ang nabubuhay, kundi si Cristo, ang Salita, na nabubuhay sa akin." Hindi ko ito ideya; ito'y Kaniyang Kapangyarihan. Hindi ko ito ideya; ito'y Kaniyang Salita. Ipinangako Niya ito; at narito na nga. Sinabi Niyang paririto ito, at narito na nga. Nasa atin na ang kaniyang katugunan.

Si Cristo'y nagbangon na at binayaran na ang halaga ng ating katubusan. Yaong ipinamalas ng Diyos kay Cristo, ay nilagyan Niya ng laman, iyon at Dugo; upang sa Dugo ay dumaloy ang Buhay, at ang laman ay matubos, upang — upang ang Diyos na nananahan sa natubos na lamang ito ay maipamalas ng Kaniyang Salita para sa araw na iyon katulad ng ginawa Niya sa araw na iyon. Whew! Luwalhati!

Nakikita ba n'yo ito? [Ang kongregasyon ay na sabi ng, "Amen." -Ed.] Ay, naku! Kailan ako titigil? Pansinin ito.

278 Kung magkagayon, tayo'y nangakatayong karapat-dapat sa Presensiya ng Diyos. Katulad ng isang patak na tinta na pumatak sa isang — isang — isang batyang puno ng pampaputi ng damit, hindinghindi mo na makikita ang mantsa ng tinta. Ito'y lumikas na kung saan. Hindi na ito makababalik pang muli. At kung ang tao ay tunay ngang natubos na, yaong Binhing itinalaga na nakauunawa Nito at tumatanggap Nito, ang mga kasalanan niya ay napawi nang lahat. Naglaho na ito! Nahiwalay na ito! Sila'y naipatak na sa tinta ng — ng Dugo ni Jesus Cristo, at hinding-hindi na maalala pa! Kinalimutan na ito ng Diyos. At siya ay makatatayo bilang anak na lalaki at babae ng Diyos, sa Presensiya ng

Diyos. Amen at amen! "Ngayon ay mga anak na tayo ng Diyos." Hindi tayo'y magiging; mga anak na tayo! Ngayon, tayo'y natubos na.

279 Nasa atin na ang sagot kay Satanas. Binindika na ng Diyos ang Kaniyang Sarili. Pinatunayan na ng Diyos ang Kaniyang Sarili, sa Kaniyang pangako sa araw na ito. Aleluia! Ang Pagkapangulo ay narito. Amen! Si Cristo, ang nagbangong Panginoon, ay naririto taglay ang dating Kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na maguli, ipinapamamalas ang Kaniyang Sarili. Hayun ang sagot sa diablo.

280 Iyan ang dahilan, kung bakit ang lalaking ito na nakaupo rito, na tumimbuwang at namatay nu'ng isang araw, ay nagawa nating sabihin, "Magbalik ka, buhay!" 'Pagkat, sinalita ng Espiritu Santo.

Iyan ang dahilan kung bakit kaya ring gawin nito ang gayon sa munting batang iyon sa Mexico, na may labing limang oras nang patay, nang dumating ang pangitain at sinabi Niya, "Tawagin mo itong pabalik sa," kamatayan, "buhay." Kaya't sinabi ko, "Mabubuhay muli ang munting sanggol." At ang sanggol na tiniyak ng mga doktor na patay na nung ikasiyam ng umagang iyon, sa ganap na ika-labing isa ng gabing iyon ay muling nabuhay; at hanggang ngayon ay nabubuhay.

281 Ano ito? Hindi ang mga taong iyon. Ang Pagkapangulo at ang Katawan ay nagmistulang iisang yunit. Ito'y ang Diyos na naipamamalas sa Kaniyang bayan. Iyan ang dahilan kung bakit ang asawang lalaki at asawang babae ay hindi na dalawa; sila'y iisa na. Ang Diyos at ang Kaniyang Iglesia ay iisa, "Si Cristo ay nasa inyo," ang dakilang kapahayagan ng Diyos. Luwalhati sa Diyos! Maging ang pagdadala ng Kaniyang pangalan; ang Pangalan Niya ay Jesus, ang Piaahiran. Ang dahilan kung bakit Siya tinawag na Jesus, ay dahil Siya yaong Pinahiran. Ito yaong pinahirang Katawan ni Cristo, na nagpapatunay, nagpapamalas ng Diyos tulad ng ginawa ng Katawang iyon. At tinubos ng Katawang iyon ang lahat ng ito, ang mga katawang ito, at sa pamamagitan nito, ay ginaganap ng Diyos ang Kaniyang tatlong-luping pagpapamalas, patungo sa Kaharian. Nagbangon Siya, binayaran ang halaga! Tayo'y natubos na. Pinatunayan ito ng Diyos, binindika ito. Kita n'yo?

282 At tayo'y makatatayong karapat-dapat kay Cristo, sa harapan Niya. Sapagkat, hindi na Siya maaaring humatol pa, sapagkat hinatulan na Niya ang Katawang iyon, kung saan ako'y kabahagi. Ano, paano akong naging Kabahagi Nito? Narito Ito; Ito'y nasa akin. "Kung ang Aking. . . kayo'y mananatili sa Akin, at ang Aking Salita ay mananatili

sa inyo, ano mang sabihin ninyo.. . Kung hihingi kayo sa Ama ng ano man sa Pangalan ko, ito'y magaganap, dahil ito'y naroon." Inaring-ganap! Luwalhati sa Diyos!

283 O, kung magagawa ko lang na maipakita ito sa sanlibutan! Bakit? Hayan ka na. Hayan ang Katawan ni Cristo na buhay, nakatindig at natubos. Natubos na! Ay, naku!

Inaring ganap sa Kaniyang paningin! Bakit tayo naging marapat? Tayo ang Kaniyang tagumpay. Ang

Iglesia ang Kaniyang tagumpay. Tayo'y naparito sa mga huling araw taglay ang maluwalhating Ebanghelyong ito, at ipinapakita ang Kaniyang tagumpay. Siya'y namatay para sa layuning ito, at tayo ang katibayan ng Kaniyang tagumpay. Amen! Kapag nakita natin Siyang bumababa at namumuhay sa kalagitnaan ng Iglesia, iyon ang Kaniyang tagumpay. Nagpapakita na hindi niya Siya maaaring panatiliin sa libingan, at tayo man ay hindi nila mapananatili roon. Tama. Siya'y. . .? . . . At tayo ngayon, ay masasabing naibangon na, dahil tayo'y nagbangon mula sa kamatayan, sa hindi paniniwala sa Kaniyang Salita, mula sa mga kredong makadenominasyon, tungo sa Walang Hanggang Salita ng Walang Hanggang Diyos; na Siya nga, Mismo, gumagawa sa pamamagitan natin, ipinamamalas ang Kaniyang Sarili na Siya'y katulad kahapon, ngayon, at magpakailan man.

284 At pagkatapos ang Salita ay kikilos pababa sa Katawan, mula sa Ulo. Ano ito? Itong Salita ring Ito. Walang maaaring idagdag o ibawas Dito. Upang ang Salita ring iyon ay lumipat mula sa Ulo, habang papalapit ang Araw, pababa sa Katawan, pababa sa Katawan, binibindikang sila ay isa. Sila'y Mag-asawa. Sila'y laman ng Kaniyang laman, Salita ng Kaniyang Salita; Buhay ng Kaniyang Buhay, Espiritu ng Kaniyang Espiritu. Kita n'yo? Amen! Paano mo itong nalaman? Ito'y nagbubunga ng katulad na patotoo, katulad na bunga, katulad na Salita. Kita n'yo, ipinamamalas si Cristo; ang siya ring Buhay, siya ring Diyos, siya ring Espiritu, siya ring Salita, siya ring Aklat! Amen! Siya ring mga tanda, "Ang mga gawang Aking ginawa ay gagawin n'yo rin." 0, Aleluia! Naku!

285 Pansinin, ang bindikadong Salita sa Kaniyang Katawan ay ang Kaniyang pinaka tagumpay at ang dahilan ng Kaniyang kamatayan. Kita n'yo, ang kamatayan, hindi sa Espiritu; nang Siya'y mamatay, siya'y namatay sa laman lamang. Ang Kaniyang Espiritu ay nagtungo sa hades at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilangguan. Tama ba 'yon? Ang laman Niya, lamang, ang namatay, pagkatapos ay ibinangon Niya itong muli at binuhay ito. Ang ibig sabihin ng binuhay ay "ginawang buhay," ang Kaniyang laman, na Kaniyang Katawan. At iyo'y ang Salita. Ito'y nakahimlay na't patay na sa loob ng maraming taon, datapuwat unti-unti Itong nabuhay sa repormasyon, at ngayon ang Nobya'y nakatayo na sa Kaniyang mga paa!

286 0, sana'y may panahon pa ako para bumalik sa Ezequiel, at ilabas ang mga "tuyong butong" iyon at ipakita sa inyo. Ang sabi niya, "Mabuhay kayang muli ang mga butong ito?" Ang sabi niya, "Manghula ka!"

Paanong darating ang isang hula? Tanging sa pamamagitan lamang ng propeta. Ito'y Salita ng Panginoon. "0 kayong mga tuyong buto, inyong pakinggan, ang Salita ng Panginoon!" At ang mga litid, at mga balat ay lumitaw sa mga iyon, at sila'y nagsitindig, isang totoong malaking hukbo, at nagsimulang lumakad patungo sa Sion. Luwalhati sa Diyos! Iyon Siya. Lyon Siya, ang tagumpay. Ang tinubos ng Panginoon do'n sa Sion hahantong Sa kabundukang banal wala nang maaaring manakit. Oo.

287 Pinatunayan Niya ang Kaniyang muling nagbangong Buhay habang binibindika Niya ang Kaniyang Sarili. Siya, ang Nobya, ay hindi umaasa kanino man. Siya'y isang babaeng independente, isang dakila't batikang ibong kaiba sa lahat. Naaalala n'yo ang tungkol dito sa Biblia, "Ang dakila't batikang ibong iyon." Ngunit, taglay Niya ang Kaniyang pangalan. Taglay niya ang Kaniyang Buhay. Dahil sa..

Paanong nagkabatik ang Ibon? Kapwa sila puti sa pasimula, at kanilang pinugot ang ulo ng isang ibon at pinatulo ang dugo nito sa katawan ng isa. At nabatikan ng pulang dugo ang isang ibong iyon, at ikinampay niya ang kaniyang mga bagwis nang paganito, at humiyaw ng dugo, "banal, banal, banal," habang dinidilig nito ang lupa.

Kaya't si Cristo, ang pinaslang na Kasama, ay ibinuhos ang Kaniyang Dugo, ang Dugo Niyang mula sa Kaniyang Buhay, sa atin; iwiniwi-. . upang dalhin natin ang kaniyang Dugo, at magsabing "Banal, banal, banal sa Panginoon!" Ito'y isang ibong kakatuwa ang itsura. Siya nga po. Subalit Siya, ang Nobya, ay — ay napagkikilalang kasama Niya, at siya'y hindi umaasa sa lahat ng iba. "Manatili ka sa piling Niya habang kayo'y nabubuhay. Manatili lamang sa Kaniya, ang Salita," wala, walang pakikiapid, walang isa mang tanda ng denominasyon, wala ni isang bakas ng kredo, walang bahid ng pakikiapid kahit kaunti. Ang Salita, at Siya lamang!

"Kay Cristong siyang batong buhay, ako'y tutuntong at hindi matitinag," ang sabi ni Eddie Perronet.

288 Iyon na nga iyon, si Cristo, ang Salita! Noo'y Siya ang Salita; Siya pa rin ang Salita. At ang Iglesia ay nagiging Salita, sa pamamagitan Niya ay ginagawa itong bahagi Niya, at iyon ay Salitang muli. Personal Niyang ipinakikilala bilang pag-aari Niyang tangi. Kaniya lamang! Siya'y tinubos Niya sa pamamagitan Niya, dahil sa Kaniya, para sa Kaniya, at tanging para sa Kaniya lamang. Tama. Kung gayon, ito ang inuungal ng diyablo, 'pagkat ito'y naipapahayag na.

289 Tayo'y nasa isang mapanganib na panahon. Tandaan, sinabi ng Kasulatan na kapag ang mga baggy na ito'y magsimula nang maganap, ay "di na magtatagal ang panahon." Unti-unti na siyang kukupas, kapag nakita na natin ang mga pagpapamalas.

"Mga lindol." Nakita n'yo ba kung ilang libo ang namatay nu'ng isang araw? "Mga lindol sa iba't -ibang

dako." 606 Ang sabi, "Mga nakatatakot na pangitain sa langit, mga haliging apoy," na lumulutang tulad ng mga pinggang lumilipad. Hindi nila alam kung ano ito. Kita n'yo? Wala silang anumang ideya.

290 Napansin ba ninyo ang mga Anghel na bumaba, upang magsiyasat sa Sodoma bago mawasak ang Sodoma? Naaalala ba ninyo iyon? [Ang kongregasyon, "Amen."- Ed.] Isang pangkat silang bumaba, tatlo sila. Ang isa'y nanatili kay Abraham. Naaalala n'yo ba iyon? ["Amen."] Sila'y mga Ilaw na nagmula sa Langit, na bumaba upang magsiyasat para sa paghahatol. Ang isa'y.. .

Tingnan ninyo kung saan-saan napagkikita ang mga ito. Sa paligid ng Pentagon, at ng iba pa, doon sila nakita. Iyan ang kahatulan ng Sanlibutan, ang Sodoma. At mayroong Isang kakatawan, na mangangatawan sa mga iglesia, si Cristo Mismo, na binibindika ang Kaniyang Sarili. Kita n'yo? "Mga pangitain sa. . . sa itaas ng kalangitan, at mga tanda sa lupa sa ibaba." Tiyak na tiyak.

291 Napagkilala! 0, ang diablo'y umuungol sa galit dahil dito: ang naipamalas na Katotohanan ng pangako ng Salita para lamang sa Kaniya.

Hindi nila hawak ang Kasagutan. Nang dumating si Cristo, bakit hindi siya napagkilala ng mga Fariseong iyon? Ang sabi Niya, "Kung ako'y nagpapalayas ng mga diablo sa pamamagitan ng daliri ng Diyos, sa kaninong kapangyarihan ninyo sila pinalalayas?" Kita n'yo? Siya'y nanindigang mag-isa.

At ang Kaniyang Iglesia ay naninindigan ding mag-isa. Siya'y hindi napapatali sa ano man. Subalit Siya ay ipinakilala ng Diyos, dahil Siya'y Katawang pinanahanan ng Diyos; at ang Iglesia ay napagkikilala sa pamamagitan ng Kaniyang Katawan, gumagawa ng katula,d na mga gawa. Siya ang Kaniyang Katawan, ang naipamalas na Katotohanan ng Salita Niyang naipangako para sa mga huling araw. At Siya, at tanging Siya lamang, ang maninindigan dito. 'Yan ang dahilan kung bakit ang diablo ay nag-uumungol, sa mga naglalakihang organisasyong ito, upang makapagtatag ng isang bagay na magpipinid sa Kaniya. Hinding-hindi nila ito magagawa. Siya'y kukuning pataas, hindi maipipinid. Siya ngayon ay nagbangon na, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng bindikadong Salita na ipinangako sa Kaniya. Amen!

292 Pinanghahawakan ng Nobya ang pangakong iyon! "Sinabi Niyang babalikan Niya ako. Ito y sasampalatayanan ko." A-ha. Kita n'yo? Opo. Upang katagpuin ang Kaniyang Pagkapangulo, ang Kaniyang Manunubos, ang Kaniyang Asawa, ang Kaniyang Hari, ang Kaniyang Panginoon, ang Kaniyang Mangingibig, ang Kaniyang Tagapagligtas sa inihandang dakong tagpuan!

Mayroon Siyang isang dakong inihanda upang katagpuin Sila. Alam n'yo, Siya. . .Oo, walang nalilimutan ang Nobyo. Hawak na Niya ang singsing, ang pagkakakilanlan. Taglay na Niya ang trahe na Kaniyang isusuot, ang Kaniyang damit. Kita n'yo? At mayroon na ring isang dako upang doon Siya'y katagpuin, at iyon ay sa himpapawid. Lahat ay naihanda na. Ipinahanda na rin Niya ang Hapunan ng Kasalan; naanyayahan na ang mga panauhin, napili na. Lahat ng mga anghel ay nangakatayo na sa paligid, ang Kaniyang mga tagapaglingkod, handang maglingkod. O-o-o-o-o! 0, mayro'ng magaganap na tagpuan sa langit, Sa isang kisap mata; Tayo ay magkikita at magsasama-sama Sa Tahanang kay saga; Awita'y maririnig, at may iisang tinig, Anong luwalhating pagbubunyi! At ang Anak ng Diyos, ang Siyang mamumuno, ang buong kapuspusan ngDiyos, Sa tagpuan sa langit. Ay naku!

Masdan ang Kaniyang mga bindikasyon ngayon, Narinig n'yo ang — narinig n'yo ang kasaysayan ni Moises, At ng walang takot na batang si David; Ang tungkol kay Joseng mapangarapin, At kay Daniel na 'di sinaling ng leon. 0 kay rami pang nabindika sa Biblia Nais ko silang lahat na makita! Di magluluwat sila'y makakasama Sa tagpuan sa langit Dahil may magaganap na tagpuan sa langit, Sa isang kisap mata. Tayo ay magkikita at magsasama-sama Sa Tahanang kay saya. Awita'y maririnig, at may iisang tinig, Anong luwalhating pagbubunyi! At ang Anak ng Diyos ang Siyang mamumuno Sa tagpuan sa langit.

293 Hindi n'yo ba ibig iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen."— Ed.] Ngayon ang tatlong-luping layunin ng Kaniyang dakilang hiwaga ng kapahayagan ay naipahayag na. Siya yaong Pinaka. Iyon na nga Iyon. Ay, naku! Awitin natin ito. Hindi na ako makapangaral pa. Napakaganda ng pakiramdam ko, kita n'yo. 0, mayro'ng magaganap na tagpuan sa langit, Sa isang kisap mata; Tayo ay magkikita at magsasama-sama Sa Tahanang kay saya; Awita'y maririnig, at may iisang tinig, Anong luwalhating pagbubunyi! At ang Anak ng Diyos, ang Siyang mamumuno, Sa tagpuan sa langit.

Sasama ba kayo? [Ang kongregasayon ay nagsabi ng, "Amen." —Ed.] Amen! Sa biyaya ng Diyos, sa biyaya ng Diyos! Kita n'yo? Ay, naku! Narinig n'yo ang kasaysayan ni Moises, At ng walang takot na batang si David; (lahat sila'y mga tipo) Ang tungkol kay Joseng mapangarapin, At kay Daniel na 'di sinaling ng leon. 0 kay rami pang nabindika sa Biblia (na Siya nga), Nais ko silang lahat na makita! Di magluluwat sila'y makakasama Sa tagpuan sa.. .

Ngunit mayroong Isang Pinaka! 0, mayro'ng magaganap na tagpuan sa langit. Sa isang na kisap mata; Tayo ay magkikita at magsasama-sama Sa Tahanang kay saya; Awita'y maririnig, at may iisang tinig, Anong luwalhating pagbubunyi! At ang Anak ng Diyos, ang Siyang mamumuno Sa tagpuan sa langit.

294 Ngayon, kakatagpuin natin ang isa't-isa Doon. Tayong lahat, ang mga Metodista, at mga Baptist, at

ano man kayo, na naisilang na muli ng Espiritu ng Diyos, ay magkamayan habang inaawit natin ito. 0, mayro'ng magaganap na tagpuan sa langit. Sa isang na kisap mata; Tayo ay magkikita at magsasama-sama Sa Tahanang kay saya; Awita'y maririnig, at may iisang tinig, Anong luwalhating pagbubunyi! At ang Anak ng Diyos, ang Siyang mamumuno Sa tagpuan sa langit.

0-0-0! 0, iya'y kamangha-mangha, kita n'yo, kita n'yo kung ano ang kalalabasan Niya. Ngayon tumingin. 620 Kinakailangan na nating magtapos, mga kaibigan. Mag-aalas dos na, kita n'yo, at kami'y — narinto kami mamayang hapunan. Marami pa akong mga pahinang hindi pa natatalakay, kita n'yo, kaya't, kinakailangan nang tayo'y magtapos dito. Wala itong katapusan.

295 Ito'y isang kapahayagan. Ito'y Walang Hanggan tulad ng Salita ng Diyos na Walang Hanggan. Masdan, datapuwat ang tatlong-luping layunin ng dakilang hiwaga ng Diyos ay nahayag na! Ang Diyos ay naipamalas kay Cristo; si Cristo ay naipamalas sa Iglesia; upang tubusin ang naligaw na Eva pabalik muli sa dating kalagayan sa Hardin ng Eden. Ay, naku!

O, magkakaroon ng mga dakilang panahon sa Araw na iyon! Siya nga. Ito'y malapit na. Sinasampalatayanan natin ito. Hindi ba kayo sumasampalataya? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen." — Ed.] Naiisip ko ang awit na iyon sa tuwing maaalala ko ito.

296 Binindika Niya ang Kaniyang Sarili sa katauhan ni Daniel, at ni Moises, at ni Jeremias. Ano sila? Mga propetang dinatnan ng Salita, kita n'yo, yaong mga magigiting na lalaking iyon. Kita n'yo, narinig n'yo ang salaysay tungkol kay Joseng mapanaginipin, kita n'yo, at kay Daniel sa kulungan ng leon, at lahat ng iba pa, alam n'yo. Sila, ang mga iyon, ano

sila? Mga propeta. Kita n'yo? Datapuwat ang Pinaka. . . ang Diyos ay pansamantalang tumitipo sa pamamagitan nil a.

Itinipo Niya ang Kaniyang Sarili kay Adan, na nalalaman kung ano ang wasto, datapuwat humayo pa rin upang matubos ang kaniyang kabiyak, dahil siya'y nagkamali. Hindi kailangang maging kasalanan si Cristo, ngunit Siya'y humayo at inako ang kasalanan, upang tubusin ang Kaniyang anak na naligaw. Kita n'yo? Kita n'yo? Itinipo Niya ang Kaniyang Sarili. Ang kasaysayan ni Moises, At ng walang takot na batang si David; Ang tungkol kay Joseng mapanaginipin, ang propeta, At kay Daniel na 'di sinaling ng leon. 0 kay rami-rami pang iba sa Biblia, Nais kong.. .

Sila, sila ang Biblia. "At Ako. . ." Lahat sila'y nai-Damalas sa Kaniya, bagkus. Kita n'yo? Kung wala Siya, napahama_c na silang lahat. Kita n'yo? At kailangan kong maging bahagi Niyaon, upang maging Siya. Amen! Kita n'yo? Nais ko silang lahat na makita. Tama 'yon At ang Anak ng Diyos ang Siyang mamumuno Sa tagpuan sa langit.

297 Ang Hebreo 11, ay nagsabi, "Hindi sila masasakdal kung wala tayo." Ang mga kamay at mga paa ay hindi masasakdal kung walang utak, ang kaalaman, ang ulo, at iba pa. Kita n'yo? At tayong lahat ay nasakdal na sa Kaniya, "Kaya't sa isang Espiritu ay nangabautismuhan tayo sa isang Katawan," malayo sa Kahatulan; lumipat na mula sa kasalanan, tungo sa kamatayan...Amen! Ang Sariling Anak ng Diyos ang mamumuno sa tagpuang iyon sa langit. Mahal n'yo ba Siya? [Ang kongregasyon ay nagasabi ng, "Amen." Ed.] Mahal Siya, Mahal Siya, 'Pagkat .. .

Panginoong Jesus, nawa'y ang pagkapahid ng Espiritu Santo ay mapasa mga panyong ito, Panginoon, at pagalingin ang mga maysakit.

[Patlang sa teyp — Ed.]. . . ngayon din sa amin. Paano nga ba Niyang, paano nga ba Siyang nahayag? Dahil una Niya akong minahal. Ano ang ginawa Niya? Nagbayad ng kaligtasan. Sa...

298 Luwalhati! Yaong dakilang Anghel ng Tipan, yaon Isang Iyon na kasama ni Moises sa ilang, yaong Isang nagpakita _ca.)/ Pablo sa daang patungo sa Damasco, ang Isang iyon ay nagpahintulot na makunan ang Kaniyang larawang kasama natin; yaon ding Isang iyon ang nasa litrato sa Life magazine nu'ng isang araw; ang gayon ding Salita, ng gayon ding Diyos, sa pamamagitan ng mga gayon ding daluyan, gayon ding paraan, gayon ding pangako! "Kung nasaan nangagkatipon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, Ako ay paroroon sa kaniyang kalagitnaan." Kung gayo'y naririto Siya. "Ang Anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa kaniya," na nangungungyapit tanging sa Salita Niya. Walang taong maaaring gumalang sa Salitang iyon nang hindi matatakot sa Diyos. Kita n'yo? Kaya't, naririto Siya sa umagang ito, kapiling natin habang tayo'y sumasamba sa Kaniya sa Espiritu.

299 O, pagkatapos kong mangaral ng isang napakatigas na mensaheng tulad nito, palagay ko'y dapat tayong manatiling sumasamba sa Kaniya sa Espiritu nang kaunti pang panahon. Kita n'yo, ipikit lang ninyo ang inyong mga mata at awitin nating muli iyon para sa Kaniya, "Mahal Siya, Mahal Siya," habang inyong —itinataas ninyo ang inyong mga kamay sa Kaniya. Mahal Siya, Mahal Siya, 'Pagkat minahal Niya 'ko, Nagbayad ng kaligtasan Sa Kalbaryo. , . Ay, naku, gaano natin siya minamahal! Pananalig sa Ama, at sa Kaniyang Anak, At sa Espiritung disi't iisa; Mangangatog ang diablo, makasalana'y gigising Tiwala kay Jehova'y yayanig sa lahat.

300 Amen! Luwalhati sa Diyos! Mahal na mahal natin Siya! Sambahin n'yo lang Siya sa inyong mga peso ngayon, ibigin lang Siya, basta't — isipin n'yo lang kung gaano kaganda ang Kaniyang mga gawa. Tingnan ang ginawa Niya para sa atin. Sa lahat ng mga taong ito ng mga pangitain, wala ni isa mang pumalya. Lahat ng sinabi Niyang magaganap ay naganap, kung paano Niya itong sinalita.

301 Mahal ko kayo. Huwag n'yong kalilimutan ang mga utos ng Diyos sa inyo, mga mumunti kong anak, "Mangag-ibigan kayo sa isa'tisa." Ibigin ang lahat. Tama man o mali, makasalanan man o banal, ibigin pa rin sila. Kung hindi mo ito magawa, dumalangin ka na tulungan ka ng Diyos, 'pagkat mahal ng Diyos ang makasalanan. At ang kalikasan ng Diyos ay nasa inyo. Kung ang isang tao'y nagkamali, ibigin n'yo pa rin siya. Huwag makibahagi sa kaniyang mga kasalanan. Kita n'yo? Huwag makisama sa kaniyang mga kasalanan. Bagkus buong katamisan, hindi sa kaasiman ng pagsaway, buong tamis na isaysay sa kaniya ang pag-asa ng Buhay na nananahan sa iyo, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na naipapahayag sa iyo ng Banal na Espiritu. Ngalan ni Jesus ay kunin, Anak ng dusa't panimdim; Dulot Niya'y saya't pag-asa, Sa'n ka man umabot pa.

0, napakamahal, ang Pangalang 'yon! 0, taglay natin ang Pangalan Niya. Tayo'y tinatawag sa 'Ngalan Niya. Pag-asa ng Lupa't Langit; 0 pangalang dakila! Pag-asa ng lupa't langit.

302 Ngayon, bibigyan ko kayo ng isang munting lihim, hang ang sa makita ko kayong mull. Tandaan ito, habang tayo'y nacatayo. Pakatandaan ito. Yuyukod sa 'Yong Pangalan, Susubsob sa 'Yong paa. Puputungan bilang Hari, puputungan natin Siya, Sa dulo ng paglalakbay. dakilang Pangalan Pag-asa ng.. . 635 Ano? Ang tatlong-luping kapahayagan! Ang pag-asa at galak ng Langit, naihayag sa pamamagitan Niya. Dakilang Pangalan, O anong tamis!

Pag-asa ng lupa't Langit..

303 Ano? Ang tatlong-luping kapahayagan! Ang pag-asa at galak ng Langit, naihayag sa pamamagitan Niya. dakilang Pangalan, Pag-asa ng lupa t. . .

Ano? Ang pag-asa ng lupa at galak ng Langit, lahat ay naipamalas sa katauhan ni Cristo. Ang Diyos, ang Iglesia, ang lahat ng iba pa, ay naipamalas kay Cristo. Ang Biblia ay si Cristo. Ang Biblia ay ang Salitang nasulat. At, Siya ang Salita. Ang pagpapamalas Nito ay ang katibayan ng Buhay na napapasa laman ng Salita, upang ipamalas Ito. 0, hindi ba't kamanghamangha ito? Ngalan ni Jesus ay... Ngayon, makinig maigi ngayon, Pananggalang (huwag kalimutan iyan ngayon)...sa gulo; Kung pagsubok ay dumito. . . Ano ang dapat gawin?

Manalangin kay Jesus. dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa t Langit; 0 dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit.

304 Hindi ko alam. . . Siyempre pa, kung ika'y espirituwal, bibigyang pansin mo ang mga bagay na espirituwal. Hindi ko alam ito; alam ito ng Diyos. Datapuwat kung kayo'y lilingon at titingin sa orasan, empunto, alas dos, ang wakas ng Ikalawang Hatak, ang Ikatlong Hatak ay napipinto na! Kita n'yo? Yuyuko sa 'Yong Pangalan, Susubsob sa 'Yong paa, Puputungan bilang Hari, Sa dulo ng paglalakbay. 0 daki. . . Ang Ikalawang Hatak ay naipamalas na! Pag-asa ng lupa't Langit; dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit.

305 Napansin ba ninyo nang ang Espiritu ay magtaas ng tono ng awit na iyan ng isang oktabo?

Ang susunod na Hatak ay napipinto na! Amen! A-ha.

Ngalan ni Jesus ay kunin,

Higit nang huli kaysa inyong iniisip! . . . dusa't panindim;

Dulot Niya'y saya't pag-asa Sa'n ka man umabot pa.

Odakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa t langit;

O dakilang Pangalan!

Pag-asa ng lupa't.. . Ngayon kung darating ang mga tukso, ano'ng gagawin mo?

Ngalan ni Jesus ay kunin, Pananggalang sa gulo; Kung pagsubok

(bagay na magiging dahilan ng hindi mo pagsampalataya) ay dumito,

Alalahanin, manalangin kay Jesus. dakilang Pangalan!

Pag-asa ng lupa t langit; 0 dakilang Pangalan!

Pagasa ng lupa't langit.

306 Yumuko tayo ngayon, bawat isa, nang buong paggalang. 'Finnan nab') ngayon.

[Humimig si Kapatid na Branham ng isa pang linya ng. Ngalan ni Jesus ay Kunin.

Isang kapatid na lalaki ang nagpasimulang magsalita ng ibang wika. Patlang sa teyp.

Ang isa nama'y nagbigay ng pagpapaliwanag.— Ed.]

Ngayon, kung nauunawaan ninyo, ang Espiritu .ng Panginoon ay bumaba sa pagtitipon, sa kilalang mga wika, smasalita ito sa isang tao na 'di nakaaalam; ipaliwanag ito sa isa pang tao na hindi nakaalam. Ang Salita ng Panginoon! Naaalala ba ninyo nang ang kaaway ay dumating at hindi nila malaman kung ano ang dapat gawin? Ang Espiritu ng Panginoon ay lumukob sa isang lalaki, at ipinahayag kung ano ang dapat gawin. Ay, naku!

Iyuko Lang natin ang. ating mga ulo ngayon, nang buong pagpapakumbaba.

Pagpalain kayo ng Diyos.

Hanggang sa muli!

Hanggang sa muli! Sa piling

Niya'y magkikitang muli

Hanggang sa muli, hanggang sa muli!

Sige na po, Pastor.

Diyos ang magpala hanggang sa muli.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7